


*Pangalawang Batas* ang ibig sabihin ng *Deuteronomio*. Ganito ang itinawag dito dahil sa pagkakalagay nito sa ating Biblia pagkatapos ng kabuuan ng mga batas na nasa mga aklat ng Levitico at Mga Bilang. Subalit unang isinulat ang Deuteronomio kaysa mga ito. Para pag-isahin ang mga utos at mga kaugalian ang unang layunin nito at para ibigay sa Israel ang Batas na katatagpuan nito ng buhay.

At nang inedit ang Deuteronomio, sa ika-7 dantaon bago dumating si Kristo, higit sa limandaang taon na ang lumipas mula nang makipagtagpo si Moises sa Diyos. Nasakop na ang lupain ng Kanaan, naitatag na ang Kaharian nina David at Solomon at pagkatapos ay nahati. Bumagsak na ang mas malaki at mas masaganang probinsya sa hilaga na tinatawag na Kaharian ng Israel. At gayon ding kapalaran ang nagbabanta nang mga taong iyon sa Kaharian ng Juda na probinsya sa timog.

Noon ipinagbigay-alam ang Batas na ito ni Yawe. Inilantad nito sa kanyang bayan ang dahilan ng kanilang mga pagkatalo at iniaalok ang isang pagkakataon para maligtas. Matagal na itong nalimutan sa Templo sa panahon ng pag-uusig ni Manases. Ngunit ang pagkatuklas dito sa taong 622 (2 H 22) ang siyang pinakaugat ng reporma ni Yosias.

### *Si Moises at ang Deuteronomio*

Tinanggap ng bayan ng Israel at ng kanilang mga pastol ang *Deuteronomio* bilang salita ng Diyos at aral ni Moises, pero ang mga pari at ang mga propeta naman ang sumulat nito. Binuod nila sa mga pahinang ito ang kanilang karanasan sa kabuuan ng kanilang kasaysayan.

Tulad sa iba pang mga libro sa Biblia, inilagay sa bibig ni Moises ng mga sumulat ng Deuteronomio ang mga diskursong gusto nila mismong sabihin sa kanilang bayan. Gawa-gawa lamang ang pagsasalaysay nila na bago mamatay ay nakinikinita na ni Moises ang masaklap na kapalarang naghihintay sa kanyang bayan. Sinasabi nilang sa kanya galing ang mga babala at mga batas na pupuwede pang magligtas sa Israel. Sa totoo'y ginagamit ng Deuteronomio ang pangangaral ng mga propeta tungkol sa katarungan at pag-ibig: ito ang kauna-unahang pagsisikap na ginawa sa daigdig para bumuo ng isang lipunang may pagkakaisa't pagka-kapatiran.

**1** [1] Ito ang mga salitang sinabi ni Moises
sa buong Israel sa Disyerto ng Araba sa
kabilang ibayo ng Ilog Jordan, sa tapat ng Suf,
sa pagitan ng Paran, Tofel, Labam, Haserot at
Dishab. [2] Mula sa Bundok Horeb hanggang
Kades-Barnea, labing-isang araw nilang nilakad
ang kabundukan ng Seir. [3] At ngayon, sa unang
araw ng ikalabing-isang buwan sa ikapat-
napung taon ng kanilang pag-alis sa Ehipto,
sinabi ni Moises sa mga anak ng Israel ang
lahat ng iniutos sa kanya ni Yawe tungkol sa
kanila.
[4] Pagkalupig kay Sihong taga-Hesbon na hari
ng mga Amorreo at kay Og na hari ng Basan na
naghahari sa Astarot at Edrei, [5] sinimulang
ipaliwanag ni Moises ang batas na ito. Nasa
lupain sila ng Moab, sa kabilang ibayo ng Jor-
dan.

**Ang unang pagsasalita ni Moises:
ang mga hukom**

• Sinabi ni Moises: [6] "Sa Bundok Horeb,
sinabi sa atin ni Yaweng Diyos natin – Matagal na
kayo sa bundok na ito. [7] Iwan ninyo ang lugar na
ito at magpunta sa kabundukan ng mga Amor-
reo at sa mga karatig-bayan nito sa Araba, sa
Kabundukan, sa Kapatagan, sa Negeb at sa
Dalampasigan, sa lupain ng mga Kananeo at
Lebanon, hanggang sa malaking Ilog Eufrates.
[8] Tingnan ninyo, iniaalok ko sa inyo ang
lupaing ito, puntahan ninyo at angkinin ang
lupaing ipinangako ko sa inyong mga ninuno,
kina Abraham, Isaac at Jacob, at sa lahat nilang
inapo.
[9] Sinabi ko sa inyo nang panahong iyon –
Hindi ko kayo kayang pasaning mag-isa.
[10] Pinarami kayo ni Yaweng Diyos ninyo, at
tingnan ninyo, sindami na kayo ngayon ng mga
bituin sa langit! [11] At libong ulit pa sana kayong
padamihin ni Yaweng Diyos ng inyong mga
ninuno, at pagpalain gaya ng ipinangako niya.
[12] Ngunit paano ko malulutas na mag-isa ang
lahat ninyong problema at usapin? [13] Pumili
kayo ngayon ng mga lalaking matalino, mauna-
wain at kinikilala mula sa bawat tribu ninyo. At
itatalaga ko silang pinuno ng sambayanan.
[14] At sumagot naman kayo – Maganda ang
ipinagagawa mo sa amin. [15] Kayat mula sa mga
pinuno ng inyong mga tribu, pumili ako ng mga
taong marunong at kinikilala, at itinalaga sila
bilang mga pinuno ng tigsasanlibo, tigsasan-
daan, tiglilimampu at tigsasampu, at bilang mga
opisyal din para sa bawat tribu. [16] At ibinigay ko
ang utos na ito sa mga hukom – Asikasuhin
ninyo ang mga reklamo ng inyong mga kapatid,
at hatulan nang may katarungan ang mga
usapin ng mga magkakapatid na Israelita, o ng
isa sa kanila at ng dayuhan sa inyong piling.
[17] Huwag kayong magpapaimpluwensya
kaninuman sa inyong paghuhukom, kundi pa-
reho ninyong pakinggan ang dukha at ang ma-
yaman, ang makapangyarihan at ang mahina.
At huwag kayong matakot kaninuman sapagkat
kayo'y mga kinatawan ng Diyos. At kung may

---

***Ang Pag-ibig ng Diyos at ang Lupang Pangako***

Iniutos ni Moises na sakupin ang lupain ng Kanaan. Sinasabi ng Deuteronomio na dahil regalo ng Diyos ang lupang ito, kailangang sundin ng Israel ang Batas para manatili ito sa kanilang pag-aari.

Tanging paglilingkod lamang kay Yawe ang mga salita ni Moises. Inilalahad naman ngayon ng Deuteronomio ang mga dakilang batas ng pag-ibig ng Diyos.

Ang Diyos ang unang nagmamahal. Hindi basta-basta na lamang ibinibigay ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa lahat, kundi minamahal niya sa natatanging paraan ang mga pinili niyang maglingkod sa kanya (Dt 7:6-8). At nasa mga ekstraordinaryong pagkilos ng Diyos para sa Israel nang ilabas niya ito mula sa Ehipto (Dt 4:32-40) ang magpapatunay sa pagkapili sa Israel.

Kailangang tumugon ang Israel sa Diyos nang may pag-ibig sa puso (na siyang wala sa sampung utos). Tingnan Dt 6:1-9.

Kailangang manatiling nagkakaisa ang mga Israelita, marunong magmahal at magpatawad sa isa't isa (Dt 15). At kailangan silang magkaisa na ang iisang Templo ng Jerusalem ang pinakasentro (Dt 12).

Ang pagmamahal sa Diyos ay pagmamahal sa kanya sa katapatan (Dt 13).

usaping maging napakahirap para sa inyo,
dalhin ninyo ito sa akin at ako ang haharap dito.
18 Nang panahong iyon, sinabi ko sa inyo ang
lahat ng dapat ninyong gawin.

**Pag-alaala sa paghihimagsik sa Kades**

19 Sa wakas, pagkaalis natin sa Horeb, ni-
lakad natin ang malawak at nakakatakot na
disyertong nakita ninyo patungo sa kabundu-
kan ng mga Amorreo, tulad ng iniutos sa atin ni
Yaweng Diyos natin. At pagdating natin sa
Kades-Barnea, 20 sinabi ko sa inyo –

Dumating kayo ngayon sa kabundukan ng
mga Amorreo na ibinibigay sa atin ni Yaweng
Diyos natin. 21 Tingnan mo, Israel, ang lupaing
ibinibigay sa iyo ni Yawe. Umahon ka at ang-
kinin ito, gaya ng sinabi sa iyo ni Yaweng Diyos
ng iyong mga ninuno. Huwag kang matakot ni
panghinaan ng loob.

22 At lumapit kayong lahat sa akin, at inyong
sinabi – Magpadala tayo ng ilang lalaki na uuna
sa atin para saliksikin ang lupain, at sabihin sa
atin ang daan papunta sa mga siyudad na pu-
puntahan natin.

23 Maganda ang mungkahing iyon, kaya
pumili ako ng labindalawang lalaki mula sa inyo,
isa para sa bawat tribu. 24 Umalis sila at umahon
sa kabundukan hanggang makarating sila sa
Lambak ng mga Ubasan, at sinaliksik ito.
25 Pagdating nila roon, kumuha sila ng mga
bunga ng lupa, dinala nila ang mga ito pabalik at
isinalaysay sa atin ang kanilang nakita. Sinabi
nila – Maganda ang lupaing ibinibigay sa atin ni
Yaweng Diyos natin.

26 Ngunit ayaw ninyong umahon, kundi nag-
rebelde laban sa utos ni Yaweng Diyos ninyo.
27 At nagsimula kayong bumulung-bulong sa
inyong mga tolda – Ayaw na sa atin ni Yawe.
Inilabas niya tayo sa Ehipto para lamang ibigay
sa kamay ng mga Amorreo na lilipol sa ating
lahat. 28 Saan tayo pupunta? Tinakot tayo ng
ating mga kapatid sa kanilang ibinalita sa atin
na: Mas malalakas at mas malalaki kaysa atin
ang mga tao roon. Malalawak ang siyudad at
abot hanggang langit ang mga pader. At
nakakita pa kami roon ng mga higante.

29 At sinabi ko sa inyo – Huwag kayong
masindak ni matakot sa kanila. 30 Si Yaweng
Diyos ninyo na nangunguna sa inyo ang siya
ring lalaban para sa inyo tulad ng ginawa niya
para sa inyo sa Ehipto. 31 Nakita rin ninyo ang
kanyang ginawa sa disyerto, pinasan niya kayo
habang daan tulad ng pagpasan ng ama sa
kanyang anak hanggang makarating tayo sa
lugar na ito.

32 Ngunit hindi pa rin ninyo pinaniwalaan si
Yaweng Diyos ninyo. 33 Siya ang nanguna sa
inyo sa inyong paglalakbay sa paghanap ng
lugar na mapagkakampuhan. Itinuro niya sa
inyo ang daan sa pamamagitan ng apoy kung
gabi at ng ulap kung araw.

34 At nang marinig ni Yawe ang ingay ng
inyong mga reklamo, nagalit siya at kanyang
isinumpa – 35 Wala isa man sa masamang lahing
ito ang makakakita sa magandang lupaing
ipinangako kong ibibigay sa inyong mga ninuno
36 maliban kay Kaleb na anak ni Yefone.
Makikita niya ito, at ibibigay ko sa kanya at sa
kanyang mga anak ang lupang kanyang
nilakad, sapagkat matapat siyang sumunod kay
Yawe.

37 Nagalit din sa akin si Yawe gawa ninyo,
kaya sinabi niya sa akin – At pati ikaw, hindi ka
rin makapapasok doon, 38 kundi ang iyong
ayudanteng si Josue na anak ni Nun ang siyang
makapapasok. Palakasin mo ang kanyang loob
sapagkat siya ang magbibigay sa Israel ng
pamana nito. 39 Ang inyong mga anak na wala
pang muwang ngayon sa mabuti at sa masama
ang makapapasok doon. Sa kanila ko ibibigay
ang lupain at magiging kanila ito. 40 Ngunit para
sa inyo, bumalik kayo sa disyerto papunta sa
Dagat ng Mga Tambo.

41 At sumagot kayo sa akin – Nagkasala kami

---

• **1.6** May kanyang mga batas ang bawat bansa. Bunga ito ng mahabang karanasan ng bayan at ng pagninilay ng mga pinuno nito. Sa ganito ring paraan nabuo ang mga batas ng Israel. Ngunit kaiba sa ano pa mang bansa ang karanasan ng Israel.

Kaya isang mahabang diskurso ang inilalagay sa bibig ni Moises ng mga sumulat ng Deuteronomio bilang introduksyon sa mga batas ng Israel. Dito ipinaaalaala sa Israel ang panimulang karanasang iyon. Hindi inuulit ng mga unang kabanatang ito ang tungkol sa mismong pag-alis sa Ehipto kundi ang tungkol sa mga pangyayari sa disyerto lalo na ang nangyari sa Kades na oasis sa timog ng Palestina kung saan "apatnapung taong" tumigil ang mga Israelita.

Inaalaala ng unang kabanata ang pagkakaroon ng mga hukom. Dahil si Moises ang unang mambabatas ng kanyang bayan, lagi nang ang kanyang awtoridad ang siyang tutukuyin ng mga dumating na kasunod niya. Ginugunita rin nito ang paghihimagsik sa Kades: mula pa sa simula ng kanilang kasaysaya'y napatunayan na ng Israel kung gaano kabigat ang kabayaran ng pagsalungat sa magaling na tagubilin ng kanyang Diyos.

Isinasalaysay naman ng ikalawa't ikatlong kabanata ang pagdating sa Lupang Pangako. Si Yawe ang siyang naghatid sa kanila sa kanilang lupa at kailangan nila siyang pakinggan kung gusto nilang patuloy na mabuhay nang malaya sa kanilang lupain.

kay Yawe. Aahon na kami ngayon at lalaban gaya ng iniutos sa atin ni Yaweng Diyos natin. Kaya kinuha ng bawat isa ang kanyang mga sandata, sa pag-aakalang madali ang umahon sa kabundukan. 42 Subalit sinabi sa akin ni Yawe – Sabihin mo sa kanilang huwag umalis para lumaban sapagkat wala ako sa kanila, kung hindi'y matatalo sila ng kanilang mga kaaway.

43 Sinabi ko ito sa inyo ngunit hindi kayo nakinig. Sinuway ninyo ang utos ni Yawe at umahon pa rin sa kabundukan sa inyong kayabangan. 44 At hinarap kayo't pinagtataga ng mga Amorreong nakatira sa kabundukang iyon, para silang mga putakteng humabol sa inyo mula Seir hanggang Horma. 45 At lumuluha kayong nagbalik sa harap ni Yawe, ngunit hindi niya kayo dininig o pinakinggan man ang inyong tinig. 46 Kaya matagal na panahon kayong tumigil sa Kades, at alam ninyo kung gaano iyon.

**Ang daan sa disyerto**

**2** 1 At bumalik tayo at naglakad patungo sa disyerto sa daang papunta sa Dagat ng Mga Tambo, gaya ng iniutos sa akin ni Yawe. At matagal nating nilibot ang kabundukan ng Seir.

2 At sinabi sa akin ni Yawe – 3 Matagal na kayong naglilibot sa kabundukang ito, lumiko kayo ngayon sa hilaga. 4 Iutos mo ito sa sambayanan: Dadaan kayo sa lupain ng inyong mga kamag-anak, ang mga taga-Seir na mga anak ni Esau. Katatakutan nila kayo, ngunit pakaingatan ninyong 5 huwag silang lusubin sapagkat hindi ko ibibigay sa inyo ang kanilang lupain ni kapirasong lupa na inyong tinutuntungan. Kay Esau ko ibinigay ang kabundukan ng Seir bilang kanyang pag-aari. 6 Babayaran ninyo sila ng pilak para sa inyong pagkain at inumin, 7 sapagkat pinagpala ka ni Yawe sa lahat mong gawa, at kasama mo siya sa iyong paglalakbay sa malawak na disyertong ito. Apatnapung taon mo nang kasama si Yawe, at kailanma'y di ka nagkulang ng anuman.

8 Kaya dumaan tayo sa lupain ng ating mga kamag-anak na mga taga-Seir na mga anak ni Esau. Iniwan natin ang daan ng Araba papuntang Elat at Asion-Gaber, at lumiko tayo sa daang papunta sa disyerto ng Moab.

9 At sinabi sa akin ni Yawe – Huwag mong lusubin ang Moab o ibuyong lumaban, sapagkat hindi ko ibibigay sa iyo ang alinman sa lupain nito. Ibinigay ko na ang Ar sa mga anak ni Lot bilang kanilang pag-aari.

10 (Noong una'y mga Emim ang nakatira roon – isang bayang malaki, marami at sintangkad ng mga Anakim. 11 Itinuturing din silang mga higante tulad ng mga Anakim, pero tinawag silang Emim ng mga Moabita. 12 Dati ring nakatira sa Seir ang mga Horeo, ngunit pinalayas sila at pinatay ng mga anak ni Esau. At sila ang tumira sa kanilang lugar tulad ng ginawa ng Israel sa lupaing kanilang pag-aari na bigay sa kanila ni Yawe.)

13 At ngayon, tumawid kayo sa ilog ng Zared.

Nagpunta nga tayo sa ilog ng Zared. 14 Tatlumpu't walong taon na tayong naglalakad mula Kades-Barnea hanggang sa pagtawid natin sa ilog, hanggang pumanaw na ang buong henerasyon ng mga mandirigma, tulad ng sinabi ni Yawe. 15 Laban sa kanila maging ang kamay ni Yawe, hinayaan silang mamatay sa kampo hanggang sila ay maubos.

16 Sa wakas, pagkamatay ng lahat ng mandirigma, 17 nakipag-usap sa akin si Yawe at kanyang sinabi – 18 Papasok ka ngayon sa mga hangganan ng Moab na katapat ng siyudad ng Ar, 19 at makakaharap mo ang mga Amonita. Huwag mo silang lusubin ni hamunin sapagkat hindi ko ibibigay sa iyo ang anumang lupain ng mga Amonita. Ibinigay ko na iyon sa mga anak ni Lot bilang pag-aari.

20 (Itinuturing din iyong lupain ng mga higante na dating nakatira roon. Zommim ang tawag sa kanila ng mga Amonita. 21 Sila'y isang bayang malakas at marami, matatangkad at malalaking tulad ng mga Anakim. Subalit nilipol sila ni Yawe sa pamamagitan ng kamay ng mga Amonita na nagtaboy sa kanila at umangkin sa kanilang lupain, 22 tulad ng kanyang ginawa sa mga anak ni Esau na nasa Seir; nilipol nila ang mga Horeo at inangkin ang kanilang lupain hanggang ngayon. 23 Gayon din ang ginawa niya sa mga Heveo na nakatira sa mga kampo hanggang Gaza; pinalayas sila ng mga Caftoreong pumataya sa kanila at sumakop sa kanilang lugar.)

24 Tumawid kayo sa Ilog Arnon. Tingnan ninyo, ibinibigay ko sa inyong mga kamay si Sihon, ang Amorreong hari ng Hesbon, sampu ng buo niyang lupain. Simulan mo ngayon din na angkinin ang kanyang lupain at makipaglaban sa kanya. 25 At sisimulan ko namang papaghariin sa lahat ng bayan sa silong ng langit ang takot at sindak sa iyo. Marinig lamang nila ang pangalan mo'y manginginig silang parang babaeng nanganganak at masisiraan ng loob sa harap mo.

**Ang tagumpay laban kina Sihon at Og at pagsakop sa kanilang lupain**

26 Mula sa disyerto ng Kedemot, nagpadala ako ng mga sugo kay Sihong hari ng Hesbon,

taglay ang pahatid na ito ng kapayapaan –
27 Padaanin mo ako sa iyong lupain, at sa daan
lamang ako mananatili, hindi ako liliko sa kanan
o sa kaliwa man. 28 Pagbilhan mo kami ng
pagkain na babayaran namin ng salapi upang
makakain kami, at ng tubig upang makainom
kami. Padaanin mo lamang kami 29 tulad ng
ginawa sa amin ng mga anak ni Esau na nasa
Seir at ng mga Moabitang nasa Ar, hanggang
makarating kami sa Jordan at makapasok sa
lupaing ibinibigay sa amin ni Yaweng Diyos
namin.

30 Subalit hindi tayo pinadaan ni Sihong hari
ng Hesbon, sapagkat pinagmatigas siya ni
Yaweng Diyos ninyo upang ibigay siya sa ating
mga kamay, tulad ng ginawa niya ngayon.

31 At sinabi sa akin ni Yawe: 'Tingnan mo,
mula ngayo'y ibinibigay ko na sa iyo si Sihon at
ang kanyang lupain'. Simulan mo nang sakupin
ang kanyang lupain. 32 Kaya lumabas si Sihon
kasama ang lahat niyang tauhan para harapin
tayo at labanan sa Hasa. 33 At ibinigay siya sa
atin ni Yaweng Diyos natin, at nalupig natin siya
pati ang kanyang mga anak at lahat niyang
tauhan. 34 Nang panahong iyon, nabihag natin
ang lahat nilang siyudad at pinuksa ang mga ito
para sa Diyos, pinatay ang lahat ng tagaroon,
mga lalaki, mga babae at mga bata. Wala
tayong itinirang buhay isa man, 35 liban sa mga
hayop na kinuha natin, gaya ng mga nasamsam
natin mula sa lunsod na ating sinakop.

36 Mula sa siyudad ng Aroer na nasa tabi ng
Ilog Arnon hanggang Galaad, walang nayon o
siyudad na hindi natin nabihag: ang lahat ay
ibinigay sa atin ni Yaweng Diyos natin 37 liban sa
lupain ng mga Amonita na hindi natin ginalaw,
ang mga pampang ng Ilog Yabok at ang mga
siyudad sa kaburulan – ang lahat ng lugar na
ipinagbawal sa atin ni Yaweng Diyos natin.

**3** 1 Sa pagbabalik natin, dumaan tayo sa
landas papuntang Basan. Lumabas si Og
na hari ng Basan, kasama ang lahat niyang
tauhan para labanan tayo sa Edrei. 2 At sinabi sa
akin ni Yawe – Huwag kang matakot sa kanya
sapagkat ibinibigay ko siya sa iyong mga
kamay pati ang buo niyang bayan at ang kan-
yang lupain. Gawin mo sa kanya ang ginawa mo
kay Sihong Amorreo na haring taga-Hesbon. –
3 At ibinigay nga sa ating mga kamay ni Yaweng
Diyos natin si Og na hari ng Basan at ang buo
niyang bayan. At tinaga natin silang lahat, at
walang iniwang buhay isa man.

4 Sinakop natin noon ang lahat nilang siyu-
dad, wala isa man sa animnapung siyudad ang
hindi natin naagaw sa kanila: ang buong rehiyon
ng Argob na kaharian ni Og sa Basan. 5 Ang
lahat ng ito'y mga siyudad na napapaderan
nang mataas, may mga pinto at trangka, bukod
sa napakaraming nayong walang pader.

6 Pinuksa natin ang mga ito para kay Yawe,
pinatay ang lahat ng tao, tulad ng ginawa natin
kay Sihong hari ng Hesbon: pinuksa natin para
kay Yawe ang lahat ng siyudad, ang mga lalaki,
mga babae at mga bata. 7 Mga hayop lamang at
mga nasamsam sa mga siyudad ang tanging
itinira natin para sa ating sarili. 8 Inagaw natin
nang panahong iyon ang lupain sa dalawang
haring Amorreo, ang lupain sa kabilang ibayo
ng Jordan mula sa Ilog Arnon hanggang Bundok
Hermon 9 (Siryon ang tawag ng mga taga-Sidon
sa Hermon, at Senir naman ang tawag dito ng
mga Amorreo). 10 At nabihag natin ang lahat ng
siyudad sa talampas at ang buong lupain ng
Galaad at Basan hanggang Selka at Edrei, mga
siyudad sa Basan na kaharian ni Og.

11 (Si Og na hari ng Basan ang kahuli-hu-
lihang nalalabi sa lahi ng mga higante. Makikita
sa Rabba na siyudad ng mga Amonita ang
kanyang kamang bakal na apat at kalahating
metro ang haba, at dalawang metro naman ang
lapad.)

12 At napasaatin ang lupaing iyon. Ibinigay ko
sa mga tribu ng Ruben at Gad ang kalahati sa
kabundukan ng Galaad pati ang mga siyudad
nito, mula sa Aroer sa tabi ng Ilog Arnon. 13 At
ibinigay ko naman sa kalahati ng tribu ng Ma-
nases ang nalalabi sa Galaad at ang buong
Basan na kaharian ni Og, kasama ang buong
rehiyon ng Argob. Noo'y tinatawag na lupa ng
mga higante ang buong lupain ng Basan.

14 Kinuha ni Yair na anak ni Manases ang
buong rehiyon ng Argob hanggang sa mga
hangganan ng Gesuri at Maacati. Tinawag niya
sa kanyang pangalan ang mga siyudad na ito na
hanggang ngayo'y tinatawag na mga nayon ng
Yair.

15 Ibinigay ko ang bahagi ng Galaad kay
Makir. 16 At para naman sa mga tribu ng Ruben
at Gad, ibinigay ko ang lupain mula sa Galaad
palusong hanggang Ilog Arnon (nasa kala-
gitnaanan ng ilog ang hangganan) at hanggang
Ilog Yabok na kahanggan ng lupain ng mga anak
ni Amon. 17 Kahanggan nito sa kanluran ang
Araba, at sa silangan nama'y ang Jordan mula
sa Keneret hanggang sa dagat sa disyerto na
tinatawag na Dagat Asin, sa paanan ng Bundok
Pisga.

18-19 Pagkatapos, iniutos ko noon sa inyo –
Ibinigay sa inyo ni Yaweng ating Diyos ang

lupaing ito para angkinin. Ngunit ang inyong mga asawa, mga anak at mga alagang hayop (alam kong napakarami ng inyong mga hayop), sila lamang ang maiiwan sa mga siyudad na ibinigay ko sa inyo. At lahat naman ng malalakas na lalaki ang mangungunang nasasandatahan sa kanilang mga kapatid na Israelita 20 hanggang bigyan sila ni Yawe ng lugar na kanilang mapagpapahingahan tulad ng pagbibigay niya sa inyo. At aangkinin din nila ang lupaing nasa kabilang ibayo ng Jordan na ibibigay sa inyo ni Yaweng Diyos ninyo. At pagkatapos, makababalik na ang bawat isa sa inyo sa sarili niyang pamanang bigay ko sa inyo.

21 Iniutos ko rin noon kay Josue – Nakita ng iyong mga mata ang lahat ng ginawa ni Yaweng iyong Diyos sa dalawang haring iyon, at gayon din ang gagawin niya sa lahat ng kahariang pupuntahan mo. 22 Huwag kang matakot sa kanila sapagkat si Yaweng iyong Diyos mismo ang siyang lalaban para sa iyo.

23 Pagkatapos, hiniling ko kay Yawe – 24 Yaweng aking Panginoon, sinimulan mo nang ipakita sa iyong lingkod ang iyong kadakilaan at ang lakas ng iyong kamay. Sapagkat sinong diyos sa langit o sa lupa ang makagagawa tulad ng ginawa mong kabayaniha't kagitingan? 25 Patawarin mo na ako para makita ko ang magandang lupain sa kabilang ibayo ng Jordan, ang magandang kabundukang iyon pati ang Lebanon.

26 Subalit gawa ninyo kaya nagalit sa akin si Yawe at hindi ako pinakinggan. At sinabi ni Yawe sa akin – Tama na, huwag mo na akong kausapin pa tungkol dito. 27 Sa halip, umahon ka sa tuktok ng Bundok Pisga at mula roo'y tumingin ka sa kanluran hanggang sa hilaga, sa timog at sa silangan. Makikita mo ang lupain, subalit hindi ka makatatawid sa Jordan. 28 Utusan mo si Josue, palakasin ang kanyang loob at patatagin, sapagkat siya ang mangunguna sa sambayanang ito sa pagtawid at siyang mamamahagi sa kanila ng lupaing makikita mo.

29 Kaya nanatili tayo sa lambak na katapat ng Bet-Peor.

**Isabuhay ang batas**

**4** • 1 At ngayon, Israel, dinggin mo ang mga tuntunin at mga batas na itinuturo ko sa iyo, upang maisabuhay mo ang mga ito. At mabubuhay ka at makapapasok at maaangkin ang lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng Diyos ng iyong mga ninuno.

2 Huwag mong dagdagan ni bawasan ang iniuutos ko sa iyo. Ngunit tuparin mo ang mga utos ni Yaweng iyong Diyos na iniuutos ko sa iyo. 3 Nakita ng iyong mga mata ang ginawa ni Yawe kay Baal-Peor at sa tanang naglingkod sa kanya: pinuksa sila ni Yaweng iyong Diyos. 4 Subalit kayong naging matapat kay Yaweng inyong Diyos ay buhay pa ring lahat ngayon.

5 Tingnan ninyo, ayon sa iniutos sa akin ni Yaweng aking Diyos, itinuturo ko sa inyo ang mga tuntunin at mga batas upang maisabuhay ninyo ang mga ito sa lupaing pupuntahan ninyo para angkinin. 6 Tuparin ninyo at isabuhay ang mga ito, sapagkat ito ang inyong dunong at talino

---

• **4.**1 Isang aral ang inilalahad ni Moises mula sa mga lumipas na karanasan, at para hikayatin tayong sumunod sa Batas ng Diyos, inaanyayahan niya tayong imulat ang ating mga mata: *Kayong naging matapat kay Yaweng inyong Diyos ay buhay pa ring lahat ngayon,* samantalang nangamatay na ang iba. Sa piling ng maraming "patay" na nababalisa at naglalaban-laban sa ating daigdig, buhay pa rin ang may pananampalataya. At isa pa'y *Anong bansa ang may napakadakila at makatarungang mga tuntunin at mga batas tulad ng Batas na ito?*

Subalit may mga pagkakataon sa ating buhay na abut-abot ang mga tukso, at pakiwari nati'y makakatagpo tayo ng kaligayahan kung iiwan natin ang utos ng Diyos. Ngunit nasa batas ng Diyos ang kaligayahan at hindi ito nangangailangan ng ating pagsang-ayon: *huwag mong dagdagan ni bawasan.*

*Anong bansa ang napakadakila at may mga diyos na napakalapit sa kanila tulad ni Yawe?* Mga huwad na kaibigan at bunga ng ating imahinasyon ang mga diyos. Nilalaro natin ang mga ito at sinisikap na mahulog sa atin ang kanilang loob para magkatotoo ang ating mga plano. Subalit sumasaatin ang Diyos sa kabuuan ng kanyang misteryo, lubos na sumasaatin ngunit hindi natin abot. Gayong hindi natin siya nakikita, nakikilala natin siya nang buong katiyakan. At sa tuwing lumalapit siya sa atin, iniiwan niya tayong may kapanatagan.

Iginigiit ng Biblia na totoo at talagang nangyari ang mga naturang pakikisangkot ng Diyos sa kasaysayan ng tao: *Huwag mong kalilimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata* (9). Totoo ngang pagkalipas pa ng mga dantaon saka isinulat ang istorya ni Moises at marami nang pangyayari sa paglalakbay ng mga Israelita sa disyerto ang naging mga alamat. Subalit hindi mabubuo ang mga alamat tungkol sa manna, sa ulap at sa pagtawid sa dagat kung hindi naranasan ng pamayanan ng Israel ang Kalinga ng

sa harap ng mga bansa. Kapag narinig
nila ang lahat ng tuntunin na ito, sasabihin
nilang – Walang bayang sintalino at sin-
dunong ng dakilang bansang ito. 7 Sapag-
kat anong bansa ang napakadakila at
may mga diyos na napakalapit sa kanila
tulad sa atin ni Yaweng ating Diyos sa
tuwing tatawag tayo sa kanya? 8 At anong
bansa ang napakadakila at may maka-
tarungang mga tuntunin at mga batas
tulad ng Batas na ito na ibinibigay ko sa
iyo ngayon?
9 Subalit mag-ingat ka at ingatan ang
iyong sarili, huwag mong kalilimutan ang
mga bagay na nakita ng iyong mga mata
ni iwawaglit ang mga ito sa iyong puso sa
lahat ng araw ng iyong buhay. Ngunit ituro
mo ang mga ito sa iyong mga anak at
mga apo.

• 10 Nakatayo kayo sa harap ni Yawe sa
Bundok Horeb nang sabihin niya sa aking
– Tipunin mo sa harap ko ang sam-
bayanan nang marinig nila ang aking
mga salita. Sa gayo'y matututo silang
magkaroong-pitagan sa akin habang

---

Diyos at ang malakas niyang kamay sa mga pagkakataong iyon. Sa bawat araw na lumipas, nakita ng Israel ang Diyos bilang isang ama na umaakay sa kanyang anak (Dt 1:31).

*RELIHIYON AT PANANAMPALATAYA*

Laging lumilitaw ang dalawang salitang ito pag pinag-uusapan ang ating relasyon sa Diyos. Kaya kailangan nating malaman ang ibig sabihin ng "relihiyon" at "pananampalataya".

"Relihiyoso" ang mga tao noong unang panahon tulad ng marami ngayon: naniniwala sila na likha ng Diyos-na-Maykapal ang daigdig na tinitirahan nila. Kaya nakakatagpo tayo sa lahat ng matatandang relihiyon, gayundin sa mga unang pahina ng Biblia, ng mga salaysay ng paglikha, na nagbibigay-liwanag sa simula ng daigdig at ng sangkatauhan. Yamang ang Maykapal ang may-akda ng paglikha, siya lamang ang makapagbibigay ng mga tuntunin para sa maayos na pag-andar nito: mangyari pa, kasama sa mga salaysay ng bawat relihiyon ang mga utos tungkol sa moralidad. Ang Diyos ng relihiyon (o mga diyos sapagkat laganap ang politeismo) ay pinaglilingkuran ng kaparian na nagpapasalamat sa kanya sa ngalan ng mga tao para sa mga biyaya niya sa mga ito at sumasamo na muli niyang gawin ito sa papasok na taon. Kaya binubuo ang mga kapistahang panrelihiyon unang-una ng pasasalamat at mga unang bunga, tulad ng nakikita natin sa mga teksto tungkol sa mga ritwal na Matandang Tipan.

Likas na konserbatibo ang relihiyon, sapagkat tinitiyak nito ang mabuting kaayusan ng daigdig; wala itong "pag-asa": wala tayong inaasahang bago, kundi maibigay ng bukas, tulad ngayon, ang ating kinakailangan sa mundong ito.

Sa pagbubukas ng Biblia, sa ating "pagpapahayag ng pananampalataya", napapansin nating tayo man ay relihiyoso; di ba't sinasabi natin: "sumasampalataya ako sa Diyos amang Makapangyarihan-sa-lahat, na Maylalang ng langit at lupa"? Pero ang relihiyong ito na ating ipinahahayag ay lubusan nang napalitan ang anyo bunga ng pananampalataya: Ang Diyos na Maykapal ang naghayag ng kanyang sarili sa bayang Israel na pinili mula sa kawalang-hanggan para maging kanyang "saksi sa piling ng mga bansa." Sa loob ng mga dantaon, inihayag ng diyos ang kanyang sarili sa kasaysayan ng Israel: inaakay niya ang kanyang bayan tulad ng pag-akay ng ama sa kanyang anak (Dt 1:31), patungo sa isang kapunuang hindi kayang maisip ni malirip (Ef 1:15-23; 3:14-21; Col 1:9-14; 1:26-27).

Ipinakikilala ng Diyos kung sino talaga siya; pinapupunta niya tayo sa isang pakikipag-isa ng walang-hanggang pakikipagmahalan sa kanya (Jn 17:21). Kaya nga ang pag-asa, kahit sa kahulugan man lamang ni Pablo (Rom 8:24-25), ay nasa pinakapuso ng ating pananampalataya; at kung pumapailanlang palagi ang ating pasasalamat patungo sa Diyos para sa mga biyaya niya sa atin, lalo itong pumapailanlang, sa antas na di-mapapantayan, patungo sa Amang ito na naghanda sa atin upang matanggap natin ang ating bahagi sa mana ng mga banal na nasa kanyang kaharian ng kaliwanagan, patungo sa kanya "na nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng dilim, at inilipat sa kaharian ng kanyang pinakamamahal na Anak" (Col 1:12-13).

• 10. Ginugunita ni Moises ang karanasan sa Sinai (na tinatawag ding Bundok Horeb) sapagkat sa karanasan nakaugat ang pananampalataya. Sa pagsisikap ni Pablong patatagin sa kanilang pananampalataya ang mga Kristiyanong natutuksong lumihis ng landas, ipapaalaala niya sa kanila ang kahanga-hangang karanasan nila sa pagpasok sa Iglesya (Gal 3:1; Heb 12:18).

*Walang nakitang anyo, boses lamang ang narinig ninyo* (12). Pansinin ang pagkakaiba ng *pagkakita* at ng *pagkarinig*. Narito ang tamang pagkakaiba ng huwad na pagsamba at tunay na pananampalataya.

Sa mga huwad na relihiyon, ang tao ang lumilikha ng kanyang mga diyos (mga diyos na sinauna o makabago tulad halimbawa ng isang lider o isang ideolohiya) na ayon sa sarili niyang paraan ng *pagkakita* (o pagtingin) at pag-intindi sa kahulugan ng buhay. Ang tao ang siyang nagpipinta ng kanyang mga diyos at umiimbento ng kanyang katotohanan ayon sa sarili niyang pag-iisip na nakatuon lamang sa nakikita, may dagliang bisa at puwedeng pakinabangan at gamitin.

Subalit ang tunay na pananampalataya ay nakaugat sa *narinig* na salita: tingnan Rom 10:14-17. Mapapalad ang mga naniniwala gayong hindi nakakita!

sila'y nabubuhay sa lupaing iyon at ituturo nila ang mga salitang ito sa kanilang mga anak.

[11] Pagkatapos, lumapit pa kayo at tumayo sa paanan ng bundok. Naglalagablab ito at abot hanggang langit ang apoy sa gitna ng makapal na ulop at madilim
na ulap. [12] At kinausap kayo ni Yawe mula sa apoy. Narinig ninyo ang ugong ng mga salita, ngunit walang nakitang anumang anyo, boses lamang ang narinig ninyo.
[13] Ipinaalam niya sa inyo ang kanyang Pakikipagtipan kung saan niya iniutos sa inyo na tuparin ang kanyang sampung utos na isinulat niya sa dalawang tapyas
na bato. [14] At inutusan naman niya ako na ituro sa inyo ang mga tuntunin at mga batas upang maisabuhay ninyo ang mga ito sa lupaing magiging inyo.

[15] Pakaisipin ninyong mabuti ang inyong gagawin. Wala kayong nakitang anumang anyo nang kausapin kayo ni Yawe nang araw na iyon mula sa apoy sa
Bundok Horeb. [16] Kaya huwag kayong magpapakabulok, huwag kayong gagawa ng diyus-diyusan o rebultong korteng la-
laki o babae, [17] o kaanyo ng anumang hayop sa lupa, o ng anumang uri ng ibong
lumilipad sa langit, [18] o ng anumang gu-
magapang sa lupa, o ng anumang uri ng isda sa tubig sa ilalim ng lupa. [19] Sa pag-
tingala mo sa langit, at makita ang araw, ang buwan, ang mga bituin, at lahat ng hukbo ng langit, huwag kang paeengganyong yukuan ang mga ito para sambahin at paglingkuran bilang mga diyos. Sapagkat iniwan ni Yaweng iyong Diyos ang mga iyon para sa lahat ng bansa sa
silong ng langit, [20] subalit pinili niya kayo at inilabas mula sa Ehipto kung saan kayo sinubok sa apoy, upang maging sariling sambayanan niya tulad ninyo ngayon.

[21] Gawa ninyo kaya nagalit sa akin si Yawe at isinumpa niya na hindi ako makatatawid sa Jordan at hindi makapapasok sa magandang lupaing ibinibigay bilang pamana sa inyo ni Yaweng Diyos
ninyo. [22] Sa lupaing ito ako mamamatay at hindi makatatawid sa Jordan. Subalit kayo ang makatatawid at magmamay-ari sa
magandang lupaing iyon. [23] Kaya pakaingatan mong huwag limutin ang Pakikipagtipan sa iyo ni Yaweng iyong Diyos, at huwag kang gumawa ng anumang uri ng diyus-diyusan, tulad ng iniutos sa iyo ni
Yaweng iyong Diyos. [24] Sapagkat si Yaweng iyong Diyos ay apoy na tumutupok, isang Diyos na seloso.

• [25] Kapag nagkaanak ka na at nagkaapo, at tumanda ka na sa lupain, huwag

---

Naniniwala tayo sa katotohanang isinasalin sa atin ng Iglesyang bayan ng Diyos. Para sa Kristiyano, walang kuwenta ang anumang "pagbubunyag" o "mensahe mula sa Diyos" na tinatanggap ninuman, kung hindi ito lubos na katugma at nakasalalay, unang-una, sa Salita ng Diyos, pati na rin sa iglesya na siyang pinili ng Diyos para maging saksi at tagapanagot ng kanyang salita (Gawa 10:41).

*Huwag kayong gagawa ng diyus-diyusan o rebultong korteng lalaki o babae* (16). Naritong muli ang pagbabawal na gumawa ng anumang larawan ng Diyos. Tingnan ang paliwanag sa Ex 20:4. Maging larawan pa man ito ng anumang nilikhang puwersa (gaya ng araw) o litrato ng kung sinong lider o sagisag ng anumang grupo (ng inang-bayan, partido...), walang anumang bagay na nilikha na maituturing na Diyos. Hindi rin ipinahihintulot na ilarawan ang Diyos dahil siya ay Banal, na ibig sabihi'y hindi siya katulad ng anumang puwedeng isipin o ilarawan ng tao sa kanyang imahinasyon.

*Huwag kang paengganyong yukuan ang mga ito para sambahin.* Wala siyempreng nagsasalita ngayon tungkol sa pagsamba sa isang tao o bagay. Subalit ang pagsamba ay kapareho rin ng pagsusuko ng sarili sa anuman o kaninuman. Marami ang naglilingkod sa mga pulitikal na diyos o sa diyos ng konsumerismo.

• 25. Ipinapaalaala sa atin ng mga linyang ito ang talinhaga ng waldas na anak (Lc 15).

Dahil ang Israel ang bayang pinili ng Diyos, may mas mabigat itong responsabilidad. Regalo ni Yawe ang kanilang lupa at mawawala ito sa kanila sa paglayo nila sa kanya. Kayat nabuhay ang Israel alinsunod sa panuntunan ng Unang Tipan sa Sinai. Mga materyal na regalo, kasaganaan, mga lupa at kapanatagan ang kanilang inaasahan sa Diyos. At walang ibang parusang ipinakita sa kanila si Yawe kundi ang pagkatapon sa bandang huli: ang pag-alis nila sa magandang lupaing iyon.

Ngunit naroon din naman ang pangako: *Ngunit hahanapin mo roon si Yaweng iyong Diyos.*

kayong magpapakabulok sa pagka-
karoon ng mga diyus-diyusan at paggawa
ng masama sa paningin ni Yaweng iyong
Diyos. Kapag ginalit ninyo siya, 26 ganap
kayong maglalaho sa lupaing aangkinin
ninyo pagkatawid ninyo sa Jordan. Saksi
ang langit at lupa sa aking babala – hindi
kayo magtatagal doon kundi tiyak na
malilipol.

27 Pangangalatin kayo ni Yawe sa mga
bayan, at iilan lamang ang matitira sa
inyo sa mga bansang pagdadalhan sa
inyo ni Yawe. 28 Doo'y papaglilingkurin
kayo sa kanilang mga diyos, na gawang
kamay ng tao, at yari sa bato at kahoy, na
hindi nakakikita o nakaririnig, ni kuma-
kain o nakaaamoy. 29 Ngunit hahanapin
mo roon si Yaweng iyong Diyos, at mata-
tagpuan mo siya kung hahanapin mo siya
nang buo mong puso at nang buo mong
kaluluwa 30 sa gitna ng iyong pighati.
Kapag nangyari ito sa mga huling araw,
babalik ka kay Yaweng iyong Diyos, at
makikinig ka sa kanyang tinig. 31 Sapag-
kat si Yaweng iyong Diyos ay Diyos na
maawain, hindi ka niya pababayaan o
pupuksain, o lilimutin kaya ang Pakiki-
pagtipang sinumpaan niya sa iyong mga
ninuno.

**Pinili ka ng Diyos**

• 32 Magtanong ka tungkol sa mga pa-
nahong nagdaan mula sa pinakaunang
araw nang likhain ng Diyos ang tao sa
lupa. Magtanong ka mula sa magkabilang
dulo ng daigdig – Nagkaroon na ba ng
pambihirang bagay tulad nito? May
narinig na bang tulad nito noong una?
33 May bayan na bang nanatiling buhay
matapos marinig ang tinig ng Diyos na
buhay, tulad mo matapos mo siyang
marinig na nagsasalita mula sa gitna ng
apoy?

34 Kailan ma'y walang diyos na nag-
tangkang dumating para ikuha ang kan-
yang sarili ng isang sambayanan mula
sa piling ng isa pang bayan sa pamama-
gitan ng mga pagsubok at mga tanda,
ng mga kababalaghan at digmaan, nang
may malakas na kamay at nakaunat na
bisig, nang may kakila-kilabot na bagay
tulad ng lahat ng ginawa ni Yawe para sa
inyo sa Ehipto na nakita ng inyong mga
mata.

35 Ipinakita sa iyo ang lahat ng ito
upang malaman mong Diyos si Yawe, at
wala nang iba liban sa kanya. 36 Ipinarinig
niya sa iyo ang kanyang tinig mula sa
langit, upang supilin ka. At ipinakita niya
sa iyo sa lupa ang kanyang malaking
apoy, at narinig mo nga ang kanyang mga
salita mula sa apoy. 37 Dahil mahal niya
ang iyong mga ninuno, pinili niya ang
kanilang inapong sumunod sa kanila, at
siya mismo sa kanyang malakas na
kapangyarihan ang naglabas sa iyo sa
Ehipto. 38 Pinalayas niya sa harap mo ang
mga bansang mas malaki at mas malakas
kaysa iyo, at pinapasok ka niya sa kani-
lang lupaing ibinigay niya ngayon sa iyo
bilang pamana.

39 Kaya itanim mo sa iyong puso na si
Yawe lamang ang Diyos sa langit sa itaas
at sa lupa sa ibaba, at wala nang iba.

40 Tuparin mo ang mga tuntunin at mga
utos na iniuutos ko sa iyo ngayon, at
mapapabuti ka at ang iyong mga anak
na susunod sa iyo. At mabubuhay ka
nang matagal sa lupaing ibinibigay sa
iyo magpakailanman ni Yaweng iyong
Diyos."

---

• 32. *Kailanma'y walang kakila-kilabot na ginawa* (34). Tingnan ang paliwanag sa 4:9.

Marami ang nag-aakala na "paniniwala sa Diyos" ang siyang importante sa Biblia. Malaking pagkalito ang hatid ng pananalitang ito. Ang pananampalataya sa Biblia ay hindi paniniwalang buhay at may Diyos, o makapangyarihan ang Diyos o puwede tayong tulungan ng Diyos. Sa halip, ang importante sa Biblia ay ang pagkapili ng Diyos sa Israel para sa isang natatanging misyon sa mundo at ang Diyos ang kaisa-isahang Diyos at kaiba sa lahat ng bayan ang Israel.

**Pangalawang "pagsasalita ni Moises"**

• 41 *Ibinukod ni Moises ang tatlong siyudad*
*sa kabilang ibayo ng Jordan sa gawing sila-*
*ngan* 42 *kung saan makapupunta para kup-*
*kupin ang sinumang di-sinasadyang naka-*
*patay ng kanyang kapwa na kailan ma'y di*
*naman niya nakagalit. Makapupunta siya sa*
*alinman sa mga siyudad na ito at maililigtas*
*niya ang kanyang sarili.*
43 *Ito ang mga siyudad: ang Basar sa talam-*
*pas ng disyerto para sa tribu ng Ruben, ang*
*Ramot ng Galaad para sa tribu ng Gad, at ang*
*Golan sa Basan para sa tribu ng Manases.*

44 Ito ang Batas na itinadhana ni Moises sa
mga anak ng Israel. 45 Ito ang mga deklarasyon,
mga tuntunin at mga batas na sinabi ni Moises sa
mga anak ng Israel pagkalabas nila sa Ehipto,
46 sa kabilang ibayo ng Jordan sa kapatagang
katapat ng Bet-Peor sa lupain ni Sihong taga-
Hesbon na hari ng mga Amorreo na nalupig ni
Moises at ng mga anak ng Israel paglabas nila
mula sa Ehipto. 47 At inangkin nila ang kanyang
lupain pati ang lupain ni Og na hari ng Basan,
ang dalawang haring Amorreo sa silangan ng
Jordan, 48 mula sa Aroer sa hangganan ng Ilog
Arnon hanggang sa Bundok Siryon na tinatawag
ding Hermon – 49 ang buong kapatagan mula sa
silangan ng Jordan hanggang Dagat na Patay sa
paanan ng Bundok Pisga.

**Isa pang paglalahad ng Sampung Utos**

**5** 1 Tinipon ni Moises ang buong Israel at
sinabi sa kanila: "Pakinggan mo, Israel, ang
mga tuntunin at mga batas na itinuturo ko sa iyo
sa araw na ito upang matutuhan mo at maisa-
buhay ang mga ito. 2 Si Yaweng Diyos natin ay
nakipagtipan sa atin sa Horeb, 3 hindi lamang sa
ating mga ninuno nakipagtipan si Yawe kundi
pati sa atin, sa ating lahat na nariritong buhay
ngayon. 4 Kinausap kayo nang harap-harapan
ni Yawe mula sa apoy sa bundok. 5 At tumayo
naman ako roon sa pagitan ninyo at ni Yawe
upang ipaabot sa inyo ang salita ni Yawe,
sapagkat hindi kayo makaahon sa bundok dahil
sa takot sa malaking apoy. Ito ang sabi niya –
6 Ako si Yaweng iyong Diyos na naglabas sa
iyo mula sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng
pagkaalipin. 7 Huwag kang magkakaroon ng
ibang diyos sa harap ko.
8 Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng
diyos-diyusan o anumang imaheng nililok na
kaanyo ng anumang nasa kalangitan sa itaas o
nasa lupa sa ibaba o nasa mga tubig sa ilalim ng
lupa. 9 Huwag kang yuyuko o sasamba sa ka-
nila, sapagkat akong si Yaweng Diyos mo ay
selosong Diyos. Pinarurusahan ko ang mga
anak hanggang sa ikatlo at ikapat na heneras-
yon dahil sa kasamaan ng kanilang mga magu-
lang na namumuhi sa akin. 10 Subalit nagpapa-
kita ako ng walang maliw na pagmamahal sa
libo mang henerasyon sa mga nagmamahal sa
akin at sumusunod sa aking mga utos.
11 Huwag mong gamitin sa mali ang pangalan
ni Yaweng iyong Diyos sapagkat hindi pina-
babayaan ni Yawe na di napaparusahan ang
gumagamit sa kanyang pangalan nang walang
katuturan.
12 Ipangilin mo ang Araw ng Pahinga at
pabanalin ito, tulad ng iniutos sa iyo ni Yaweng
iyong Diyos. 13 Anim na araw kang magta-
trabaho para gawin ang lahat mong gawain,
14 ngunit araw ng pahinga kay Yaweng iyong
Diyos ang ikapitong araw. Huwag kang gagawa
ng anumang trabaho – ikaw man o ang iyong
anak na lalaki o babae ni ang iyong mga alipin,
o ang iyong baka o asno o alinman sa mga
hayop mo, ni ang dayuhang nasa loob ng iyong
bakuran. Magpapahingang tulad mo ang iyong
mga alipin. 15 Alalahanin mong dati kang alipin
sa lupain ng Ehipto at mula roo'y inilabas ni
Yaweng iyong Diyos nang may malakas na
kamay at nakaunat na bisig. Kaya iniutos sa iyo
ni Yawe na ipangilin mo ang araw ng Pahinga.
16 Igalang mo ang iyong ama at ina, tulad ng
iniutos sa iyo ni Yaweng iyong Diyos upang
humaba ang iyong buhay at mapabuti ka sa
lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos.
17 Huwag kang papatay.
18 Huwag kang makikiapid.
19 Huwag kang magnanakaw.
20 Huwag kang sasaksi nang mali laban sa
iyong kapwa.
21 Huwag mong pagnasahan ang maybahay
ng iyong kapwa. Huwag mong pag-imbutan ang
bahay ng iyong kapwa, o ang kanyang bukirin o
mga alipin niyang lalaki o babae, o ang baka
niya o asno o anumang kanya.

---

• 41. Dito nagsisimula ang pangalawang "Diskurso ni Moises."

Muling inilalahad ng talata 5:1-22 ang Sampung Utos sa paraang katulad na katulad sa Exodo 20:2.

Binibigyang-diin naman sa talata 5:23-31 ang kalooban ng Diyos na makatagpo ng isang taong pupuwedeng humarap sa kanya sa ngalan ng lahat. Nasa pagiging tagapamagitan o kinatawan ng Israel ang karangalan ni Moises.

5:29. Layunin ng Batas ng Diyos na paligayahin tayo. Dito nahahayag ang pag-ibig ng Diyos bilang ama.

22 Ito ang mga salitang sinabi ni Yawe sa
buong pagtitipong nasa bundok nang may ma-
lakas na tinig mula sa gitna ng apoy at madilim
na ulap at makapal na ulop. Ito lamang ang
kanyang sinabi, at isinulat niya ang mga ito sa
dalawang tapyas na bato na ibinigay niya sa
akin. 23 Narinig ninyo ang tinig na iyon sa gitna
ng dilim, habang naglalagablab ang bundok. At
lumapit sa akin ang lahat ng pinuno ng inyong
mga tribu kasama ang mga matatanda ninyo,
24 at kanilang sinabi – Masdan, ipinamalas sa
atin ni Yaweng ating Diyos ang kanyang luwal-
hati at kadakilaan, at narinig natin ang kanyang
boses mula sa gitna ng apoy. Alam namin na
ang pakikipag-usap ng Diyos sa tao ang siyang
nagbibigay-buhay sa tao. 25 Ngunit ngayo'y
mamamatay kaming nilalamon ng malaking
apoy na ito kung patuloy naming maririnig ang
boses ni Yaweng Diyos natin. 26 Sino ang maka-
pananatiling buhay matapos marinig ang boses
ng Diyos na buhay na nagsasalita buhat sa apoy,
tulad ng ginawa niya ngayon sa atin? 27 Mabuti
pang ikaw ang lumapit para pakinggan ang
lahat ng sasabihin sa iyo ni Yaweng ating Diyos.
At sabihin mo na lamang sa amin ang sasabihin
sa iyo ni Yaweng Diyos natin. Makikinig kami at
susunod.

28 Narinig ni Yawe ang inyong mga salita at
sinabi niya sa akin – Narinig ko ang sinabi sa iyo
ng sambayanang ito; maganda ang kanilang
sinabi. 29 Maging ganito nawang lagi ang kani-
lang kalooban, magkaroon nawa sila ng pitagan
sa akin at tuparin ang lahat kong utos upang
mapabuti sila at ang kanilang mga anak
magpakailanman. 30 Tumindig ka at sabihin sa
kanilang bumalik sa kanilang mga tolda.

31 Ngunit maiwan ka rito sa akin at ituturo ko
sa iyo ang lahat ng utos, tuntunin at batas na
ituturo mo sa kanila upang maisabuhay nila ang
mga ito sa lupaing ibibigay ko sa kanila para
angkinin.

32 Pakaingatan ninyong isakatuparan ang
mga iniutos sa inyo ni Yaweng Diyos ninyo.
Huwag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa.
33 Lumakad kayo sa lahat ng daang iniutos sa
inyo ni Yaweng Diyos ninyo, at mabubuhay
kayo, mapapabuti at lalawig ang inyong mga
araw sa lupaing sasakupin ninyo.

### Makinig ka, Israel: si Yawe ang kaisa-isahan

6 • 1 Ito ang mga utos, mga tun-
tunin at mga batas na iniutos sa
akin ni Yawe na ituro sa inyo upang ma-
tupad ninyo ang mga ito sa lupaing
magiging inyo. 2 Sa lahat ng araw ng
iyong buhay, magkaroon ka ng pitagan
kay Yaweng Diyos mo, at tuparin ang
lahat niyang tuntunin at utos na itinuturo
ko sa iyo ngayon at sa iyong mga anak at
mga inapo, upang humaba ang buhay
mo.

3 Kaya makinig ka, Israel, tuparin mo
ang mga ito. Kapag isinabuhay mo ang
mga ito, mapapabuti ka at dadami sa
lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-
pukyutan, tulad ng ipinangako sa iyo ni
Yaweng Diyos ng iyong mga ninuno.

4 Makinig ka, Israel! Si Yaweng Diyos
natin ay Isang-Yawe. 5 Mahalin mo si
Yaweng iyong Diyos nang buo mong
puso, nang buo mong kaluluwa at nang
buo mong lakas. 6 Isapuso mo ang mga
salitang ito na iniuutos ko sa iyo ngayon.
7 Ulit-ulitin mo ang mga ito sa iyong mga
anak. Pag-usapan ang mga ito sa pag-
upo mo sa iyong tahanan at sa paglakad
mo sa daan, sa iyong paghiga at sa iyong
pagbangon. 8 Itatak mo ang mga ito sa
iyong kamay bilang tanda, at maging
paalalang lagi sa pagitan ng iyong mga

---

• **6.**1 *Makinig ka, Israel! Si Yaweng Diyos natin ay Isang-Yawe.* Ang mga bersikulong ito ang Kredo ng mga Judio, na kinaugalian na nilang dasalin araw-araw. Ang tekstong ito ang tinutukoy ni Jesus nang tanungin nila siya tungkol sa pinakaimportanteng utos. Tingnan ang Marco 12:28 at ang paliwanag tungkol dito.

*Mahalin mo si Yawe nang buo mong puso.* Nang mga unang panahong iyon, hindi ganap na di-makasarili ang pag-ibig kay Yawe. Alam ng Israel na sa pagsagot nito sa pag-ibig ng Diyos na pumili sa kanya ay nasa tamang landas sila at gagantimpalaan siya ng Diyos ng kapayapaan at materyal na kasaganaan.

*Isapuso mo ang mga salitang ito:* ituon sa mga ito ang iyong isip para maging maayos ang iyong pag-iisip at mahusgahan ang lahat alinsunod sa mga pamantayang ito.

*Ulit-ulitin mo ang mga ito sa iyong mga anak:* dahil alam mong pananagutan mo ang kanilang pananampalataya.

*Itatak mo ang mga ito sa iyong kamay,* o ang mga ito ang umakay sa iyong mga kilos.

*Maging paalalang lagi sa pagitan ng iyong mga mata,* para hindi mo maalala ang mga ito kung kailan huli na at wala nang ibang magagawa kundi taghuyan ang iyong mga pagkakamali.

mata. 9 Iukit mo ang mga ito sa mga haligi
ng pinto ng iyong bahay at sa mga pin-
tuan ng iyong siyudad.
10 Huwag mong kalilimutan si Yawe
kapag dinala ka na niya sa lupaing ipina-
ngako niya sa iyong mga ninunong sina
Abraham, Isaac at Jacob. Sapagkat bi-
bigyan ka niya ng malaki at magandang
mga siyudad na hindi mo itinayo, 11 ng mga
bahay na punung-puno ng lahat ng mabu-
buting bagay na hindi mo naman pinuno, ng
mga balon na hindi mo hinukay, ng mga
ubasan at mga taniman ng olibo na hindi mo
naman tinamnan. Kapag nakakain ka na at
nabusog, 12 huwag mong kalilimutan si
Yawe na naglabas sa iyo mula sa Ehipto,
mula sa bahay ng pagkaalipin. 13 Magka-
roon ka ng pitagan kay Yaweng iyong
Diyos, paglingkuran siya at gamitin ang
kanyang Pangalan sa iyong panunumpa.
14 Huwag ninyong sundan ang ibang
mga diyos, mga diyos ng mga bansang
nakapalibot sa iyo, 15 sapagkat si Yaweng
iyong Diyos na kapiling mo ay Diyos na
seloso, baka mag-apoy ang kanyang galit
sa iyo at maglaho ka sa balat ng lupa.
16 Huwag mong subukin si Yaweng Diyos
ninyo, tulad ng ginawa ninyo sa Massa.

17 Isakatuparan mo ang utos ni Yaweng
Diyos ninyo, at ang kanyang mga kautusan
at mga deklarasyong ipinag-utos niya sa
iyo. 18 Gawin ang tama at mabuti sa mata ni
Yawe upang mapabuti ka, makapasok at
maangkin ang magandang lupaing ipi-
nangako ni Yawe sa iyong mga ninuno,
19 matapos niyang palayasin sa harap mo
ang lahat mong kaaway, gaya ng sabi ni
Yawe.

• 20 At kung tanungin ka ng iyong anak
balang araw – Ano po ba ang mga deklarasyon,
mga tuntunin at mga batas na ito na ipinag-utos
sa inyo ni Yaweng Diyos natin? 21 Sasabihin mo
sa iyong anak – Dati tayong mga alipin ni Paraon
sa Ehipto, subalit inilabas tayo ni Yawe mula sa
Ehipto nang may malakas na kamay. 22 At
nakita namin ang dakila at kakila-kilabot na
mga tanda at kababalaghang ginawa niya laban
sa Ehipto, laban kay Paraon at sa buo niyang
sambahayan. 23 Inilabas niya tayo mula roon
upang ihatid tayo at ibigay sa atin ang lupaing
ipinangako niya sa ating mga ninuno. 24 Iniutos

---

*Iukit mo ang mga ito sa mga pintuan ng iyong siyudad,* o ang mga ito ang pamahalain sa buhay pang-ekonomiya at panlipunan.

*Si Yawe ay Diyos na seloso:* tingnan Ex 20:5. Maraming nabibigla sa pananalitang ito. Pero meron ba namang tunay na pag-ibig na walang partikular na klase ng pagseselos, hindi 'yung laging takot sa kataksilan ng minamahal? Ipinahihiwatig nitong pananalitang "Diyos na seloso" sa dahop at sinaunang wika, ang pangunahing katangian ng Diyos – napakahiwaga. Hindi lamang siya Pag-ibig, gaya ng gustong sabihin ng marami, Mangingibig pa siya. Hindi sapat na sabihing mahal tayong lahat ng Diyos sa pananaw ng kabutihang panlahat: pinipili niya kung sinong mamahalin niya at ang bawat isa ang lahat sa kanya.

Sinasabi na sa atin ng pananalitang ito kung ano ang sanhi ng pagkamangha ni Pablo pag nagsalita siya ng tungkol sa predestinasyon, o ang pag-ibig ng Diyos na pumili sa atin bago pa man nalikha ang mundo (Rom 8:31-39; Ef 1:1). Pag sinabing seloso ang Diyos, ang ibig sabihin nito'y hindi niya matatalikuran ang pakikipagmahalan at katapatan na inaasahan niya sa kanyang mga minamahal. Ipakikita ng Israel ang selos na ito ng Diyos sa mga katakot-takot na pagsubok na ipinadadala niya sa kanyang bayan: ang pinakamapait na pagsubok na titiisin natin sa buhay na ito ay balewala kung ihahambing sa nililikha ng Diyos sa atin.

*Kapag nakakain ka na, huwag mong kalilimutan si Yawe.* Waring nalimutan na ito ng buong modernong sibilisasyon. Pakiramdam ng tao'y siya ang panginoon ng siyensiya, ng teknolohiya at ng mundo. At mas grabe pa kaysa rito ang pagpapatangay niya sa hangaring kontrolin ang sanlibutan at sarili naman niya mismo ang mawala.

• 20. Ipinagdiriwang taun-taon ng mga Israelita ang Paskuwa. Kaya isinagawa ng bawat pamilya ang mga seremonya ng piyestang ito sa isang salu-salong panrelihiyon. Kapag nagkakatipon na sila sa hapag, isa sa mga bata ang magtatanong sa ama: "Itay, ano po ba itong gagawin natin?" At isinasagot naman ng ama: "Dating nasa Ehipto ang ating mga ninuno bilang mga alipin ni Paraon..." Matutunghayan natin sa sumusunod na mga linya ang kredong ito, ang pagpapahayag na ito ng pananampalataya ng Israel. Hindi sapat para sa Israelita ang basta "maniwalang may Diyos", kundi kailangan niyang alalahanin ang mga pagpapala ng Diyos sa lumipas na panahon para magpasalamat sa kanya.

Gayundin naman laging nililingon ng Kristiyano ang nakaraan para kilalanin ang mga kagandahang-loob sa kanya ng Ama, at pati na sa buong sangkatauhan. Ang misa ang pinakapuso ng panalangin sa Iglesya. At dito tayo nagpapasalamat sa Diyos para sa kaligtasang hatid sa daigdig ng kamatayan at pagkabuhay ni Kristo.

Ang mga materyal na pangako sa Israel ay larawan ng mga pangako ng Diyos sa kanyang Iglesya. Hindi na

sa atin ni Yawe na isabuhay ang lahat ng tuntuning ito, at magkaroon ng pitagan kay Yaweng ating Diyos upang lagi tayong mapabuti at mabuhay tulad ngayon. [25] Magiging mabuti nga tayo at kalugud-lugod sa kanyang paningin kung tutuparin natin at isasabuhay ang mga utos na ito gaya ng kanyang iniutos sa atin.

**7** [1] Kapag dinala ka na ni Yawe sa lupaing pupuntahan mo at aangkinin, at itinaboy na niya sa harap mo ang maraming bansa – ang mga Heteo, Gergaseo, Amorreo, Kananeo, Pereceo, Heveo at Hebuseo – pitong bansang mas marami at mas malakas kaysa iyo, [2] kapag ibinigay niya ang mga ito sa iyong mga kamay at malupig mo sila, pupuksain mo silang lahat ayon sa batas ng anatema.

Huwag kang makikipagtipan ni maaawa sa kanila. [3] Huwag kang magpapakasal sa kanila; huwag mong ibibigay ang iyong mga anak na dalaga sa mga binata nila, ni kunin ang kanilang mga dalaga para sa iyong mga anak na binata. [4] Sapagkat hihikayatin nila ang iyong mga anak na binata na talikuran ako para sambahin ang mga banyagang diyos. At mag-aapoy ang galit ni Yawe sa inyo at agad kayong lilipulin. [5] Subalit ito ang dapat ninyong gawin sa kanila: gibain ang kanilang mga altar at durugin ang kanilang mga sagradong bato, wasakin ang mga sagradong poste nila at sunugin ang kanilang mga diyus-diyusan.

**Ginagantimpalaan ng Diyos ang mga tapat sa kanya**

[6] Isa kang bayang banal para kay Yaweng iyong Diyos. Pinili ka ni Yawe mula sa lahat ng bayan sa balat ng lupa upang maging sariling sambayanan niya. [7] Ibinigkis ni Yawe ang kanyang sarili sa iyo at ikaw ang pinili, hindi dahil ikaw ang pinakamarami sa lahat ng bayan (sapagkat ikaw pa nga ang pinakakaunti). [8] Ngunit pinili ka niya sapagkat mahal ka niya at upang tuparin ang pangakong binitiwan niya sa iyong mga ninuno. Kaya inilabas ka ni Yawe nang may malakas na kamay at tinubos ka sa bahay ng pagkaalipin at mula sa kamay ni Paraong hari ng Ehipto.

[9] Kaya alamin mong mabuti na si Yaweng iyong Diyos ay Diyos, ang matapat na Diyos. Nananatili siyang matapat sa kanyang pakikipagtipan, at abot sa libong henerasyon ang kanyang walang maliw na pag-ibig sa mga nagmamahal sa kanya at tumutupad sa kanyang mga utos. [10] Ngunit pinarurusahan niya ang namumuhi sa kanya at kaagad na sinusuklian.

[11] Kaya tuparin mo ang utos, mga tuntunin at mga batas na iniuutos ko sa iyo ngayong isabuhay. [12] Kung pakinggan mong mabuti ang mga batas na ito, tutuparin at isasabuhay, tutuparin naman ni Yawe ang kanyang pakikipagtipan sa iyo at ang walang maliw na pag-ibig na ipinangako niya sa iyong mga ninuno.

[13] Mamahalin ka niya, pagpapalain at pararamihin.

Pagpapalain niya ang bunga ng iyong sinapupunan at ang bunga ng iyong lupa – ang iyong trigo, ang iyong bagong alak at sariwang langis – ang mga anak ng iyong bakahan at tupahan sa lupaing ipinangako niya sa iyong mga ninuno na ibibigay sa iyo.

[14] Pagpapalain ka niya nang higit sa alinmang bayan. Di magkakaroon ng lalaki o babaeng baog sa piling mo o sa iyong hayupan. [15] Itataboy ni Yawe mula sa iyo ang lahat ng karamdaman; hindi niya ilalapat sa iyo ang alinman sa mga salot sa Ehipto na alam mo. Subalit ilalapat niya ang mga ito sa lahat ng namumuhi sa iyo.

---

mga ani at mga tupa ang kanyang inaasam kundi ang pagdami ng mga sumasampalataya at ang paglago ng mga katangian ni Kristo sa kanila.

Inilalahad ng talata 8:1-6 ang kahulugan ng paglalakbay sa disyerto. Panahon iyon ng pagsubok. Naging dukha ang Israel subalit hindi nagkulang ang tulong ng Diyos.

*Pinakain ka niya ng manna upang ipakita sa iyo na hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao kundi sa lahat ng namumutawi sa bibig ni Yawe mabubuhay ang tao.* Ang mannang tinanggap nila ay sagisag lamang ng isa pang pagkaing kailangan ng tao at nagmumula sa bibig ng Diyos: ang kanyang salita (tingnan ang paliwanag sa Ex 16:16).

16 Kaya ubusin mo ang lahat ng bayang
ibinibigay sa iyong mga kamay ni Yaweng
Diyos mo. Huwag mo silang kaawaan ni
paglingkuran ang kanilang mga diyos,
sapagkat magiging bitag iyon para sa iyo.

17 Sasabihin mo siguro sa iyong puso – Mas
marami kaysa akin ang mga bansang ito, paano
ko sila mapapalayas? 18 Ngunit huwag kang
matakot sa kanila. Alalahanin mong mabuti ang
ginawa ni Yaweng iyong Diyos kay Paraon at sa
buong Ehipto. 19 Nakita ng iyong mga mata ang
mga kakila-kilabot na pagsubok at mga tanda at
mga kahanga-hangang bagay, ang malakas na
kamay at nakaunat na bisig na ginamit ni Yaweng
iyong Diyos upang ikaw ay palayain. Gayon din
ang gagawin ni Yaweng Diyos mo sa lahat ng
bayang kinatatakutan mo ngayon. 20 Ipadadala
sa kanila ni Yaweng Diyos mo kahit mga bubuyog
hanggang mapawi ang mga natirang buhay na
nagtatago mula sa iyo.

21 Huwag kang masindak sa kanila sapagkat
kapiling mo si Yaweng iyong Diyos, malakas na
Diyos at dapat katakutan.

22 Si Yaweng Diyos mo mismo ang dahan-
dahang magpapalayas sa mga bansang ito sa
iyong harap. Hindi mo sila sabay-sabay na
malilipol, kung hindi'y dadami ang mababangis
na hayop laban sa iyo.

23 Ibibigay sila sa iyo ni Yaweng iyong Diyos
at lilituhin sila hanggang mapuksang lahat.
24 Ibibigay ni Yawe sa iyong mga kamay ang
kanilang mga hari upang burahin mo ang kani-
lang mga pangalan sa silong ng langit. Walang
makatatayo laban sa iyo hanggang mapuksa
mo sila. 25 Sunugin mo ang mga nililok na
imahen ng mga diyos nila at huwag pag-imbu-
tan ang ginto o pilak na nakabalot sa mga ito.
Huwag mo itong angkinin, kung hindi'y mabibi-
tag ka nito sapagkat kasuklam-suklam ito kay
Yaweng iyong Diyos. 26 Huwag kang mag-uuwi
ng kasuklam-suklam na bagay sa bahay mo,
kung hindi'y isusumpa ka ring tulad nito. Lubos
mong kasuklaman at kamuhian ito sapagkat
anatema o isinumpa ito.

**Huwag kalimutan ang Diyos sa panahon ng kasaganaan**

**8** 1 Pakaingatan ninyong tuparin ang
bawat utos na iniuutos ko sa inyo
ngayon upang kayo'y mabuhay at du-
mami, at makapasok at maangkin ang
lupaing ipinangako ni Yawe sa inyong
mga ninuno.

2 Alalahanin mo ang lahat ng daang
pinagdalhan sa iyo sa disyerto ni Yaweng
Diyos mo sa loob ng apatnapung taong
ito. Pinapaghirap ka niya at ginutom
upang subukan ka at malaman ang nasa
iyong puso, kung tutuparin mo nga ang
kanyang mga utos o hindi. 3 Subalit pina-
kain ka niya ng manna na hindi mo alam
ni ng iyong mga ninuno upang ipakita sa
iyo na hindi lamang sa tinapay nabu-
buhay ang tao, kundi sa lahat ng namu-
mutawi sa bibig ni Yawe mabubuhay ang
tao. 4 Ni hindi man lang namulmol ang
suot mo, o namaga ang iyong paa sa loob
ng apatnapung taong iyon. 5 Kaya una-
wain mo sa iyong puso na dinisiplina ka ni
Yawe gaya ng pagdisiplina ng isang ama
sa kanyang anak.

6 Tuparin mo ang mga utos ni Yaweng iyong
Diyos, lumakad ka sa kanyang mga daan at
magkaroong-pitagan sa kanya. 7 Sapagkat di-
nadala ka ni Yaweng iyong Diyos sa magandang
lupain, lupain ng mga ilog at batis, ng mga bukal
na umaagos sa mga lambak at mga burol,
8 lupain ng trigo at sebada, ng mga ubasan at
mga puno ng igos at ng iba pang mga prutas,
lupain ng langis ng olibo at pulot-pukyutan,
9 lupaing kung saan hindi ka kakain ng tinapay
sa karukhaan at hindi ka mangangailangan ng
anuman, lupaing may bakal ang mga bato at
may mina ng tanso ang mga burol.

10 Kakain ka hanggang mabusog, at pagpa-
palain mo si Yaweng Diyos mo para sa magan-
dang lupaing bigay niya sa iyo.

11 Kaya pakaingatan mong huwag limutin si
Yaweng iyong Diyos sa di pagtupad sa kanyang
mga utos, mga batas at mga tuntuning iniuutos
ko sa iyo ngayon. 12 At kapag nakakain ka na at
nabusog, kapag nakapagtayo ka na ng maga-
gandang bahay at nakatira na sa mga ito,
13 kapag dumami na ang iyong hayupan, kapag
sagana ka na sa ginto at pilak, at dumami na ang
lahat mong ari-arian, 14 huwag maging palalo
ang iyong puso at huwag limutin si Yaweng
iyong Diyos na naglabas sa iyo mula sa lupain
ng Ehipto, mula sa bahay ng pagkaalipin. 15 Siya
ang umakay sa iyo para makalampas sa mala-
wak at nakatatakot na disyertong puno ng mga
"apuy-apuyang" ahas at mga alakdan, isang
lupaing tigang at walang tubig. Subalit pina-
bukal niya ang tubig para sa iyo mula sa
napakatigas na bato. 16 At pinakain ka niya sa

disyerto ng mannang hindi alam ng iyong mga ninuno.

Pinapaghirap ka niya at sinubok upang mapabuti ka sa bandang huli, 17 kung hindi'y sasabihin mo sa iyong sarili – Yumaman ako sa sarili kong kayod at lakas. 18 Alalahanin mo si Yaweng iyong Diyos, siya ang nagbigay sa iyo ng lakas para yumaman, para pagtibayin tulad ngayon ang Pakikipagtipang sinumpaan niya sa iyong mga ninuno.

19 Ngunit kung lilimutin mo si Yaweng Diyos mo at susunod sa ibang mga diyos, kung sasambahin mo sila at yuyukuan, ngayon pa ma'y binabalaan na kita na tiyak ka ngang mapupuksa. 20 Tulad ng mga bansang pinuksa ni Yawe sa harap mo, gayon ka rin niya pupuksain dahil sa hindi mo pagsunod kay Yaweng iyong Diyos.

**9** 1 Makinig ka, Israel! Tatawid ka ngayon sa Jordan para agawan ang mga bansang mas malaki at mas malakas kaysa iyo, mga bansang may naglalakihang mga siyudad na abot hanggang langit ang mga pader. 2 Isang bayang marami at matatangkad – ang mga Anakim na nakita mo at nabalitaang walang makatatalo sa kanila. 3 Subalit makikita mo ngayon si Yaweng iyong Diyos na mangunguna sa iyo gaya ng tumutupok na apoy. Pupuksain niya sila at ipaiilalim niya sila sa iyo. At aagawin mo ang lupain sa kanila at agad silang lilipulin tulad ng sabi sa iyo ni Yawe.

4 Kapag itinaboy na sila sa harap mo ni Yaweng iyong Diyos, huwag mong isaloob na – Dinala ako rito ni Yawe para angkinin ang lupaing ito dahil sa sarili kong kabutihan. Ngunit pinalayas ni Yawe ang mga bansang iyon sa harap ninyo dahil sa kanilang kasamaan. 5 Hindi dahil sa iyong kabutihan o dahil dapat kang gantimpalaan kaya ka makapapasok para angkinin ang kanilang lupain. Dahil ito sa kasamaan ng mga bansang iyon kaya sila palalayasin ni Yawe sa harap mo bilang katuparan ng salitang binitiwan niya sa iyong mga ninunong sina Abraham, Isaac at Jacob.

**Isa kang bayang mapaghimagsik**

• 6 Kaya alamin mong mabuti na ibinigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos ang magandang lupaing ito para angkinin hindi dahil sa iyong kabutihan, sapagkat isa ka ngang bayang matigas ang ulo. 7 Alalahanin mo at huwag kaligtaan kung paano mo ginalit sa disyerto si Yaweng iyong Diyos. Sapagkat naging mapaghimagsik ka na kay Yawe mula pa sa araw na lumabas ka sa Ehipto hanggang dumating ka sa lugar na ito.

8 At sa Horeb, ginalit ninyo si Yawe kaya binalak niya kayong puksain sa kanyang poot. 9 Umahon ako sa bundok para tanggapin ang mga tapyas na bato, ang mga tapyas ng Pakikipagtipang pinagtibay sa inyo ni Yawe. Apatnapung araw at apatnapung gabi akong nanatili sa bundok, hindi kumakain o umiinom. 10 At ibinigay sa akin ni Yawe ang dalawang tapyas na bato na sinulatan ng daliri ng Diyos. Nasa mga ito ang lahat ng salitang sinabi sa inyo ni Yawe sa bundok mula sa apoy, sa Araw ng Pagtitipon.

11 Ibinigay sa akin ni Yawe ang dalawang tapyas na bato, ang mga tapyas ng Pakikipagtipan, pagkatapos ng apatnapung araw at apatnapung gabi. 12 At sinabi ni Yawe sa akin – Lumusong ka agad mula rito dahil nagpakabulok ang iyong bayan na inilabas mo mula sa Ehipto. Kay dali nilang lumihis mula sa daang iniutos ko sa kanila at gumawa sila ng tinunaw na diyus-diyusan para sa kanilang sarili.

13 At sinabi pa sa akin ni Yawe – Nakikita ko ang sambayanang ito; sila nga'y isang bayang matigas ang ulo! 14 Pabayaan mo ako para puksain sila at pawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit. At gagawin kitang isang bansang mas malakas at mas marami kaysa kanila. 15 Kaya bumaba ako mula sa naglalagablab na bundok, tangan sa aking mga kamay ang dalawang tapyas ng Pakikipagtipan. 16 At nakita ko: nagkasala nga kayo kay Yaweng inyong Diyos, at gumawa kayo ng guyang tinunaw na metal. Kay dali ninyong lumihis mula sa daang iniutos sa inyo ni Yawe! 17 Kayat hinawakan ko ang dalawang tapyas na bato at ibinalibag ang mga ito, at nadurog ang mga ito sa paningin ng lahat.

18 Pagkatapos, nagpatirapa ako sa harap ni Yawe, at tulad noong una, apatnapung araw at apatnapung gabi akong hindi kumain ni uminom dahil sa lahat ng kasalanan ninyo sa paggawa ng masama sa paningin ni Yawe hanggang

---

• **9**.6 Ang Israel ay *isang bayang matigas ang ulo.* Ganito natin isinasalin ang pananalitang "bayang matigas ang batok", o mahirap akayin. Panunumbat lang kaya ito? Mula sa simula'y isa nang bayang may kasarinlan ang Israel at lubhang ipinaglalaban ang kanyang kalayaan. Hindi nila kailanman sinamba ang kanilang mga pinuno kundi lagi nang nakikipagtalo at nakikipag-away sa lahat, kahit na sa Diyos. Ang talinhaga ng waldas na anak ay tumutulong sa atin na maunawaan kung bakit mahal na mahal ng Diyos ang bayang ito at kung bakit hanggang ngayo'y ito pa rin ang "panganay na anak" ng Diyos sa lahat ng bansa sa lupa.

siya ay magalit. [19]Natakot ako dahil sa galit at poot ni Yawe sa inyo sapagkat gusto niya kayong puksain. Ngunit muli akong pinakinggan ni Yawe.

[20]Galit na galit din si Yawe kay Aaron para puksain siya. Kaya ipinanalangin ko rin noon si Aaron. [21]Tungkol naman sa kasalanan – ang guyang iyon na ginawa ninyo – kinuha ko iyon at inihagis sa apoy, dinurog at giniling na simpino ng alabok. Itinapon ko ang pulbos sa ilog na umaagos pababa sa bundok.

[22]Ginalit din ninyo si Yawe sa Tabera at Massa, at sa Kibrothatava. [23]At nang paalisin kayo ni Yawe sa Kades-Barnea, sinabi niyang – Umahon kayo at angkinin ang lupaing bigay ko sa inyo – ngunit muli kayong naghimagsik sa utos ni Yaweng inyong Diyos. Hindi ninyo pinaniwalaan si Yawe, ni pinakinggan ang kanyang tinig. [24]Naging mapaghimagsik na kayo kay Yawe mula pa sa araw na makilala ko kayo.

[25]Kaya apatnapung araw at apatnapung gabi akong nagpatirapa sa harap ni Yawe sapagkat sinabi ni Yaweng pupuksain niya kayo. [26]Nanalangin ako kay Yawe, at sinabi – O Yaweng Panginoon, huwag mong puksain ang iyong sambayanan, ang sarili mong ari-arian na tinubos mo sa iyong kadakilaan at inilabas mula sa Ehipto nang may malakas na kamay. [27]Alalahanin mo ang iyong mga lingkod na sina Abraham, Isaac at Jacob. Huwag mong tingnan ang katigasan ng ulo ng bayang ito, o ang kanilang kasamaan o kasalanan, [28]kung hindi'y sasabihin ng bansang pinagkunan mo sa amin – Hindi nakaya ni Yawe na dalhin sila sa lupaing ipinangako niya sa kanila at ayaw na niya sa kanila kaya niya sila inilabas para patayin sa disyerto. [29]Ngunit sila ang iyong sambayanan, ang sarili mong ari-arian na inilabas mo sa pamamagitan ng iyong malakas na kapangyarihan at ng iyong nakaunat na bisig.

**10** [1]Nang panahong iyon, sinabi sa akin ni Yawe – Suminsel ka ng dalawang tapyas na bato tulad ng una, at umahon ka rito sa akin sa bundok. Gumawa ka rin ng isang kabang yari sa kahoy. [2]Isusulat ko sa mga tapyas ang mga salitang nasa unang mga tapyas na sinira mo. At ilalagay mo ang mga ito sa kaban.

[3]Kaya gumawa ako ng kabang yari sa kahoy na akasya, at suminsel ng dalawang tapyas na bato tulad ng una. At umahon ako sa bundok, hawak ang dalawang tapyas. [4]Isinulat naman ni Yawe sa mga tapyas ang isinulat niya noon sa una, ang sampung salitang sinabi niya sa inyo sa bundok mula sa apoy, sa Araw ng Pagtitipon. At ibinigay sa akin ni Yawe ang mga ito.

[5]Nang bumaba ako mula sa bundok, inilagay ko ang mga tapyas sa kabang ginawa ko, at naroroon ang mga ito gaya ng iniutos sa akin ni Yawe.

[6]Nagpunta ang mga anak ng Israel sa mga balon ng Bene-Yakan, at dumaan sa Mosera. Doon namatay si Aaron, at doon din siya inilibing; at ang kanyang anak na si Eleazar ang humalili sa kanya bilang pari. [7]Mula roon, naglakbay sila sa Gudgoda, at mula sa Gudgoda patungong Yotbata na lupain ng mga ilog at mga bukal. [8]Noon ibinukod ni Yawe ang tribu ni Levi upang sila ang bumuhat sa Kaban ng Pakikipagtipan ni Yawe, at tumayo sa harap ni Yawe at maglingkod sa kanya, at magbasbas sa pagtawag sa kanyang Pangalan, tulad ng ginagawa nila hanggang ngayon. [9]Kaya walang kaparte si Levi sa pamana ng kanyang mga kapatid. Si Yawe ang kanyang mana, tulad ng sinabi sa kanya ni Yaweng iyong Diyos.

[10]At apatnapung araw at apatnapung gabi akong nanatili sa bundok, at pinakinggan din ako ni Yawe noon, at hindi niya niloob na puksain ka. [11]At sinabi sa akin ni Yawe – Tumindig ka at pamunuan ang sambayanang ito upang makapasok sila at maangkin ang lupaing ipinangako ko sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa kanila.

### Paglingkuran at mahalin ang Diyos

• [12]At ngayon, Israel, ano pa ang hinihingi sa iyo ni Yaweng iyong Diyos kundi ang magkaroon ka ng pitagan kay

---

• **10.**12 Inilalahad dito ang dalawang utos na pinag-isa naman ni Jesus.

*Mahalin mo ang Diyos at paglingkuran siya nang buo mong puso at nang buo mong kaluluwa.* Pag-ibig na sagot sa pag-ibig ng Diyos: "Sapagkat ibinuklod ni Yawe ang kanyang sarili sa iyong mga magulang. Minahal niya sila, at pagkatapos ay kayo naman ang minahal niya." Pansinin ang pagkakasunud-sunod na ito: ang Diyos ang unang nagmamahal at pumipili, at saka natin sinasagot ang kanyang pag-ibig at sinisikap itong ipahayag sa ating pagsunod. Una ang awa ng Diyos, at gaya ng ipaaalaala sa atin ni Pablo, walang sinumang makapagmamagaling ng kanyang mga kabutihan at karapatan sa harap ng Diyos (Rom 3:20).

*Dalisayin ang inyong mga puso.* Mas tumpak na sinasabi ng tekstong ito: *isagawa ang "pagtutuli"* ng puso (tingnan Genesis 17).

*Ang biyuda, ang ulila, ang dayuhan.* Pagmamahal sa mga nangangailangan ang sagot sa pag-ibig ng Diyos. Nang panahong iyon, sila mismo ang mga taong naghihikahos sa isang lipunang wala pang malinaw na panlipunang hanay ng mga tao. Subalit sa

Yaweng iyong Diyos at lumakad sa lahat
niyang daan? Mahalin mo siya at pag-
lingkuran si Yaweng iyong Diyos nang buo
mong puso at nang buo mong kaluluwa.
13 Tuparin ang mga utos ni Yawe at ang
kanyang mga tuntuning iniuutos ko sa iyo
ngayon para sa iyong kapakanan.

14 Tingnan mo! Kay Yaweng iyong
Diyos ang langit at ang himpapawid, ang
sangkalupaan at lahat ng naririto. 15 Ngu-
nit ang iyong mga ninuno lamang ang
inibig mahalin ni Yawe. Pinili niya ang
kanilang mga inapo na sumunod sa kanila
– kayo mismo – mula sa lahat ng bansa,
tulad ngayon.

16 Dalisayin ninyo ang inyong mga puso
at huwag nang maging matigas ang ulo
kay Yawe 17 sapagkat si Yaweng inyong
Diyos ang Diyos ng mga diyos at Pangi-
noon ng mga panginoon. Diyos na dakila,
malakas at kagila-gilalas! Wala siyang
kinikilingan at hindi siya tumatanggap ng
suhol. 18 Iginagawad niya ang katarungan
sa mga ulila at mga biyuda; at mahal niya
ang mga dayuhan, binibigyan niya sila ng
pagkain at damit. 19 Kaya mahalin mo ang
mga dayuhan sapagkat naging dayuhan
din kayo sa lupain ng Ehipto. 20 Magka-
roon ka ng pitagan kay Yaweng iyong
Diyos, paglingkuran siya, kumapit sa
kanya at tawagin ang kanyang Pangalan
sa iyong panunumpa. 21 Siya ang iyong
dangal, siya ang iyong Diyos na gumawa
para sa iyo ng mga dakila at kagila-gilalas
na bagay na iyon na nakita ng iyong mga
mata. 22 Pipitumpung katao lamang ang
iyong mga ninuno nang bumaba sila sa
Ehipto, ngunit ngayo'y ginawa ka ni
Yaweng sindami ng mga bituin sa langit.

**11** • 1 Kaya mahalin mo si Yaweng
iyong Diyos at tuparin sa lahat ng
araw ang ipinag-utos niya sa iyo – ang
kanyang mga tuntunin, mga batas at mga
utos. 2 Kayong mga kausap ko ngayon
ang may-alam nito. At hindi sa inyong
mga anak na hindi nakakita at di naka-
alam sa pagdisiplina ni Yaweng inyong
Diyos, ni sa kanyang kadakilaan, sa kan-
yang malakas na kamay at nakaunat na
bisig. 3 Pero kayo ang nakasaksi sa mga
tanda at mga kababalaghang ginawa niya
sa Ehipto laban kay Paraong hari ng
Ehipto at sa buong bayan niya. 4 At pati sa
ginawa niya sa hukbo ng Ehipto, sa mga
kabayo at mga karwahe nito nang tabu-
nan niya sila sa mga tubig ng Dagat ng
Mga Tambo sa paghabol nila sa inyo. At
pinuksa nga sila ni Yawe hanggang sa
araw na ito.

5 Alalahanin din ninyo ang ginawa sa inyo ni
Yawe sa disyerto, hanggang makarating kayo sa
lugar na ito, 6 ang ginawa niya kina Datan at
Abiram na mga anak ni Eliab mula sa tribu ng
Ruben, nang ngumanga ang lupa at lulunin sila
mula sa buong Israel, kasama ang buo nilang
pamilya, ang kanilang mga tolda at lahat ng
may buhay na kanilang ari-arian. 7 Nakita ng
inyong mga mata ang lahat ng dakilang bagay
na ito na ginawa ni Yawe. 8 Kaya tuparin ninyo
ang lahat ng utos na iniuutos ko sa iyo ngayon
upang lumakas kayo at makapasok at maang-
kin ang lupaing inyong pupuntahan. 9 At hahaba
ang inyong buhay sa lupaing ipinangako ni
Yawe sa inyong mga ninuno na ibibigay sa

---

daigdig natin ngayo'y may buong mga hanay at mga bayan ang nasa sitwasyon ng biyuda, ulila at dayuhan ng mga panahong iyon.

Sa kasalukuyang panahon, ang pagmamahal na ito sa mga nangangailangan ay madalas na nangangahulugan ng pagtatalaga ng sarili sa mga mas mababang hanay sa lipunan. *Ang Diyos ang maggagawad sa kanila ng katarungan.* Kung hindi natin alam kung paano kusang makakamit ang katarungang ito sa pamamagitan ng mga paraang itinuturo ng Ebanghelyo, ang Diyos ang siyang maggagawad ng katarungan sa mas radikal na paraan.

• **11.1** "Sinasabi ko sa inyo na nakasaksi sa mga himala: tandaan ninyo." Inuulit ang parehong mga aral. Patuloy na magiging panatag ang Israel sa lupain nito kung hindi kalilimutan ng mga darating na salinlahi ang ginawa ni Yawe para sa kanilang mga ninuno. Kaya ang mga nakasaksi sa mga kahanga-hangang gawa ng Diyos ay may obligasyong ituro ang mga iyon sa kanilang mga anak.

Hindi isang doktrina ang pananampalataya kundi ang pagdiskubre sa Diyos na kumikilos, sa Diyos na tagapagpalaya. Nakikita natin siya sa ating buhay, sa buhay ng pamayanang Kristiyano na bumabago sa mga nakikipag-ugnayan dito.

kanila at sa kanilang inapo, lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan.

10 Sapagkat ang lupaing pupuntahan ninyo para angkinin ay di tulad ng lupain ng Ehipto na inyong pinanggalingan. Pagkapaghasik mo roo'y kailangan ka pang magdilig sa pamamagitan ng lakas ng iyong mga bisig, tulad sa isang gulayan. 11 Subalit ang lupaing pupuntahan mo para angkinin ay lupain ng mga bundok at mga lambak na ulang galing sa langit ang iinom ng lupa. 12 Alaga ni Yaweng iyong Diyos ang lupaing iyon at laging nakatuon dito ang mga mata ni Yaweng iyong Diyos mula sa simula hanggang katapusan ng taon.

13 Kung susundin ninyong mabuti ang mga utos na iniuutos ko sa inyo ngayon, kung mamahalin ninyo si Yaweng inyong Diyos at paglilingkuran siya nang buo ninyong puso at nang buo ninyong kaluluwa, 14 bibigyan ko ng ulan ang inyong lupain sa panahon nito, sa panahon ng taglagas at tagsibol, at aanihin ninyo ang inyong trigo, bagong alak at langis. 15 Bibigyan ko ng damo ang iyong parang para sa iyong mga hayop at kakain ka hanggang mabusog. 16 Pakaingatan ninyong huwag maengganyo ang inyong puso. Kung lilihis kayo at maglilingkod sa ibang mga diyos at yuyuko sa kanila, 17 magaapoy laban sa inyo ang galit ni Yawe. Sasarhan niya ang langit at hindi na uulan, hindi na mamumunga ang lupa at dagli kayong maglalaho sa magandang lupaing ibinibigay sa inyo ni Yawe.

18 Itanim ninyo sa inyong mga puso't kaluluwa ang mga salita kong ito. Itatak mo ang mga ito sa inyong kamay bilang tanda at maging paalala sa pagitan ng inyong mga mata. 19 Ituro ninyo ang mga ito sa inyong mga anak. Pag-usapan ang mga ito maging sa pag-upo mo sa iyong tahanan o sa iyong paglakad, sa iyong paghiga at sa iyong pagbangon. 20 Iukit mo ang mga ito sa mga haligi ng pinto ng iyong bahay at sa mga pintuan ng iyong siyudad. 21 At mabubuhay kayo nang matagal pati ang inyong mga anak sa lupaing ipinangako ni Yawe sa inyong mga ninuno na ibibigay sa kanila. At mananatili ka roon habang ang langit ay nasa itaas ng lupa.

22 Sapagkat kung tutuparin ninyong mabuti ang lahat ng utos na ito na iniuutos kong isabuhay ninyo, ang mahalin si Yaweng Diyos ninyo at lumakad sa lahat niyang daan at kumapit sa kanya, 23 itataboy ni Yawe ang lahat ng bansang ito sa harap ninyo, at maaagaw ninyo ang lupain sa mga bansang mas malaki at mas malakas kaysa inyo.

24 Magiging inyo ang lahat ng tuntungan ninyo, masasakop ninyo mula sa disyerto hanggang Lebanon, at mula sa Ilog Eufrates hanggang sa dagat sa kanluran. 25 Walang sinumang makatatayo laban sa inyo. Saanman kayo pumunta, ilalatag ni Yaweng inyong Diyos ang takot at pagkasindak sa inyo sa buong lupain, gaya ng sabi niya sa inyo.

• 26 Tingnan ninyo, inihaharap ko sa inyo ngayon ang pagpapala at ang sumpa. 27 Pagpapala kung susundin ninyo ang mga utos ni Yaweng inyong Diyos na iniuutos ko sa inyo ngayon, 28 at sumpa kung susuwayin ninyo ang naturang mga utos ni Yaweng Diyos ninyo at lilihis mula sa daang iniuutos ko sa inyo ngayon upang sumunod sa ibang mga diyos na hindi naman ninyo kilala. 29 Kapag dinala na kayo ni Yaweng inyong Diyos sa lupaing pupuntahan ninyo para angkinin, magkasabay ninyong ipapahayag ang pagpapalang ito sa Bundok Garizim at ang sumpang ito sa Bundok Ebal. 30 (Nasa kabilang ibayo ng Jordan ang mga bundok na ito, sa kabila ng daang pakanluran, sa lupain ng mga Kananeong nasa Araba, sa tapat ng Gilgal, malapit sa malalaking puno ng More.) 31 Tatawid kayo ngayon sa Jordan para puntahan at angkinin ang lupaing ibinibigay sa inyo ni Yaweng inyong Diyos. Angkinin ninyo ito at dito kayo manirahan. 32 At tuparin ninyong mabuti ang lahat ng tuntunin at batas na inihaharap ko sa inyo ngayon.

### Magkaroon ng iisang santuwaryo lamang

**12** • 1 Ito ang mga tuntunin at mga batas na dapat mong isabuhay nang mabuti sa lahat ng araw ng iyong buhay sa lupaing bigay sa iyo ni Yaweng Diyos ng iyong mga ninuno para angkinin.

---

Sa anumang dantaon, ang paraan ng mga magulang para hubugin at turuan sa pananampalataya ang kanilang mga anak ay ang pagbabahagi sa mga ito ng mga personal na karanasan nila sa relihiyon at pagpapakita kung paano nila natagpuan ang Diyos na buhay. Isinasalin o ipinapasa ang pananampalataya sa isa't isa.

• 26. Ang Pakikipagtipang ipinagdiwang ni Josue (Josue 8:30) ang ipinahihiwatig dito.

• **12.1** Nagsisimula sa kabanata 12 ang mga batas na dapat umiral sa Israel para maging tunay na bayan ito ng Diyos.

Ang una ay ang pagwasak sa mga sagradong lugar

2 Ganap ninyong wasakin ang lahat ng
lugar kung saan pinaglingkuran ng mga
bansang ito ang kanilang mga diyos, sa
matataas na bundok at mga burol, at sa
lilim ng lahat ng malalabay na puno.
3 Gibain ninyo ang kanilang mga altar at
durugin ang kanilang mga sagradong
bato; sunugin ang kanilang mga sag-
radong poste at durugin ang mga nililok
na imahen ng kanilang mga diyos, at
burahin ang pangalan ng mga ito sa mga
lugar na iyon.

4 Huwag ninyong gagawin ang gayon
para kay Yaweng inyong Diyos, 5 sa-
pagkat siya mismo ang pipili ng lugar
mula sa lahat ninyong tribu upang doon
ilagay ang kanyang Pangalan at doon
manahan. Doon ka pupunta para hanapin
si Yaweng inyong Diyos.

6 Doon ninyo dadalhin ang inyong mga
susunuging-handog at mga hain, ang in-
yong mga ikapu at mga alay, ang inyong
mga panata at mga kusang-loob na han-
dog, ang mga unang anak ng inyong mga
bakahan at tupahan.

7 Doon kayo kakain sa harap ni Yaweng
inyong Diyos, at magpipiyesta kasama ng
inyong mga pamilya, sa abot-kaya mo –
ang pagpapala sa iyo ni Yaweng iyong
Diyos. 8 Huwag ninyong gagawin ang
ginagawa natin ngayon dito, bawat isa sa
inaakala niyang tama sa sarili niyang
paningin. 9 Sapagkat hanggang ngayo'y
hindi pa kayo dumarating sa kapahi-
ngahan at sa pamanang ibinibigay sa iyo
ni Yaweng iyong Diyos.

10 Pagkatawid ninyo sa Jordan at nakatira na
sa lupaing ibibigay sa inyo ni Yaweng inyong
Diyos bilang pamana, bibigyan niya kayo ng
kapahingahan mula sa lahat ninyong kaaway sa
inyong paligid at mabubuhay kayo nang mati-
wasay. 11 At dadalhin ninyo sa lugar na pipiliin ni
Yaweng inyong Diyos bilang tirahan ng kanyang
Pangalan ang lahat ng iniuutos ko sa inyo: ang
inyong mga susunuging-handog at mga hain,
ang inyong mga ikapu at ang alay ng inyong
mga kamay, at lahat ng piling handog na ipina-
ngako ninyo't sinumpaan kay Yawe. 12 Doon
kayo magpipiyesta sa harap ni Yaweng inyong
Diyos, kayo at ang inyong mga anak at ang
inyong mga alipin, pati ang Levitang nasa
inyong mga bayan sapagkat wala siyang kapar-
teng mana sa inyo.

• 13 Huwag sanang mangyari na ialay mo ang
iyong mga susunuging-handog sa lahat ng lugar
na magustuhan mo. 14 Ngunit tanging sa lugar
lamang na pipiliin ni Yawe sa isa sa iyong mga
tribu mo iaalay ang iyong susunuging-handog,
at doon mo rin gagawin ang lahat ng iniuutos ko
sa iyo.

15 Gayon man, makapagkakatay ka ng ha-
yop at makakakain ng karne hanggang gusto
mo sa lahat mong siyudad ayon sa pagpapalang

---

ng mga pagano. Sa gitna ng mga puno sa tuktok ng mga burol itinayo ang mga lugar na ito. Isang poste ang nakalagay roon sa gitna ng nakatayong mga bato.

Ang pangalawang kautusan ay ang di pagkakaroon ng ibang templo liban sa nasa Jerusalem. Dahil sa mga abusong bunga ng pagdami ng mga lugar ng pagsamba, nagawa ng mga paring Judio na magkaroon ng pagkakaisa sa relihiyon sa paligid ng Templo sa Jerusalem. Ang pag-isa ng kulto ay bahagi ng malaking proyekto ni Haring Yosias: ang muling pag-isahin ang matandang kaharian sa hilaga ng kaharian ng Juda (1 K 23:8-9).

Bakit iisang Templo lamang ang gusto ng Diyos? Waring dahil din sa parehong mga dahilan kung bakit sa isang angkan lamang ng mga hari na pamilya ni David niya gustong gawin ang kanyang mga pangako. Dahil ito sa kailangang maging tanda ng pagkakaisa sa mundo, una, ang Israel, at pagkatapos ay ang Iglesya. Kung totoo mang puwedeng kausapin ng tao ang Diyos sa bawat sandali at sa anumang paraang iniaatas ng kanyang pananampalataya, kailangan naman niyang igalang ang kalooban ng Diyos na iisang bayan lamang ang maglilingkod sa kanya sa Iisang Bahay niya na kanyang Iglesya.

• 13. Pinagtitibay ng talata 12:13-19 ang pagkakaiba ng pagkatay sa mga hayop para ialay ang mga ito bilang handog na sa Templo sa Jerusalem lamang ipinahihintulot, at ng pagkatay sa mga ito para karnihin na magagawa saan mang lugar.

Mula 12:29 hanggang 13:19. Panibagong babala laban sa panganib ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. *Kayat mapapawi mo ang kasamaan sa iyong piling* (13:6). Aalalahanin ni Pablo ang mga salitang ito sa 1 Cor 5:13 sa pagsasabi niya sa pamayanang Kristiyano na palayasin ang nagbibigay ng masasamang halimbawa at ayaw magbagong-buhay. Tulad ng sinasabi tungkol sa Josue 6, ang utos na itong patayin ang mga pasimuno ng pagsamba sa mga diyus-diyusan ay mula sa katiyakang pinakamahalaga sa buong mundo ang pananampalataya ng Israel. Hindi mapapayagan ng bayang pinili ng Diyos na mahawahan ng pagkakamali ng sangkatauhan ang kanilang pananampalataya para sa anumang halaga o dahilan.

bigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos; maka-
kakain nito kapwa ang di-malinis at ang malinis,
na parang karne ng gasela o usa. 16 Ngunit
huwag ninyong kakanin ang dugo, kundi ibuhos
ninyo itong parang tubig sa lupa.
17 Hindi mo makakain sa iyong mga siyudad
ang ikapu ng iyong trigo, at ng iyong bagong
alak at langis, at ang mga unang anak ng iyong
bakahan at tupahan, at alinman sa iyong mga
ipinanata at mga kusang-loob na handog, at ang
alay ng iyong kamay. 18 Sa harap ni Yaweng
iyong Diyos mo lamang makakain ang mga ito,
sa lugar na pipiliin ni Yaweng iyong Diyos, ikaw
at ang iyong mga anak at mga alipin at ang
Levitang kapiling mo. At magpipiyesta ka sa
harap ni Yaweng iyong Diyos sa abot-kaya mo.
19 Huwag sanang mangyari na pabayaan mo ang
Levita habang nabubuhay ka sa iyong lupain.
20 Kapag pinalawak na ni Yaweng iyong
Diyos ang iyong mga hangganan tulad ng ipi-
nangako niya sa iyo, at gusto mong kumain ng
karne, makakakain ka ng karne hanggang
gusto mo. 21 Kung napakalayo sa iyo ang lugar
na pinili ni Yaweng iyong Diyos bilang tirahan ng
kanyang Pangalan, makapagkakatay ka sa
iyong bakahan o tupahang bigay sa iyo ni Yawe,
tulad ng iniutos ko sa iyo. At makakakain ka sa
loob ng iyong mga siyudad hanggang gusto mo,
22 ngunit kakanin mo ito tulad sa pagkain ng
karne ng gasela o usa; lahat ay makakakain nito
– di-malinis man o malinis. 23 Tiyakin lamang na
huwag kainin ang dugo, sapagkat ang dugo at
buhay ay iisa, at hindi mo dapat kanin ang buhay
kasama ang laman. 24 Huwag mo itong kainin
kundi ibuhos itong parang tubig sa lupa. 25 Hindi
mo ito dapat kainin upang mapabuti ka at ang
iyong mga anak na susunod sa iyo dahil ga-
gawin mo ang tama sa mata ni Yawe.
26 Dalhin mo ang mga bagay na ibinukod mo
at ipinanata bilang handog kay Yawe, at pumun-
ta ka sa lugar na pipiliin ni Yawe. 27 Doon mo
iaalay ang iyong mga susunuging-handog, ang
karne at ang dugo, sa altar ni Yaweng iyong
Diyos. Ibuhos mo sa altar ni Yaweng iyong Diyos
ang dugo ng iyong mga hain, at kanin ang karne.
28 Pakinggan mong mabuti ang lahat ng sali-
tang ito na iniuutos ko sa iyo upang lagi kang
mapabuti at ang iyong mga anak na susunod sa
iyo, dahil gagawin mo ang mabuti at tama sa
mata ni Yaweng iyong Diyos.
29 Pupuksain ni Yaweng iyong Diyos sa harap
mo ang mga bansang pupuntahan mo para
angkinin, at maaangkin mo nga ang mga iyon
at mamamayan sa kanilang lupain. 30 Huwag
sanang mangyari na mahulog ka sa bitag at
sumunod sa kanila matapos silang mapuksa sa
harap mo. Huwag mong hanapin ang kanilang
mga diyos at isiping – Paano ba pinaglingkuran
ng mga bansang ito ang kanilang mga diyos?
Ganoon din ang gagawin ko.
31 Huwag mong gagawin iyon para kay
Yaweng iyong Diyos, sapagkat ginawa na nila sa
kanilang mga diyos ang lahat ng kinasusukla-
man at kinamumuhian ni Yawe; sinunog nila
kahit ang kanilang mga anak para sa kanilang
mga diyos.

**Huwag lumayo sa pananampalataya**

**13** • 1 Isagawa ninyong mabuti ang
lahat ng iniuutos ko sa inyo, huwag
itong dagdagan o bawasan.
2 Kung may lumitaw na propeta sa
piling mo o isang nakakakita ng mga
panaginip at bigyan ka ng isang tanda o
kababalaghan, 3 at kung magkatotoo nga
ang tanda o kababalaghang sinabi niya sa
iyo, at sabihing – Tayo nang sumunod sa
ibang mga diyos na hindi ninyo kilala, at
paglingkuran natin sila. – 4 huwag mong
pakinggan ang mga salita ng propeta o ng
nakakakita ng mga panaginip na iyon,
sapagkat sinusubok kayo ni Yaweng
inyong Diyos para malaman kung mahal
nga ninyo si Yaweng inyong Diyos nang
buo ninyong puso at nang buo ninyong
kaluluwa.
5 Kay Yaweng inyong Diyos ka lamang su-
sunod, sa kanya ka magkakaroon ng pitagan.
Tuparin mo ang kanyang mga utos, pakinggan
ang kanyang tinig, paglingkuran siya at sa
kanya kumapit.
6 At patayin ang propeta o ang nakakakita ng
mga panaginip na iyon, sapagkat nagsalita siya
ng paghihimagsik laban kay Yaweng inyong
Diyos na naglabas sa inyo mula sa lupain ng
Ehipto at tumubos sa iyo mula sa bahay ng

---

• **13.1** May ilang propetang makagagawa ng mga tanda at kababalaghan: kung ito ay para lumayo kay Yawe, isa siyang manloloko. Gusto ba ng Diyos na magpalit tayo ng relihiyon para pumunta sa inaakala nating may mga milagro? Binibigyang-diin ng teksto na ang Salita ng Diyos at ang kanyang mga utos ang siya lamang batayan ng ating pananampalataya: sumasampalatay tayo hindi dahil nakakita tayo ng mga tanda at kababalaghan (Jn 4:46) kundi dahil nagsalita ang Diyos.

pagkaalipin, sapagkat nais ka niyang ilihis sa
daang iniutos sa iyo ni Yaweng iyong Diyos na
tahakin mo. Kayat mapapawi mo ang kasamaan
sa iyong piling.

7 Kung palihim kang hikayatin ng iyong ka-
patid na anak ng iyong ina, o ng iyong anak na
lalaki o babae, o ng iyong asawang nasa kan-
dungan mo, o ng iyong matalik na kaibigan, at
sabihin sa iyo – Tayo nang maglingkod sa ibang
mga diyos na hindi mo kilala ni ng iyong mga
ninuno, 8 mga diyos ng mga bansang nakapa-
libot sa inyo, malapit man o malayo sa iyo, sa
magkabilang dulo ng daigdig, 9 huwag kang
umoo ni makinig sa kanya. Huwag kang maawa
sa kanya; huwag mo siyang patatawarin at
huwag pagtatakpan. 10 Ngunit patayin mo siya,
at ang kamay mo ang mauuna sa pagpapataw
sa kanya ng kamatayan, at susunod pagkatapos
mo ang buong sambayanan. 11 Batuhin siya
hanggang mamatay, sapagkat tinangka niyang
ilayo ka kay Yaweng iyong Diyos na naglabas sa
iyo mula sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng
pagkaalipin. 12 At maririnig ito ng buong Israel at
matatakot, at wala nang muling gagawa ng
ganitong kasamaan sa piling mo.

13 Kung may magsabi sa iyo sa isa sa iyong
mga siyudad na ibinibigay sa iyo ni Yaweng
iyong Diyos para tirhan – 14 May lumitaw doong
ilang anak ni Belial at naengganyo nila ang mga
naroon sa kanilang siyudad na sumama sa
kanila at sumunod sa ibang mga diyos na hindi
ninyo kilala. – 15 Buong ingat mo itong siyasatin
at imbestigahang mabuti. At kung totoo nga ito,
at napatunayang ginawa nga nila sa piling mo
ang kasuklam-suklam na bagay na ito, 16 puk-
sain mo para sa Diyos ang siyudad at lahat ng
naroroon, tagain ang mga nakatira roon at lahat
ng hayop. 17 Ipunin mo sa gitna ng liwasan ang
lahat ng nasamsam dito at sunugin ang siyudad
pati ang lahat ng nasamsam para kay Yaweng
iyong Diyos. Magiging bunton iyon ng mga guho
magpakailanman, at kailanma'y di na muling
itatayo.

18 Hindi dapat dumikit sa iyong kamay ang
alinman sa mga anatemang iyon upang mag-
lubag ang matinding galit ni Yawe at mahabag
sa iyo at maawa at paramihin ka tulad ng
ipinangako niya sa iyong mga ninuno 19 sapag-
kat pinakinggan mo ang tinig ni Yaweng iyong
Diyos para tuparin ang lahat niyang utos na
iniuutos ko sa iyo ngayon, at para gawin ang
tama sa mata ni Yaweng iyong Diyos.

**14** 1 Mga anak kayo ni Yaweng inyong
Diyos.

Huwag ninyong hiwain ang inyong sarili o
ahitin ang buhok sa inyong noo para sa mga
patay. 2 Isa kang bayang banal para kay Yaweng
iyong Diyos, at si Yawe ang pumili sa iyo upang
maging bayan niya, isang natatanging pag-aari
mula sa mga bansa sa balat ng lupa.

**Mga hayop na "malinis" at "di-malinis"**

• 3 Huwag kang kakain ng anumang ka-
suklam-suklam na bagay. 4 Narito ang mga
hayop na makakain ninyo: baka, tupa, kam-
bing, 5 usa, gasela, kambing-bundok, antilope,
bupalo, at ang tupang-gubat. 6 Makakain ninyo
ang anumang hayop na ngumunguya, may
kuko at biyak ang mga paa.

7 Ngunit sa mga hayop na ngumunguya o
may kuko at biyak ang mga paa, hindi ninyo
makakain ang sumusunod: kamelyo, kuneho at
kunehong-bundok sapagkat ngumunguya nga
sila pero hindi naman biyak ang paa. Di-malinis
ang mga ito para sa inyo. 8 Gayon din ang baboy
sapagkat biyak nga ang paa nito pero hindi
naman ngumunguya; di-malinis ito para sa
inyo. Huwag ninyong kanin ang karne ng mga
ito, ni hipuin man ang patay na katawan ng mga
ito.

9 Ito naman ang makakain ninyo sa mga
hayop na nasa tubig: lahat ng may palikpik at
kaliskis. 10 Ngunit huwag ninyong kakanin ang
anumang walang palikpik at kaliskis; di-malinis
ang mga ito para sa inyo.

11 Makakain ninyo ang lahat ng malinis na
ibon. 12 Subalit huwag ninyong kakanin ang alin-
man sa mga ito: agila, buwitreng negro, bu-
witreng balbon, 13 lawin, iba't ibang klase ng
falcon 14 at lahat ng klase ng uwak, 15 ostrits,
kuwagong higante, ibong-dagat, at lahat ng
klase ng lawin, 16 kuwagong-liit, kuwagong tain-
gahan at kuwagong kamalig, 17 pelikan, ku-
wago, buwitreng Ehipto, 18 tagak, iba't ibang
klase ng bakaw, paniki at kabag. 19 Di-malinis
para sa inyo ang lahat ng kulisap na lumilipad,
huwag ninyong kanin ang mga ito. 20 Subalit
makakain ninyo ang lahat ng malinis na ibon.

21 Huwag ninyong kakanin ang anumang
hayop na namatay. Maibibigay ninyo ito sa
dayuhang nasa inyong piling para makain niya,
o maipagbibili ito sa isang banyaga. Sapagkat
kayo'y bayang banal kay Yaweng iyong Diyos.

Huwag mong pakuluan ang batang kambing
sa gatas ng ina nito.

---

• **14.**3 Isa pang listahan ng mga hayop na "malinis" at "di-malinis" (tingnan Lev 11).

**Ang ikapu**

• [22]Ibukod mo taun-taon ang ikapu ng lahat
ng bunga ng iyong inihasik sa iyong mga
bukirin. [23]At kanin mo sa harap ni Yaweng iyong
Diyos sa lugar na pipiliin niyang panahanan ng
kanyang Pangalan ang ikapu ng iyong trigo, ng
iyong bagong alak at langis, ang mga unang
anak ng iyong bakahan at tupahan, upang
matuto kang magkaroong-pitagan kay Yaweng
iyong Diyos sa lahat ng araw.
[24]At kung napakahaba ng lalakbayin mo
para madala ito, dahil napakalayo sa iyo ang
lugar na pinili ni Yaweng iyong Diyos para
panahanan ng kanyang Pangalan, kapag pinag-
pala ka ni Yaweng iyong Diyos, [25]maipagbibili
mo iyon. Dalhin mo ang perang napagbilhan at
pumunta ka sa lugar na pinili ni Yaweng iyong
Diyos. [26]At doon ka bumili ng lahat ng gusto mo
– baka, tupa, alak, matapang na inumin –
anumang gusto mo. At doon ka kakain sa harap
ni Yaweng iyong Diyos, at magpipiyesta kayo,
ikaw at ang iyong sambahayan. [27]At huwag
mong pababayaan ang Levitang nasa iyong
mga siyudad sapagkat wala siyang kaparteng
pamana sa iyo.
[28]Tuwing ikatlong taon, ibubukod mo ang
mga ikapu ng lahat ng iyong ani sa taong iyon,
at itabi ang mga ito sa iyong mga siyudad. [29]At
darating at kakain at mabubusog ang Levitang
walang kaparteng pamana sa inyo pati ang
dayuhan, ang ulila at ang biyudang nasa iyong
mga siyudad. Kaya pagpapalain ka ni Yaweng
iyong Diyos sa lahat ng gawa ng iyong kamay.

**Ang taon ng pagpapatawad**

**15** [1]Tuwing pitong taon, patatawarin nin-
yo ang lahat ng pautang. [2]Ganito ninyo
ito gagawin: patatawarin ng sinumang may-
pautang ang kanyang kapwa, hindi na niya
sisingilin ang kanyang kapwa o kapatid, sa-
pagkat ipinahayag na ang pagpapatawad ng
utang para kay Yawe. [3]Masisingil mo ang da-
yuhan, subalit patatawarin mo ang anumang
utang sa iyo ng iyong kapatid. [4]Hindi dapat
magkaroon ng dukha sa piling mo kapag lubos
kang pinagpala ni Yawe sa lupaing ibinibigay
niya sa iyo para angkinin bilang pamana. [5]Kung
pakikinggan mong mabuti ang tinig ni Yaweng
iyong Diyos, at isasagawa ang lahat ng utos na
iniuutos ko sa iyo ngayon, [6]pagpapalain ka ni
Yaweng iyong Diyos tulad ng kanyang ipina-
ngako sa iyo. Ikaw ang magpapahiram sa ma-
raming bansa, ngunit hindi ka manghihiram;
ikaw ang maghahari sa maraming bansa, ngunit
hindi sila maghahari sa iyo.

**Mga pobre at mga alipin**

• [7]Kung may dukha sa isa sa mga
kapatid sa alinman sa iyong mga siyudad
sa iyong lupaing bigay sa iyo ni Yaweng
iyong Diyos, huwag maging matigas ang
iyong puso at huwag isara ang iyong
palad sa kapatid mong naghihikahos.
[8]Maging bukas-palad ka sa kanya at pa-
hiramin siya ng sapat para sa kanyang
pangangailangan.
[9]Huwag sanang mangyari na mag-isip
ka nang masama sa iyong puso – Malapit
na ang ikapitong taon, ang taon ng pag-
papatawad ng utang. – Kaya naman ti-
tingnan mo nang masama ang iyong ka-
patid na naghihikahos at hindi siya bi-
bigyan ng anuman. Baka dumaing siya
kay Yawe laban sa iyo, at magiging kasa-
lanan mo ito. [10]Tiyakin mong bigyan siya,
magbigay ka nang hindi masama sa
iyong loob, at pagpapalain ka ni Yaweng
iyong Diyos dahil dito, sa lahat ng gawa
ng iyong mga kamay.
[11]Sapagkat hindi kailanman mawa-
wala ang mga dukha sa lupang ito, kaya
iniuutos ko sa iyo – Maging bukas-palad

---

• 22. Tinatalakay sa 14:22-29 ang tungkol sa *mga ikapu* o ikasampung bahagi ng mga aning iniaalay sa Diyos. Ginagawa ng Deuteronomio ang pag-aalay bilang isang pundasyon ng buhay ng mananampalataya. Binibigyang-diin naman sa ibang bahagi ng Biblia na "mahabag ang matuwid, magbigay at magpahiram; at sa dakong huli'y mapapasakanya ang lupa" samantalang "nanghihiram naman ang di-makadiyos at di nagbabayad, at sa dakong huli'y pinalalayas sa lupa" (Slm 37). Hindi waldas ang marunong magbigay: kuntento siya sa kung anong meron siya at hindi kinukulang samantalang walang anumang makasasapat kailanman sa ayaw magbigay at hindi siya nasisiyahan (Kas 11:24). Tingnan din ang 2 Cor 9:6.

Pareho rin ang diwang nilalaman ng kabanata 15 tungkol sa taon ng pahinga o sabbat (tingnan Lev 25:1).

• **15**.7 Nahihirapan ang sumulat ng libro sa pagkakitang may mga dukha sa lupang iniregalo ng Diyos sa kanyang mga anak. Di ba't ibinigay ng Diyos sa lahat ang kanilang kinakailangan? Pero may mga pobre pa rin kayat hinihingi niya sa sumasampalataya na tulungan ang mga itong makalaya sa di-makataong kalagayan. Hindi ito nangangahulugan ng pagbibigay

ka sa iyong mga kapatid, at sa mga dukha at mga nangangailangang nasa iyong lupain.

12 Kung ipagbili ng kapatid mong Hebreo, lalaki man o babae, ang kanyang sarili sa iyo, maninilbihan siya sa iyo sa loob ng anim na taon. Ngunit palalayain mo siya sa ikapitong taon. 13 At kapag pinalaya mo siya, huwag mo siyang paalisin nang walang dala. 14 Bigyan mo siya mula sa iyong hayupan, sa iyong giikan, at sa iyong pisaan ng ubas; bigyan mo siya ayon sa pagpapalang kaloob sa iyo ni Yaweng iyong Diyos.

15 Alalahanin mong naging alipin ka sa lupain ng Ehipto, at tinubos ka ni Yaweng iyong Diyos, kaya iniuutos ko ito sa iyo ngayon.

16 Ngunit kung sabihin sa iyo ng iyong aliping lalaki – Ayaw kong umalis sa iyo – dahil mahal ka niya at ang iyong sambahayan, at alam niyang mapapabuti siya sa iyo, 17 kukuha ka ng pambutas at bubutasan mo sa pinto ang isa niyang tainga, at habang panahon mo na siyang magiging alipin. Ganito rin ang gagawin mo sa iyong aliping babae.

18 Huwag maging mabigat sa loob mo na palayain ang iyong alipin sapagkat doble sa upahang katulong ang naging paglilingkod niya sa iyo sa loob ng anim na taon, at pagpapalain ka ni Yaweng iyong Diyos sa lahat mong gawain.

19 Ibukod mo para kay Yaweng iyong Diyos ang lahat ng unang anak na lalaki ng iyong bakahan at tupahan. Hindi mo ipagtatrabaho ang unang anak ng iyong mga baka, at hindi gugupitan ang unang anak ng iyong tupa.

20 Kakanin mo ito taun-taon sa harap ni Yaweng iyong Diyos sa lugar na pinili ni Yawe, ikaw at ang iyong sambahayan. 21 At kung ito'y may anumang kapansanan, pilay o bulag kaya o anumang kapintasan, huwag mo itong iaalay kay Yaweng iyong Diyos. 22 Kakanin mo ito sa iyong mga siyudad, makakakain nito ang di-malinis at ang malinis, na parang karne ng gasela o usa. 23 Huwag mo lamang kakanin ang dugo nito; ibuhos mo itong parang tubig sa lupa.

**Ang tatlong piyesta sa Israel**

**16** • 1 Ipagdiwang ang buwan ng Abib sa pagdiriwang ng Paskuwa sa karangalan ni Yaweng iyong Diyos sapagkat sa buwan ng Abib ka inilabas ni Yaweng iyong Diyos mula sa Ehipto nang gabing iyon. 2 Maghahandog ka ng baka at tupa bilang Paskuwa kay Yaweng iyong Diyos sa lugar na pinili niya para panahanan ng kanyang Pangalan. 3 Huwag mo itong uulaman ng tinapay na may lebadura, kundi tinapay na walang lebadura ang kakanin mo sa loob ng pitong araw, ang tinapay ng pasakit, sapagkat nagmamadali kayong umalis sa lupain ng Ehipto. Kayat magugunita mo sa lahat ng araw ng iyong buhay ang araw ng pag-alis mo ang lupain ng Ehipto.

4 Sa loob ng pitong araw, walang lebadurang makikita sa buo mong lupain. Hindi rin dapat itira hanggang kinaumagahan ang karneng inihain mo sa dapithapon ng unang araw.

5 Huwag mong iaalay ang Paskuwa sa alinmang lunsod na ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos, 6 kundi sa lugar na pinili ni Yawe para panahanan ng kanyang Pangalan.

Doon mo iaalay ang Paskuwa sa pagtatakipsilim, sa paglubog ng araw, ang oras ng iyong paglabas mula sa Ehipto.

7 Ihawin mo iyon at kanin sa lugar na pinili ni Yaweng iyong Diyos. At umuwi ka sa iyong tolda kinaumagahan. 8 Anim na araw kang kakain ng tinapay na walang lebadura; at sa ikapitong araw, magkakaroon ng maringal na pagtitipon sa karangalan ni Yaweng iyong Diyos at hindi ka magtatrabaho.

9 Bumilang ka ng pitong linggo mula sa simula ng paggapas ng trigo. 10 At ipagdiwang

---

sa kanila ng isang platong kanin at ulam para sa araw na ito kundi pagpapahiram sa kanila ng kinakailangan nila para makapagsimulang muli, para linangin ang lupa ng kanilang mga ninuno at makapaghanapbuhay nang may dangal. Alam ng mga Israelita na kinakansela tuwing ikapitong taon ang lahat ng utang. Gayunpama'y nagpapahiram pa rin sila.

• **16.**1 Katulad ng nasasaad sa Lev 23 ang sinasabi rito tungkol sa mga piyesta. Pansinin ang pagbibigay-diin sa obligasyong ipagdiwang ang piyestang ito "sa lugar na pinili ni Yawe", ibig sabihi'y sa Jerusalem. Kaya naman nagpupunta sa Jerusalem ang mga Judio, kahit man lang para sa pagdiriwang ng Paskuwa. Susundin mismo ni Jesus ang Batas na ito na umoobliga sa lahat ng lalaki mula dose anyos pataas (tingnan Lucas 2:41). Mababasa natin sa iba't ibang bahagi ng Ebanghelyo: "Umahon si Jesus sa Jerusalem para sa Piyesta" (Juan 2:13; 5:1).

mo ang Piyesta ng Pitong Sanlinggo para kay
Yaweng iyong Diyos, sa pagbibigay ng mga
kusang-loob na handog ayon sa pagpapala sa
iyo ni Yaweng iyong Diyos.
11 At magpipiyesta ka sa harap ni Yaweng
iyong Diyos sa lugar na pinili ni Yaweng iyong
Diyos upang panahanan ng kanyang Pangalan,
ikaw at ang iyong mga anak, ang iyong mga
alipin at ang Levitang nasa iyong mga lunsod,
ang dayuhan, ang ulila at ang biyudang kapiling
mo. 12 Alalahanin mong naging alipin ka sa
Ehipto, at pakaingatan mong isabuhay ang mga
tuntuning ito.
13 Pitong araw mong ipagdiwang ang Piyesta
ng mga Tolda, pagkatapos mong matipon ang
ani mula sa iyong giikan at pisaan ng ubas.
14 Magdiwang ka sa piyesta mong ito – ikaw at
ang iyong mga anak, ang iyong mga alipin at
ang Levita, ang dayuhan, ang ulila at ang biyu-
dang nasa iyong mga lunsod. 15 Pitong araw
kang magpipiyesta sa karangalan ni Yaweng
iyong Diyos sa lugar na pinili ni Yawe; sapagkat
pagpapalain ka ni Yaweng iyong Diyos sa lahat
ng iyong ani at sa lahat ng gawa ng iyong mga
kamay, upang malubos ang iyong kagalakan.
16 Haharap kay Yaweng Diyos mo ang lahat
mong kalalakihan tatlong beses isang taon, sa
lugar na pinili niya: sa Piyesta ng Tinapay na
Walang Lebadura, sa Piyesta ng mga Sanlinggo
at sa Piyesta ng mga Tolda. At hindi sila haharap
kay Yawe nang walang dala. 17 Sa halip, kusang
loob na mag-aalay ang bawat isa ayon sa
pagpapalang kaloob sa iyo ni Yaweng iyong
Diyos.

**Tungkol sa katarungan**

18 Humirang ka ng mga hukom at mga opis-
yal para sa bawat tribu mo sa lahat ng lunsod na
ibinibigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo upang
maghukom sa sambayanan ayon sa kataru-
ngan.
19 Huwag mong baluktutin ang batas o kiki-
lingan ang sinuman. Huwag kang tatanggap ng
regalo sapagkat binubulag ng regalo ang mga
mata ng marurunong at binabaluktot ang mga
salita ng mga matuwid. 20 Katarungan! Hanapin
ang katarungan kung gusto mong mabuhay at
maangkin ang lupaing ibinibigay sa iyo ni
Yaweng iyong Diyos.
21 Huwag kang magtatanim ng anumang
klase ng sagradong punongkahoy, malapit sa
itinayo mong altar ni Yaweng Diyos mo. 22 Hu-
wag kang magtatayo ng mga sagradong batong
kinasusuklaman ni Yaweng iyong Diyos.

**17** 1 Huwag kang mag-aalay kay Yaweng
iyong Diyos ng baka o tupang may kapin-
tasan o kapansanan, sapagkat kinamumuhian
ito ni Yaweng iyong Diyos.
2 Kung sa isa sa mga lunsod na ibinibigay sa
iyo ni Yaweng iyong Diyos ay may matagpuang
lalaki o babae sa piling mo na gumagawa ng
masama sa mata ni Yaweng Diyos mo at luma-
labag sa kanyang pakikipagtipan 3 at nag-
lingkod sa ibang mga diyos at yumuko sa mga
ito – sa araw o buwan o sa hukbo ng langit – na
hindi ko iniutos, 4 at ipinagbigay-alam ito sa iyo,
siyasatin mo itong mabuti. At kung mapa-
tunayan mong ginawa nga ang kasuklam-
suklam na bagay na ito sa Israel, 5 dalhin mo sa
pintuan ng lunsod ang lalaki o babaeng gumawa
ng kasamaang ito, at batuhin siya hanggang
mamatay. 6 Ngunit kakailanganin ang dalawa o
tatlong saksi para mahatulan ng kamatayan ang
isang tao. Walang sinumang hahatulan ng ka-
matayan dahil sa pagtestigo ng isang saksi
lamang. 7 Ang mga saksi ang maghahagis ng
mga unang batong papatay sa hinatulan, saka
susunod ang buong sambayanan. Sa ganito mo
mapapawi ang kasamaan sa piling mo.
8 Kung iharap sa iyo ang isang napakabigat
na usapin para lutasin, maging tungkol sa
pagpatay, karapatan o pananakit, magpunta
ka sa lugar na pinili ni Yaweng iyong Diyos.
9 Lapitan mo ang paring Levita at ang hukom sa
panahong iyon, at sumangguni sa kanila. Sa-
sabihin nila sa iyo ang hatol sa kaso. 10 Isagawa
mo ang kanilang pasya sa lugar na iyon na
pipiliin ni Yawe, at gawing mabuti ang itinuro
nila sa iyo. 11 Sundin mo ang tagubilin o hatol
na bigay nila, nang hindi lumiliko sa kanan o sa
kaliwa mula sa pasyang ginawa nila para sa
iyo.
12 Patayin ang sinumang mangahas na gu-
mawa ng iba o hindi makinig sa paring naghu-
hukom doon sa paglilingkod kay Yaweng iyong
Diyos. Pawiin mo ang kasamaan mula sa Israel.
13 At maririnig ito ng buong sambayanan at
matatakot, at hindi na sila magpapasya nang
walang karapatan.

---

• **17.14** Tinatalakay dito ang tatlong kinikilalang awtoridad ng mga Judio: mga hari, mga pari at mga propeta.

17:14-20. Nakikipagnegosyo sa Ehipto ang mga hari. Bilang kapalit ng mga kabayong gusto nilang kunin, nagpadala sila ng mga kabataang Israelita para maglingkod sa hukbo ni Paraon.

*Walang kaparte o mana ang Levita sa piling ng kanyang mga kapatid.* Tungkol sa mga pari sa tribu ng Levi, tingnan ang paliwanag sa Blg 3 at 4.

**Ang mga hari**

• 14 Pagdating mo sa lupaing bigay sa iyo ni
Yaweng iyong Diyos, at maangkin iyon at ma-
katira ka na roon, siguro'y sasabihin mong –
Gusto kong magkaroon ng hari tulad ng lahat
ng bansang nakapalibot sa akin. 15 Hihirangin
mong hari ang pipiliin ni Yweng iyong Diyos
mula sa iyong mga kapatid. Hindi ka hihirang ng
dayuhang hindi mo kalahai para maghari sa iyo.
16 Di dapat magkaroon ng maraming kabayo
ang hari, at baka niya pabalikin sa Ehipto ang
sambayanan para magkaroon pa ng mas mara-
ming kabayo. Sapagkat sinabi na sa iyo ni Yawe
na huwag ka nang babalik sa daang iyon kailan-
man.
17 Hindi rin dapat magkaroon ng maraming
asawa ang hari, kung hindi'y ililigaw nila ang
kanyang puso. At hindi rin siya dapat magkamal
ng maraming ginto at pilak.
18 Pagluklok niya sa trono ng kanyang ka-
harian, kokopyahin niya para sa kanyang sarili
ang Batas na ito mula sa aklat ng mga paring
Levita. 19 Lagi niya itong dadalhin at babasahin
sa lahat ng araw ng kanyang buhay upang
matuto siyang magkaroong-pitagan kay Ya-
weng kanyang Diyos sa pagtupad sa lahat ng
salita ng Batas na ito at mga tuntuning ito.
20 Hindi dapat lumaki ang kanyang ulo at
hamakin ang kanyang mga kapatid, at lumihis
sa kanan o sa kaliwa mula sa utos na ito upang
mapahaba niya ang mga araw ng kanyang
paghahari at ng kanyang mga anak sa piling ng
Israel.

**Ang mga pari mula sa tribu ng Levi**

**18** 1 Walang kaparte o mana sa Israel ang
mga paring Levita, ang buong tribu ng
Levi. Mabubuhay sila sa mga handog na pi-
naraan sa apoy at sa mga bagay na ibinukod
para kay Yawe. 2 Walang mana ang Levita sa
piling ng kanyang mga kapatid sapagkat si
Yawe mismo ang kanyang mana, tulad ng
pangako niya sa kanya.
3 Ito ang magiging karapatan ng mga pari
mula sa sambayanan sa paghahandog nila ng
baka o tupa: ibibigay nila sa pari ang paypay pati
ang mga pisngi at tiyan. 4 Ibibigay mo rin ang
mga unang bunga ng iyong trigo, ng iyong
bagong alak at langis, pati ang unang lana ng
iyong tupa. 5 Sapagkat siya at ang lahat niyang
anak ay pinili ni Yaweng iyong Diyos mula sa
lahat mong tribu upang tumayo at maglingkod
sa Ngalan ni Yawe habang panahon.
6 Kapag may dumating na Levita buhat sa isa
sa iyong mga lunsod sa Israel na pinaninirahan
niya, dahil gustung-gusto niyang pumunta sa
lugar na pinili ni Yawe, 7 makapaglilingkod siya
sa Ngalan ni Yaweng kanyang Diyos tulad ng
lahat niyang kapatid na Levita na nakatayo roon
sa harap ni Yawe. 8 Magkasindaming bahagi ang
kakanin niya, bukod pa sa napagbilhan niya sa
mga pag-aari ng kanyang pamilya.

**Ang mga propeta at "ang" propeta**

• 9 Kapag nakapasok ka na sa lupaing
ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos,
huwag mong gayahin ang kasuklam-
suklam na gawa ng mga bansang iyon.
10 Hindi dapat magkaroon sa piling mo ng
nagsusunog sa kanyang anak bilang
handog o sinumang nanghuhula o sumas-
angguni sa mga bituin o nangkukulam 11 o
nanggagayuma o sumasangguni sa mga
espiritu o nanghuhula o sinumang nagta-
tanong sa mga patay. 12 Sapagkat kina-
mumuhian ni Yawe ang lahat ng guma-
gawa ng mga bagay na ito, at ang mga
kasuklam-suklam na gawang ito ang

---

• **18.**9 Itinatakwil ng tekstong ito ang mga salamangkero at mga manghuhula, at saka pinupuri ang mga tunay na propeta.

Sa salita ng Diyos nabubuhay ang bayan ng Diyos, ngunit hindi lamang sa matatagpuang nakasulat sa isang libro, kundi sa sinasabi ngayon ng Diyos sa pamamagitan ng mga taong tinatawag nating mga propeta. May mga taong tumatanggap ng espesyal na kaloob ng Espiritu para maging gabay sa mga tao at mga bansa tungo sa mga tunay na mithiing ipina-panukala sa atin ng Diyos.

*Hindi dapat magkaroon sa piling mo ng mga manghuhula.* Laging natutukso ang mga tao na talusin ang hiwaga ng kanilang hinaharap: maraming manghuhula at huwad na propeta na tumugon, gayundin ang mga awtor ng mga horoskopyo ngayon, sa pagnanasang ito na agawin ang mga sikreto mula sa isang Diyos na hindi natin pinagkakatiwalaan. Pero hindi ito ang papel na ginagampanan ng mga propeta ng Israel: ang kanilang misyon ay ang ipahayag nang buong-tapang ang hinihingi ng Diyos ngayon.

*Isang propeta ang palilitawin ko mula sa kanila.* Tinutukoy ng "propetang" ito ang buong serye ng mga propetang patuloy na mangungusap sa Israel, gaya ng inilalahad sa katapusan ng talata (20-22). Subalit isang propetang higit pa sa lahat ang hinihintay ng Israel para sa darating na panahon, ang propetang ito ang mamumuno sa buong bayan tulad ng ginawa ni Moises. Nang lumitaw si Juan Bautista, may ilang nagtanong: "Ikaw ba ang Propeta?" (Juan 1:21), at naunawaan na ng mga Kristiyano na si Kristo "ang Propeta" (tingnan Mga Gawa 3:22).

dahilan kaya sila pinalayas sa harap mo ni Yaweng iyong Diyos. 13 Maging wagas ka para kay Yaweng iyong Diyos.

14 Nakinig sa mga mangkukulam at manghuhula ang mga bansang ito na palalayasin mo. Ngunit iba ang bigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo. 15 Isang propetang tulad ko ang palilitawin ni Yaweng iyong Diyos para sa iyo mula sa iyong mga kapatid sa piling mo, siya ang pakikinggan mo. 16 Alalahanin mong sinabi mo kay Yaweng iyong Diyos sa araw ng Pagtitipon sa Horeb – Takot akong mamatay, ayaw kong marinig na muli ang tinig ni Yaweng aking Diyos o makita pang muli ang malaking apoy. 17 Kaya sinabi sa akin ni Yawe – Maganda ang sinabi nila. 18 Isang propetang tulad mo ang palilitawin ko para sa kanila mula sa kanilang mga kapatid. Ilalagay ko sa kanyang bibig ang aking mga salita at sasabihin niya sa kanila ang lahat ng iuutos ko sa kanya. 19 Ako mismo ang maniningil sa sinumang hindi makinig sa aking mga salita na sasabihin ng propeta sa aking pangalan. 20 Ngunit mamamatay ang propetang magsasalita sa kanyang ganang sarili ng anumang hindi ko iniutos sa kanya o magsalita sa ngalan ng ibang mga diyos.

21 Sasabihin mo siguro sa iyong sarili – Paano namin malalaman na hindi si Yawe ang nagsabi ng salita? 22 Kung hindi mangyari o magkatotoo ang sinasabi ng propeta sa Ngalan ni Yawe, hindi si Yawe ang nagsabi ng salita. Sa ganang sarili niya nagsalita ang propeta, huwag kang matakot sa kanya.

**Ang mga siyudad na taguan**

**19** • 1 Kapag nalipol na ni Yaweng iyong Diyos ang mga bansang ang lupain ay ibinibigay niya sa iyo, at napalayas mo na sila at nakatira ka na sa kanilang mga siyudad at mga bahay, 2 ibubukod mo ang tatlong lunsod para sa iyo sa lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos para angkinin. 3 Ayusin mo ang daan papunta sa mga ito at hatiin sa tatlong bahagi ang lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos bilang pamana. Kaya doon makatatakbo ang sinumang nakapatay.

4 Ngunit sino ang makatatakbo roon upang iligtas ang kanyang sarili? Ang sinumang di sinasadyang nakapatay ng kapwa na hindi naman niya nakakagalit. 5 Halimbawa, kung may magkasamang nagpunta sa gubat para mamutol ng kahoy, at nang ihataw ng isa ang kanyang palakol upang putulin ang isang puno ay dumulas ang talim niyon mula sa tatangnan at tinamaan at napatay ang kanyang kasama, makatatakbo siya sa isa sa mga lunsod na iyon para iligtas ang kanyang sarili. 6 Huwag mong pabayaang habulin ng tagapaghiganti ng dugo sa galit nito ang nakapatay at maabutan siya dahil sa haba ng daan. At baka patayin siya gayong hindi siya dapat hatulan ng kamatayan dahil hindi naman niya nakakagalit noong una ang kanyang kasama.

7 Kaya iniuutos ko sa iyong ibukod ang tatlong siyudad na ito. 8 At palalawakin siguro ni Yaweng Diyos mo ang iyong hangganan gaya ng ipinangako niya sa iyong mga ninuno, at ibibigay sa iyo ang buong lupaing ipinangako niya sa iyong mga ninuno, 9 kung tutuparin mo't isasabuhay ang lahat ng utos na ito na iniuutos ko sa iyo ngayon: ang ibigin si Yaweng iyong Diyos at sundang lagi ang lahat niyang daan. At dadagdagan mo ng tatlo pa ang tatlong siyudad.

10 Kayat hindi dadanak ang dugo ng walang-sala sa iyong lupain na ibinibigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo bilang pamana, at hindi ka mababahiran ng dugo.

11 Ngunit kung may namumuhi sa kanyang kapwa, at tinambangan niya iyon at sinunggaban at tinaga hanggang mamatay, at tumakas ang may-kagagawan sa isa sa mga lunsod na ito, 12 ipadadakip siya ng matatanda ng kanyang siyudad at ibabalik mula roon. At ibibigay siya sa kamay ng mga kamag-anak ng biktima upang siya naman ang patayin. 13 Huwag kang maawa sa kanya, kundi alisin mo mula sa Israel ang pagdanak ng dugo ng walang-sala, at mapapabuti ka.

14 Huwag mong ilipat ang mohon ng iyong kapwa na inilagay ng mga nauna sa iyo sa

---

• **19.**1 Napakalakas ang diwa ng pagkakaisa ng pamilya at paghihiganti ng mga Israelita. Kapag nakamatay ang sinuman, kahit na di sinasadya, kailangang patayin din ng pamilya ng napatay ang pumatay. Makikita natin dito kung paano kumikilos ang Diyos para turuan at hubugin ang kanyang bayan. Hindi niya maaatake nang harapan ang isang mentalidad na malalim ang pagkakaugat. Sa pagtatalaga ng mga

pamanang tatanggapin mo sa lupaing ibibigay
sa iyo ni Yaweng iyong Diyos para angkinin.
15 Hindi sapat ang isang saksi laban kani-
numan para sa anumang krimen o pagkakasala
na maaaring nagawa niya. Sa pagtestigo la-
mang ng dalawa o tatlong saksi malulutas ang
isang usapin. 16 Kung isang saksi ang mag-
aakusa sa sinuman at magpaparatang sa
kanya, 17 ang dalawang taong nasasangkot sa
usapin ay tatayo sa harap ni Yawe sa harap ng
mga pari at mga hukom na nanunungkulan sa
panahong iyon.
18 Gagawa ng masusing pagsisiyasat ang
mga hukom, at kung lumabas na nagsinunga-
ling ang saksi sa pagtestigo nang mali laban sa
kanyang kapatid, 19 sa kanya mo gagawin ang
tinangka niyang gawin sa kanyang kapatid.
Kaya mapapawi mo ang kasamaan mula sa
piling mo. 20 At maririnig ito ng iba at matatakot,
at hindi na mauulit ang ganitong kasamaan sa
piling mo.
21 Huwag kang maawa sa kanya: buhay sa
buhay, mata sa mata, ngipin sa ngipin, kamay
sa kamay, paa sa paa.

**Ang pakikidigma**

**20** 1 Sa pakikidigma mo sa iyong mga
kaaway at pagkakita mo sa mga kabayo
at mga karwahe, sa isang hukbong mas marami
kaysa iyo, huwag kang matakot sa kanila sa-
pagkat sumasaiyo si Yaweng Diyos mo na nag-
labas sa iyo mula sa lupain ng Ehipto.
2 Kung nalalapit na ang labanan, pupunta sa
harap ang pari at kakausapin ang hukbo,
3 sasabihin niya – Makinig ka, Israel, maki-
kipaglaban ka ngayon sa iyong mga kaaway.
Huwag kang panghinaan ng loob o matakot o
manginig, at huwag masindak sa harap nila
4 sapagkat sumasaiyo si Yaweng Diyos mo
upang labanan ang iyong mga kaaaway para
sa iyo at iligtas ka.
5 At sasabihin naman ng mga opisyal sa
hukbo – Mayroon ba sa inyo na kapagtatayo
lamang ng bagong bahay at hindi pa ito napasi-
sinayaan? Paalisin siya at pauwiin, at baka siya
mapatay sa labanan at iba ang magpasinaya
nito. 6 Mayroon ba sa inyo na kapagtatanim
lamang ng bagong ubasan at hindi pa natata-
masa ang mga bunga niyon? Paalisin siya't
pauuwiin, at baka siya mapatay sa labanan at
iba ang magtamasa ng mga bunga niyon. 7 May-
roon ba sa inyo na may pinangakuang pakaka-
salan at hindi pa nakapagpapakasal? Paaalisin
siya't pauwiin, at baka siya mapatay sa labanan
at iba ang kumuha sa kanyang nobya.
8 Sasabihin pa rin ng mga opisyal sa kanila –
Mayroon ba sa inyong takot at mahina ang loob?
Umalis na siya at umuwi, para hindi mahawa sa
kanya ang kanyang mga kapatid. – 9 Pagka-
tapos nilang magsalita, magtatalaga sila ng
mga pinuno na mangunguna sa hukbo.
10 Kapag malapit ka na sa lunsod na iyong
kukubkubin, alukin mo muna ito ng kapaya-
paan. 11 Kung tanggapin nito ang kapayapaan at
buksan sa iyo ang mga pintuan, magiging tra-
bahador mo ang lahat ng taong naroroon at
maninilbihan sila sa iyo.
12 Kung tanggihan naman nila ang alok mong
kapayapaan at makipaglaban sa iyo, kubkubin
mo ang siyudad. 13 At kapag ibinigay iyon sa
iyong mga kamay ni Yaweng iyong Diyos, pag-
tatagain mo ng tabak ang lahat ng lalaki; 14 ang
mga babae lamang at mga bata, ang mga ha-
yupan at lahat ng iba pang nasa siyudad ang
masasamsam mo para sa iyo. At kakanin mo
ang mga nasamsam sa iyong mga kaaway na
ibibigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo.
15 Ganito ang gagawin mo sa lahat ng lunsod
na napakalayo sa iyo, na hindi mga siyudad ng
lupaing aangkinin mo. 16 Ngunit sa mga lunsod
ng lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong
Diyos bilang pamana, wala kang iiwang buhay.
17 Lipulin mo silang lahat ayon sa batas ng
anatema – ang mga Heteo, Amorreo, Kananeo,
Perezeo, Heveo at Hebuseo – tulad ng iniutos sa
iyo ni Yaweng iyong Diyos 18 upang hindi nila
maituro sa inyo na gayahin sila sa lahat ng
kasamaang ginawa nila para sa kanilang mga
diyos, kung hindi'y magkakasala kayo kay
Yaweng inyong Diyos.
19 Sa pagkubkob mo at paglaban sa isang
lunsod sa loob ng maraming araw, bago ito
mabihag, huwag mong papalakulin para sirain
ang mga puno nito upang makain mo ang mga
bunga ng mga ito. Huwag mong puputulin ang
mga iyon. Tao ba ang mga puno sa bukid para
mo tagain? 20 Ang mga puno lamang na alam
mong hindi namumunga ang mapuputol mo
para gawing mga hagdan at kasangkapang
magagamit mo sa pangungubkob hanggang
bumagsak ang siyudad na lumaban sa iyo.

---

siyudad na matatakbuhan para sa nakapatay nang di sinasadya, unang nalilimitahan ang karapatang ilagay sa sariling mga kamay ang batas, na mawawala naman sa paglipas ng panahon.

15: "Hindi sapat ang isang saksi laban kaninuman." Inaalaala ang prinsipyong ito sa iba't ibang bahagi ng Bagong Tipan, halimbawa'y sa paghahatol kay Jesus.

**Mga batas at mga karapatan**

**21** 1 Kung may matagpuang pinatay sa lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos para angkinin, at hindi kilala kung sino ang pumatay sa kanya, 2 lalabas ang iyong mga matatanda at mga hukom para sukatin ang layo sa bangkay ng mga karatig-lunsod.

3 At ang matatanda ng bayang pinakamalapit sa bangkay ay kukuha ng isang babaeng guyang hindi pa napagtatrabaho o nalalagyan ng pamatok. 4 Dadalhin nila iyon sa isang batis na patuloy na umaagos sa lugar na hindi pa naaararo o nahahasikan, at doon nila iyon babalian ng leeg sa batis. 5 Lalapit ang mga paring mga anak ni Levi, sapagkat pinili sila ni Yaweng iyong Diyos upang maglingkod at magbasbas sa ngalan ni Yawe, at sila ang magpapasya sa lahat ng usapin o kasong kriminal.

6 At sa ibabaw ng babaeng guyang binalian ng leeg sa batis, maghuhugas ng mga kamay ang lahat ng matatanda ng lunsod na iyon na pinakamalapit sa bangkay ng taong pinatay. 7 At sasabihin nila ito – Hindi aming mga kamay ang nagpadanak ng dugong ito, at hindi ito nakita ng aming mga mata. 8 Patawarin mo, O Yawe, ang iyong bayang Israel na iyong tinubos, at huwag mo silang singilin sa pagdanak na ito ng dugo ng walang-sala. – Kaya pawawalang-sala sila sa dugong ito 9 at maaalis mo ang bahid ng dugo ng walang-sala at magagawa ang tama sa mata ni Yawe.

10 Sa pakikidigma mo sa iyong mga kaaway, at ibigay sila sa iyong mga kamay ni Yaweng iyong Diyos 11 at may makita kang magandang babae sa mga bihag at magustuhan mo siya at naising maging asawa, 12 dalhin mo siya sa bahay mo. At magpapakalbo siya at maghihinuko; 13 huhubarin niya ang damit ng bihag at titira sa bahay mo. Isang buwan niyang ipagluluksa ang kanyang ama at ina, at saka ka lamang makakasiping sa kanya. At magiging asawa ka niya at magiging maybahay mo naman siya. 14 Kung hindi ka na nasisiyahan sa kanya, palayasin mo siya ayon sa gusto niya. Huwag mo siyang ipagbibili o ituring na alipin, sapagkat nakuha mo lamang siya sa dahas.

15 Kung may dalawang asawa ang isang lalaki, at mas gusto niya ang isa at kapwa sila nagkaanak sa kanya pero anak ng babaeng hindi niya gusto ang panganay, 16 sa araw na ipamana niya ang kanyang mga ari-arian sa kanyang mga anak na lalaki, hindi niya maibibigay ang karapatan ng panganay na anak sa anak ng babaeng mas gusto niya, sa kapinsalaan ng tunay na panganay na anak ng babaeng hindi niya gusto. 17 Sa halip, dapat niyang kilalanin ang pagkapanganay ng anak ng babaeng hindi niya gusto sa pagbibigay dito ng dobleng bahagi sa lahat niyang ari-arian. Ito ang una niyang anak, at para dito ang karapatan ng panganay.

18 Kapag may lalaking may anak na matigas ang ulo at rebelde na hindi sumusunod sa kanyang ama o ina, at ayaw makinig sa kanila kapag dinidisiplina siya, 19 dapat siyang hawakan ng kanyang mga magulang at dalhin sa matatanda ng lunsod sa pintuang-hatulan, 20 at sabihin sa mga matatanda – Matigas ang ulo at rebelde ang anak naming ito, at hindi siya nakikinig sa amin, bastos at lasenggo. 21 At babatuhin siya ng lahat ng lalaki ng kanyang lunsod hanggang mamatay. Kaya maaalis mo ang kasamaan sa iyong piling. Maririnig ito ng buong Israel at matatakot.

22 Kung may isang lalaking gumawa ng krimeng kamatayan ang parusa, at siya ay pinatay sa pagbitay sa kanya sa isang puno, 23 hindi dapat manatili sa puno ang kanyang bangkay sa buong magdamag. Tiyakin mong ilibing siya sa araw ding iyon sapagkat sumpa ng Diyos ang sinumang binitay. Huwag mong lapastanganin ang lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos bilang pamana.

**Isauli ang bagay na nakita**

**22** 1 Kung makita mo ang nawawalang baka o tupa ng iyong kapatid, huwag kang magkunwaring hindi iyon nakita, kundi ibalik iyon sa kapatid mo. 2 Kung hindi malapit sa iyo ang iyong kapatid, o hindi mo siya kilala, iuwi mo iyon sa bahay mo hanggang hanapin iyon ng kapatid mo, at isasauli mo naman iyon sa kanya.

3 Gayundin ang gawin mo sa makikita mong nawawalang asno o damit o anumang pag-aari ng kapatid mo. Huwag kang magkukunwaring hindi nakita ang mga iyon. 4 Kung makita mong nabuwal sa daan ang asno o baka ng kapatid mo, huwag kang magkunwaring hindi iyon nakita, kundi tulungan mo siyang mapatayo ang hayop.

5 Di dapat magdamit-lalaki ang babae o magbihis-babae naman ang lalaki, sapagkat kinasusuklaman ni Yaweng iyong Diyos ang sinumang gumagawa ng mga bagay na ito.

6 Kung may madaanan kang pugad ng ibon
sa puno o sa lupa, at nakalimlim ang inahin sa
mga inakay o sa mga itlog, huwag mong ku-
kunin ang inahin kasama ang mga inakay.
7 Makukuha mo ang mga inakay pero lagi mong
pakakawalan ang inahin upang mapabuti ka at
mabuhay nang matagal.

8 Kapag nagpatayo ka ng bagong bahay,
magtayo ka ng maliit na pader sa paligid ng
iyong bubungan, sapagkat baka may mahulog
mula roon at mabahiran tuloy ng dugo ang
bahay mo.

9 Huwag kang maghahasik ng iba pang binhi
sa iyong ubasan sapagkat di mo maaaring kanin
hindi lamang ang bunga ng iyong inihasik kundi
pati ang bunga ng iyong ubasan.

10 Huwag kang mag-aararo sa pamamagitan
ng magkatuwang na baka at asno.

11 Huwag kang magsusuot ng damit na hinabi
sa pinagsamang lana at linen.

12 Gumawa ka para sa iyong sarili ng mga
borlas sa apat na sulok ng kapang pantakip mo
sa iyong katawan.

13 Kung mag-asawa ang isang lalaki, at pag-
kasiping sa kanyang asawa ay umayaw na sa
kanya, 14 at pinaratangan niya ito nang masama
at siniraan sa pagsasabing – Pinakasalan ko ang
babaeng ito pero nang magtalik kami, hindi ko
nakita ang kanyang pagkadalaga. 15 At kukunin
ng ama at ina ng babae ang kumot ng pulutgata
na magpapatunay na dalaga nga ang babae, at
ipakikita ito sa mga hukom ng lunsod. 16 Sa-
sabihin ng ama ng babae sa mga hukom –
Ibinigay ko sa lalaking ito ang aking anak bilang
asawa pero ayaw na nito sa kanya. 17 At hayan,
pinaratangan niya siya nang masama sa pag-
sasabing hindi na raw pala dalaga ang anak ko.
Pero tingnan ninyo, narito ang patunay na da-
laga nga ang aking anak. – Ilaladlad nila ang
kumot sa harap ng mga hukom ng lunsod. 18 At
dadakpin ng mga hukom ang lalaki at paru-
rusahan. 19 Pagmumultahin nila siya ng san-
daang pirasong pilak na ibibigay sa ama ng
babae sapagkat binigyan niya ng masamang
pangalan ang isang dalaga ng Israel. Siya ang
magiging maybahay ng lalaki at hindi niya ito
mahihiwalayan habang buhay.

20 Ngunit kung totoo nga ang paratang na ito
at walang makitang katibayan ng pagkadalaga
ng babae, 21 dalhin ang babae sa pintuan ng
bahay ng kanyang ama at batuhin ng mga lalaki
ng kanyang lunsod hanggang mamatay dahil sa
kasamaang ginawa niya sa Israel – ang maging
babaeng bayaran samantalang nasa bahay pa
ng kanyang ama. At maaalis mo ang kasamaan
sa iyong piling.

22 Kung may lalaking mahuli na nakikipag-
talik sa babaeng asawa ng iba, papatayin silang
dalawa: ang nambabae at ang nakiapid. At
maaalis mo ang kasamaan mula sa Israel.

23 Kung naipangako na ang isang dalaga sa
isang lalaki, at nakita ito ng ibang lalaki sa
lunsod at nakipagtalik sa kanya, 24 dalhin ninyo
silang dalawa sa pintuan ng lunsod na iyon at
batuhin hanggang mamatay: ang babae dahil
hindi siya sumigaw gayong nasa lunsod siya, at
ang lalaki sapagkat nilapastangan niya ang
maybahay ng kanyang kapwa. At maaalis mo
ang kasamaan sa iyong piling.

25 Ngunit kung sa bukid, ang isang lalaki ay
may masalubong na babaeng naipangako nang
ikasal at ginahasa niya iyon, ang lalaki lamang
ang mamamatay. 26 Wala kang gagawin sa
babae sapagkat wala siyang kasalanan para
patayin. Kung paanong sinunggaban at pinatay
ng isa ang kanyang kapwa, gayon din ang
kasong ito. 27 Natagpuan niya ang babae sa
bukid, nagsisigaw ito ngunit walang nagligtas sa
kanya.

28 Kung ang isang lalaki nama'y may masa-
lubong na dalagang hindi pa nakatakdang ika-
sal at ginahasa niya ito, at mahuli sila, 29 mag-
babayad ng limampung pirasong pilak ang
lalaki sa ama ng babae, at magiging asawa niya
ang babae sapagkat nilapastangan niya ito, at
hindi niya ito mahihiwalayan habang buhay.

**Ang marapat na ugali ng isang bayang banal**

**23** 1 Di dapat kunin ng isang lalaki ang
asawa ng kanyang ama, di niya dapat
lapastanganin ang kanyang ama. 2 Hindi maka-
papasok sa pagtitipon ni Yawe ang sinumang
lalaking nadurog ang itlog o naputol ang ari.
3 Hindi rin matatanggap sa pagtitipon ni Yawe
ang mestiso kahit hanggang sa ikasampung
salinlahi; wala sa kanyang mga inapo ang ma-
kapapasok sa pagtitipon ni Yawe. 4 Hindi mata-
tanggap sa pagtitipon ni Yawe ang Amonita o
Moabita kahit hanggang sa ikasampung salin-
lahi; wala sa kanilang makapapasok sa pagti-
tipon ni Yawe habang panahon. 5 Sapagkat hindi
nila kayo sinalubong sa daan nang may tinapay
at tubig nang lumabas kayo mula sa Ehipto,
kundi inupahan nila laban sa iyo si Balaam na
anak ni Beor na taga-Petor ng Mesopotamia
para isumpa ka. 6 Ngunit hindi pinakinggan ni
Yaweng iyong Diyos si Balaam, at ang sumpa ay
ginawa ni Yaweng Diyos mo na maging pag-
papala para sa iyo pagkat mahal ka ni Yaweng
iyong Diyos.

7 Huwag mong hahangarin ang kanilang ka-
saganaan o kaligayahan sa habang buhay mo.
8 Huwag mong kasuklaman ang Edomita sapag-
kat kapatid mo siya, ni ang Ehipsiyo sapagkat
nandayuhan ka sa kanyang lupain.

9 Makapapasok sa pagtitipon ni Yawe ang
kanilang mga inapo mula sa ikatlong salinlahi.
10 Sa pagsalakay mo sa iyong mga kaaway,
lumayo ka sa lahat ng masama. 11 Kung may-
roon sa inyong lalaking di-malinis sapagkat
nilabasan siya sa kanyang pagtulog, lalabas
siya ng kampo at hindi muna babalik.

12 At maliligo siya pagdadapithapon, at ma-
kakabalik na siya sa kampo paglubog ng araw.

13 Maglaan ka ng lugar sa labas ng kampo
para sa mga pansariling pangangailangan.
14 Magdala ka ng patpat kasama ng iyong mga
gamit, at sa pagdumi mo sa labas, ito ang
ipanghukay mo at tabunan ang iyong dumi.

15 Sapagkat palibut-libot sa gitna ng iyong
kampo si Yaweng iyong Diyos para pangala-
gaan ka at ibigay sa iyo ang iyong mga kaaway:
Kaya dapat maging banal ang iyong kampo
upang wala siyang makitang anumang di ka-
nais-nais sa iyo at lumayo tuloy siya sa iyo.
16 Huwag mong ibabalik sa kanyang amo ang
aliping lumayas at nakituloy sa inyo.

17 Patirahin mo siya sa piling mo sa lugar na
pipiliin niya't magugustuhan sa iyong mga lun-
sod. Huwag mo siyang aapihin.

18 Huwag maging sagradong babaeng ba-
yaran ang mga babaeng Israelita o sagradong
bakla ang mga anak na lalaki ng Israel.

19 Huwag mong dadalhin sa Bahay ni Yaweng
iyong Diyos ang kita ng isang babaeng bayaran
o ang upa ng isang aso, ibig sabihi'y ng isang
bakla, bilang bayad sa anumang panata sa-
pagkat parehong kasuklam-suklam ang mga ito
kay Yaweng iyong Diyos. 20 Huwag kang mag-
papautang nang may tubo sa iyong kapatid,
maging sa salapi o pagkain o anumang maaar-
ing pagtubuan.

21 Makapagpapautang ka nang may tubo sa
dayuhan, pero hindi sa iyong kapatid upang
pagpalain ka ni Yaweng iyong Diyos sa lahat
mong gawain sa lupaing pupuntahan mo para
angkinin. 22 Kung may panata ka kay Yaweng
iyong Diyos, huwag mong antalahin ang pag-
tupad nito sapagkat tiyak na sisingilin ito sa iyo
ni Yaweng Diyos mo at maging kasalanan mo pa
tuloy ito. 23 Hindi ka nagkakasala kung hindi ka
gagawa ng anumang panata.

24 Tuparin mo ang anumang mamutawi sa
iyong mga labi at ialay mo kay Yawe ang anu-
mang ipinangako mo ayon sa iyong panata.

25 Sa pagdaan mo sa ubasan ng iyong kapwa,
makakakain ka ng ubas hanggang gusto mo
pero huwag kang maglalagay sa iyong lalagyan.
26 Sa pagpunta mo sa triguhan ng iyong kapwa,
makapangingitil ka ng mga butil pero huwag
mong ilalagay ang karit sa nakatayong uhay ng
trigo ng iyong kapwa.

**24** 1 Kung mag-asawa ang isang lalaki at
pagkatapos ay ayaw na niya sa kanyang
maybahay dahil may nakita siyang di kasiya-
siya rito, makasusulat siya ng katibayan ng
diborsiyo, ibibigay iyon sa babae at mapaaalis
na niya sa kanyang bahay. 2 Kung pagkaalis
niya sa bahay ng lalaki ay maging maybahay
naman siya ng ibang lalaki 3 na pagkatapos ay
umayaw rin sa kanya at pinalayas siya sa pama-
magitan ng katibayan ng diborsyo, o kung ma-
matay ang ikalawa niyang asawa, 4 hindi siya
makukuhang muli bilang maybahay ng una
niyang asawang nakipaghiwalay sa kanya,
sapagkat siya'y naging di-malinis. Kasuklam-
suklam ito kay Yawe. Huwag mong ilagay sa
kasalanan ang lupaing ibinibigay sa iyo ni
Yaweng iyong Diyos bilang pamana.

### Pagkakaisa sa lipunan

• 5 Kung bagong-kasal ang isang lalaki,
hindi siya pupunta sa digmaan o maaa-
tangan ng anumang tungkulin. Malaya
siyang makatitigil sa sarili niyang bahay
sa loob ng isang taon at paliligayahin niya
ang kanyang maybahay.

---

• **24.5** Matutunghayan natin dito ang isang serye ng mga batas na nagtataguyod ng mas makataong relasyon. Ito ang layunin ng pangangaral ng mga propeta: na sa piling ng mga tao sa lahat ng aspekto ng buhay sa lipunan ay makalikha ng diwa ng pagtutulungan at kabutihang-loob na katulad ng mahabaging kalooban mismo ng Diyos.

Binuo ang lahat ng ito para sa isang bayan ng mga magsasaka na may sinaunang ekonomiya kayat kakailanganing iakma ito sa ating lipunang mas organisado. May katapat na iba pang mga aspekto ng tunay na makataong lehislasyon ang bawat isa sa mga kautusang ito, sa gayon ding kaayusan:

– Tulungan ang mga bagong kasal.
– Seguridad sa trabaho.
– Pakikipaglaban sa prostitusyon at sa pagsasamantala sa mga nangingibang-bayan.
– ang pagtatadhana ng pinakamababang bayad para sa mga inalis sa trabaho at sa mga pamilya ng mga welgista.

6 Huwag tanggaping ensima ang mga
gilingang-bato. Matatanggap bang en-
sima ang buhay ng tao?
7 Kung may lalaking mahuli na kumi-
kidnap sa isa sa kanyang mga kapatid na
Israelita para ipagbili bilang alipin, kaila-
ngang mamatay ang kidnaper. At maaalis
mo ang kasamaan sa piling mo.
8 Mag-ingat sa nakahahawang ketong.
Sundin at gawing mabuti ang lahat ng
itatagubilin sa iyo ng mga paring Levita;
buong ingat mong gawin ang iniutos ko sa
kanila. 9 Alalahanin mo ang ginawa ni
Yaweng iyong Diyos kay Miriam sa daan
paglabas ninyo mula sa Ehipto.
10 Kapag nagpahiram ka ng anuman sa
iyong kapwa, huwag kang papasok sa
bahay niya para kunin ang kanyang
sangla. 11 Maghintay ka sa labas, at ang
taong pinapahiram mo ang maglalabas
ng isasangla niya sa iyo. 12 Kapag kinuha
mong sangla ang balabal ng dukha,
huwag mong itabi iyon sa loob ng mag-
damag, 13 kundi isauli mo iyon sa kanya,
paglubog ng araw para mayroon siyang
mahigaan. At pagpapalain ka niya at
magiging matuwid ka sa paningin ni
Yaweng iyong Diyos.
14 Huwag mong pagsamantalahan ang
pobre at nangangailangang arawang
trabahador, maging isa siya sa iyong mga
kapatid o dayuhang nasa iyong lupain sa
iyong mga lunsod. 15 Suwelduhan mo siya
araw-araw bago lumubog ang araw, sa-
pagkat dukha siya at sa kita niya siya
umaasa, para hindi siya dumaing kay
Yawe laban sa iyo at hindi ka magkaroon
ng kasalanan.
16 Hindi puwedeng patayin ang mga
ama dahil sa kanilang mga anak na lalaki,
o ang mga anak na lalaki dahil sa kani-
lang mga ama. Pagbabayaran ng bawat
isa ang sarili niyang kasalanan.
17 Huwag mong pagkaitan ng kataru-
ngan ang dayuhan o ulila, o kuning sangla
ang damit ng biyuda. 18 Alalahanin mong
naging alipin ka sa Ehipto, at tinubos ka
roon ni Yaweng iyong Diyos. Kaya ini-
uutos ko sa iyong gawin ito.
19 Sa paggapas mo ng ani sa iyong
bukid at may naiwan kang mga uhay,
huwag mo nang babalikan pa ang iyon
para kunin. Pabayaan mo na iyon para sa
dayuhan, ulila at biyuda upang pagpalain
ka ni Yaweng iyong Diyos sa lahat mong
gawain.
20 Sa pag-aani mo ng iyong olibo, hu-
wag kang babalik para paluin muli ang
mga sanga, ipaubaya mo na ang matitira
para sa dayuhan, ulila at biyuda. 21 Sa
pamimitas mo ng ubas sa iyong ubasan,
huwag ka nang babalik pa para sairin ang
naiwan. Ito ang para sa dayuhan, ulila at
biyuda. 22 Alalahanin mong naging alipin
ka sa lupain ng Ehipto. Kaya iniuutos ko
sa iyong gawin ito.

25 1 Kapag may sigalot ang dalawang lalaki,
dudulog sila sa mga hukom na magpa-
pasya sa usapin. Ipahahayag ng mga hukom
kung sino ang matuwid at maysala. 2 Kung
kailangang hagupitin ang maysala, padadapain
siya ng hukom at hahagupitin sa harap ng
hukom sa dami ng hagupit na katumbas ng
kanyang pagkakasala. 3 Maipahahagupit mo
siya nang hindi hihigit sa apatnapung beses,
dahil kung lalampas ka rito, lalabis na ang
paghagupit at mapapahiya sa harap mo ang
iyong kapatid.
4 Huwag mong lagyan ng busal ang bakang
gumigiik.
5 Kapag magkasamang nabubuhay ang
magkapatid na lalaki at namatay ang isa nang
walang anak, hindi makapag-aasawa ng iba ang
biyuda ng namatay liban sa bayaw nito. Kukunin

– Makatarungang pagpapasuweldo.

– Pagsugpo sa mga parusa at sa mga hakbang ng kolektibong paniniil.

Agad namang isinusunod ang pagkalinga sa mga nangangailangan. Hindi makakanya ninuman nang buung-buo ang lahat niyang kinikita. May tungkulin tayong sumunod sa mga batas ng pagkakaisang panlipunan at matapat na bayaran ang itinatadhana ng mga ito. At ngayon, hindi na natin maaaring ikulong sa isang planong pambansa ang ating pagkakaisa: dapat makibahagi ang mas mayayamang bansa sa iba na malimit wasakin ng kanilang sariling pag-unlad at ng malayang palitan na kanilang ipiniliit sa mga ito.

siya nito bilang maybahay at bibigyan ng anak ang kanyang kapatid. [6] Ang panganay na anak na lalaki ng babae ang magpapatuloy sa pangalan ng kapatid na namatay at ituturing na anak nito ang bata. Kayat hindi mapapawi sa Israel ang kanyang pangalan.

[7] Ngunit kung ayaw ng lalaki na kunin ang asawa ng kanyang kapatid, pupuntahan ng babae ang matatanda sa pintuan ng lunsod at sasabihing – Ayaw ng bayaw ko na ipagpatuloy ang pangalan ng kanyang kapatid sa Israel. Ayaw niyang gampanan ang tungkulin ng pagiging bayaw ko.

[8] At ipatatawag siya ng matatanda at kakausapin. Kapag nagpilit ang lalaki at sinabing – Ayaw ko siyang maging maybahay – [9] lalapitan siya ng biyuda ng kanyang kapatid sa harap ng matatanda at huhubaran ng isa niyang sandalyas, luluran sa mukha at sasabihang – Ito ang dapat sa lalaking tumatangging itayo ang sambahayan ng kanyang kapatid. [10] At tatawagin sa Israel na "Sambahayan ng nakayapak" ang kanyang sambahayan.

[11] Kung may dalawang lalaking nag-aaway at lumapit ang maybahay ng isa para iligtas ang asawa sa kamay ng kalaban, at sa pag-unat niya sa kanyang kamay ay nahawakan nito ang ari ng kaaway, [12] walang awa mong puputulin ang kamay ng babae.

[13] Hindi ka dapat magkaroon sa iyong bag ng dalawang pantimbang, isang mabigat at isang magaan; [14] at hindi ka rin dapat magkaroon sa iyong bahay ng dalawang magkaibang panukat, isang malaki at isang maliit. [15] Magkaroon ka ng husto at tamang pantimbang, at ng husto at eksaktong panukat upang lumawig ang [16] mga araw mo sa lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos. Sapagkat kinamumuhian ni Yawe ang gumagawa ng mga bagay na ito at anumang klaseng pandaraya.

[17] Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ni Amalek sa daan sa paglabas ninyo mula sa Ehipto. [18] Sinalubong ka niya sa daan at pinalibutan niya ang mga nahuhuli sa likod mo samantalang pagod ka at nanghihina. Wala siyang takot sa Diyos. [19] Kaya kapag binigyan ka ni Yaweng iyong Diyos ng kapahingahan mula sa lahat mong kaaway na nakapalibot sa iyo sa lupaing ibinibigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos para angkinin bilang pamana, buburahin mo ang alaala ni Amalek mula sa silong ng langit. Huwag mo itong kalilimutan.

### Pagpapahayag ng Israelita sa kanyang pananampalataya

**26** • [1] Kapag nakarating ka na sa lupaing ibinibigay ni Yaweng iyong Diyos bilang pamana at kapag naangkin mo na ito at nakatira na rito, [2] kukunin mo ang mga unang bunga ng lahat ng aning galing sa lupaing bigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo. Ilagay mo ang mga ito sa isang malaking kaing at dalhin sa lugar na pinili ni Yaweng iyong Diyos bilang tahanan ng kanyang Pangalan.

[3] Iharap mo ang mga ito sa paring nanunungkulan sa mga araw na iyon at sabihin sa kanya – Ipinahahayag ko ngayon kay Yaweng aking Diyos na pinapasok nga niya ako sa lupaing ipinangako niya sa ating mga ninuno na ibibigay sa atin. [4] At kukunin ng pari ang kaing mula sa iyong mga kamay at ilalagay iyon sa harap ng altar ni Yaweng iyong Diyos. [5] At sasabihin mo naman ang mga salitang ito sa harap ni Yaweng Diyos mo –

Isang pagala-galang Arameo ang aking ama. Nagpunta siya sa Ehipto at doon nakipamayan, kasama ang iilang tao lamang, ngunit doo'y naging isang bansang malaki, malakas at marami.

[6] Minaltrato kami ng mga Ehipsiyo, inapi at pinapagtrabaho nang mabigat. [7] Kayat dumaing kami kay Yaweng Diyos ng aming mga ninuno, at dininig naman ni Yawe ang aming tinig. Nakita niya ang aming di-makataong kalagayan, ang mabigat naming trabaho at ang aming kaapihan. [8] Inilabas kami ni Yawe mula sa Ehipto nang may malakas na kamay at nakaunat na bisig, may kagila-gilalas na kababalaghan, at mga tanda at mga

---

• **26.**1 *Isang Arameo ang aking ama.* Parang pagpapahayag ng pananampalataya ng Israelita ang talatang ito. Alam niya na pinili siya sa mga paganong Arameo at matapos siyang palayain ni Yawe ay binigyan siya nito ng kasaganaang tinatamasa niya. Gayundin naman ang iba't ibang balangkas ng "sumasampalataya" na ginagamit ngayon ng Iglesya. Inilalagay ng mga ito sa pinakasentro ang mapagpalayang gawa ng Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo, na isinasakatuparan nila para sa ating kabutihan.

kahanga-hangang bagay. 9 At dinala niya
kami sa lugar na ito at ibinigay sa amin
ang lupaing ito na dinadaluyan ng gatas at
pulot-pukyutan. 10 Kaya narito ngayo't
dala ko ang mga unang bunga ng lupang
bigay mo sa akin, O Yawe.

Ilagay mo ito sa harap ni Yaweng iyong
Diyos, yumuko ka kay Yaweng iyong
Diyos. 11 At magpipiyesta ka sa lahat ng
mabubuting bagay na bigay sa iyo at sa
iyong sambahayan ni Yaweng iyong
Diyos, ikaw at ang Levita at ang dayuhang
kapiling mo.

12 Sa ikatlong taon, sa taon ng ikapu, mata-
pos mong ibukod ang ikapu ng lahat mong ani
at naibigay na ito sa Levita, sa dayuhan, sa ulila
at sa biyuda upang makakain sila at mabusog sa
iyong mga siyudad, 13 sasabihin mo sa harap ni
Yaweng iyong Diyos –

Nailabas ko na sa bahay ko ang bahaging
sagrado. Ibinigay ko ito sa Levita, sa dayuhan,
sa ulila at sa biyuda, ayon sa lahat mong utos na
iniutos sa akin. Hindi ko nilabag ang iyong mga
utos at hindi nilimot ang mga ito. 14 Sa panahon
ng pagluluksa, hindi ako kumain ng anuman sa
ikapung ito, ni binawasan ito. Walang anumang
di-malinis dito, at hindi ako nag-alay ng anuman
dito sa mga patay. Pinakinggan ko ang tinig ni
Yaweng aking Diyos at ginawa ko ang lahat ng
iniutos mo sa akin.

15 Tumunghay ka mula sa iyong banal na
tirahan, mula sa langit, at basbasan ang iyong
bayang Israel at ang lupaing bigay mo sa amin
tulad ng ipinangako mo sa aming mga ninuno,
ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-
pukyutan.

16 "Iniuutos sa iyo ngayon ni Yaweng iyong
Diyos na tuparin ang mga tuntunin at mga batas
na ito. Tuparin mong mabuti ang mga ito nang
buo mong puso at nang buo mong kaluluwa.

17 Kaya ganito mo ipinapadeklara ngayon
kay Yawe na siya ang magiging Diyos mo kaya
lalakad ka sa kanyang mga daan, tutuparin ang
kanyang mga tuntunin, mga utos at mga batas,
at makikinig sa kanyang tinig.

18 At ipinadeklara naman ngayon sa iyo ni
Yawe na ikaw ang magiging sarili niyang bayan,
tulad ng sinabi niya sa iyo, at tutuparin mo
naman ang lahat niyang utos. 19 At itatampok ka
niya sa karangalan, katanyagan at luwalhati sa
lahat ng bansang ginawa niya, at ikaw ang
magiging bayang banal kay Yaweng Diyos mo,
gaya ng kanyang sinabi."

### Pagtatapos ng "salita ni Moises"

**27** • 1 Iniutos ito ni Moises at ng mga mata-
tanda ng Israel sa sambayanan: "Tupa-
rin ninyo ang lahat ng utos na iniuutos ko sa inyo
ngayon. 2 At sa araw na makatawid kayo sa
Jordan patungo sa lupaing ibinibigay sa iyo ni
Yaweng iyong Diyos, magtayo ka ng malalaking
bato at palitadahan iyon ng apog. 3 At isulat mo
sa mga ito ang lahat ng salita ng Batas na ito
pagkatawid mo para pumunta sa lupaing ibi-
nibigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo, sa lupaing
dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan, gaya
ng sabi sa iyo ni Yaweng Diyos ng iyong mga
ninuno.

4 Pagkatawid ninyo sa Jordan, itayo ninyo
ang malalaking batong ito sa Bundok Ebal, tulad
ng iniuutos ko sa inyo ngayon, at palitadahan ng
apog. 5 Magtayo ka roon ng altar sa karangalan
ni Yaweng Diyos mo, isang altar na yari sa mga
batong hindi sininsel. 6 Itayo mo ang altar na yari
sa mga batong hindi tinapyas sa karangalan ni
Yaweng Diyos mo, at mag-alay ka roon ng mga
sinunog na handog kay Yaweng iyong Diyos.

---

• **27.1** *Nasa mga kabanata 27-28 ang wakas ng "diskurso ni Moises", na nasa mga kabanata 5-11.*
Pansinin ang seremonya ng pagpapanibago ng Tipan sa 27:4-36. Naganap ito sa Sikem sa panahon ni Josue (Josue 8:32). Nangako ang buong bayan na susundin nila ang sampung utos na nalalahad naman dito bilang labindalawang sumpa.

Alam natin na sa totoo'y sa mga huling panahon ng kaharian ng Juda isinulat ang "diskursong ito ni Moises". Noo'y sapat nang paggunita sa kasaysayan ang makita ang maraming kasawiampalad na nangyari dahil sa hindi pamumuhay ayon sa hinihingi ni Yawe. Hindi marami ang mga pagpapala at hindi rin naman nanatili nang matagal. Sa halip ay nagkakatotoo ang napakalupit na mga sitwasyong inilalarawan sa kabanatang ito.

*Kung pakikinggan mo si Yawe, itatampok ka niya sa lahat ng bansa.* Marami ang mga paanyayang sumunod sa Diyos sa aklat na ito. Kumbinsido ang awtor na masusunod ng mga tao ang lahat ng ito at magkakaroong-kaligayahan. Subalit negatibo ang kongklusyon. Sa katunaya'y hindi nakinig ang Israel at susuway hanggang mapahamak. Nang sulatin ang mga pahinang ito, mas pesimista pa si Propeta Jeremias sa pagsasabing wala nang bisa ang unang Tipan pati ang mga pangako nito ng materyal na kaligayahan. Sinabi niyang singhirap ng pagpapalit ng kulay ng kanyang balat para sa tao ang makalaya siya mula sa kasalanan (Jer 13:23).

Kaya napakabuti ng batas na ito pero hindi ito masusunod ng Israel hangga't hindi binibigyan ng Diyos ng bagong puso at espiritu ang mga sumasampalataya (tingnan Jer 31:31).

7 Doon mo ialay ang hain sa mabuting
pagsasamahan, magsasalu-salo kayo at mag-
piyesta sa harap ni Yaweng iyong Diyos.
8 Malinaw mong isulat sa mga bato ang lahat ng
salita ng Batas na ito."
9 At sinabi ni Moises at ng mga paring mula sa
tribu ni Levi sa buong Israel: "Tumahimik ka,
Israel, at makinig! Sa araw na ito, naging bayan
ka ni Yaweng iyong Diyos; 10 kaya pakinggan
mo ang tinig ni Yaweng Diyos mo, at isagawa
ang kanyang mga utos at mga tuntuning ini-
uutos ko sa iyo ngayon."
11 Nang araw ding iyon, iniutos ni Moises sa
sambayanan: 12 "Pagkatawid ninyo sa Ilog Jor-
dan, titindig sa Bundok Gerizim ang mga tribung
ito para basbasan ang bayan: sina Simeon, Levi,
Juda, Isacar, Jose at Benjamin. 13 At ito naman
ang titindig sa Bundok Ebal para bigkasin ang
sumpa: sina Ruben, Gad, Aser, Zabulon, Dan at
Neftali.
14 Malakas na ipahahayag ng mga Levita sa
lahat ng Israelita:
15 Sumpain ang taong gumagawa ng diyus-
diyusang binalutan ng metal na kasuklam-
suklam kay Yawe, ang gawa ng mga kamay ng
isang panday at iniligay sa isang lihim na lugar!
At sasagot ang buong bayan: Amen!
16 Sumpain ang humihiya sa kanyang ama o
ina! At sasagot ang buong bayan: Amen!
17 Sumpain ang naglilipat ng mohon ng
kanyang kapwa! At sasagot ang buong bayan:
Amen!
18 Sumpain ang nagliligaw sa daan sa bulag!
At sasagot ang buong bayan: Amen!
19 Sumpain ang nagkakait ng katarungan sa
dayuhan, sa ulila at sa biyuda! At sasagot ang
buong bayan: Amen!
20 Sumpain ang nakikipagtalik sa asawa ng
kanyang ama at lumalapastangan sa kanyang
ama! At sasagot ang buong bayan: Amen!
21 Sumpain ang nakikipagtalik sa anumang
hayop! At sasagot ang buong bayan: Amen!
22 Sumpain ang sinumang nakikipagtalik sa
kanyang kapatid na babae o sa anak na babae
ng kanyang ama o ina! At sasagot ang buong
bayan: Amen!
23 Sumpain ang sinumang nakikipagtalik sa
kanyang biyenang babae! At sasagot ang buong
bayan: Amen!
24 Sumpain ang pataksil na pumapatay sa
kanyang kapwa! At sasagot ang buong bayan:
Amen!
25 Sumpain ang tumatanggap ng lagay upang
patayin ang taong walang-kasalanan! At sa-
sagot ang buong bayan: Amen!
26 Sumpain ang hindi nagpapatibay sa mga
salita ng Batas na ito sa pagsasabuhay ng mga
ito! At sasagot ang buong bayan: Amen!

**Mga bendisyon at mga sumpa**

28 • 1 Kung pakikinggan mong mabuti
ang tinig ni Yaweng iyong Diyos, at
pakakaingatang isabuhay ang lahat niyang utos
na iniuutos sa iyo ngayon, itatampok ka ni
Yaweng iyong Diyos sa lahat ng bansa sa lupa.
2 Darating sa iyo at daratnan ka ng lahat ng
pagpapalang ito dahil sa pagsunod mo sa tinig
ni Yaweng iyong Diyos:
3 Pagpalain ka sa lunsod, pagpalain ka sa
bukid. 4 Pagpalain ang supling ng iyong sinapu-
punan, ang bunga ng iyong lupain, ang bunga
ng iyong hayupan, ang anak ng iyong mga baka
at ang maliliit ng iyong mga tupa. 5 Pagpalain
ang iyong basket at ang iyong masahan ng
tinapay. 6 Pagpalain ka sa pagsisimula at pag-
tatapos. 7 Ibubuwal ni Yawe ang iyong mga
kaaway na titindig laban sa iyo, malulupig sila sa
harap mo. Susugurin ka nila galing sa iisang
landas, ngunit tatakas sila mula sa iyo sa pitong
landas.
8 Uutusan ni Yawe na sumaiyo ang pagpa-
pala, sa iyong mga kamalig at sa lahat ng gawa
ng iyong mga kamay. Pagpapalain ka sa lu-
paing ibinibigay sa iyo ni Yaweng Diyos mo.
9 Kung tutuparin mo ang mga utos ni Yaweng
iyong Diyos at lalakad sa kanyang mga daan,
gagawin ka ni Yawe na isang bayang banal para
sa kanya gaya ng kanyang ipinangako sa iyo.
10 At makikita ng lahat ng bayan sa lupa na nasa
pangangalaga kayo ng pangalan ni Yawe, at
igagalang ka nila.
11 Pasasaganain ka ni Yawe sa lahat ng mabu-
buting bagay, sa supling ng iyong sinapupunan,
sa bunga ng iyong hayupan, sa bunga ng iyong
lupa, sa lupaing ipinangako ni Yawe sa iyong
mga ninuno na ibibigay sa iyo.
12 Bubuksan sa iyo ni Yawe ang kanyang
yaman sa langit para magbigay ng ulan sa iyong

---

• **28.**1 Malimit nating ipinapakiusap na basbasan o "binyagan" ng pari ang ating bahay, opisina, bangka, sasakyan o anumang bagong makinarya. Iba't ibang kahulugan ang nakapaloob sa salitang "basbasan" o bendisyon, na ibig sabihi'y *magsabi ng mabuti:*

– magsabi ng pasasalamat sa Diyos na siyang pinagmumulan ng lahat;

– sabihin ang mabuting palagay ng Diyos sa pagkakaroon ng ganito o gayon, o anumang pag-unlad; sabihin ang lahat ng bungang maaaring matamo sa gayong bahay, o sa makinang ito, atbp... para sa makatao at espiritwal na pag-unlad ng isang tao o grupo;

– hilingin sa Panginoon na magamit sana natin ang

lupain sa takdang panahon, at pagpalain ang
lahat ng gawa ng iyong kamay. Magpapahiram
ka sa maraming bansa, pero hindi ka mang-
hihiram.
13 Gagawin ka ni Yawe na ulo at hindi buntot;
mananatili kang lagi sa itaas at hindi sa ilalim
kung pakikinggan mo ang mga utos ni Yaweng
iyong Diyos, na iniuutos ko sa iyo ngayon.
14 Isabuhay mo ang mga ito, at huwag lumihis
mula sa lahat ng salitang iniuutos ko sa iyo
ngayon, maging sa kanan o sa kaliwa para
sundan ang ibang mga diyos at maglingkod sa
kanila.
15 Ngunit kung hindi mo pakikinggan ang
tinig ni Yaweng iyong Diyos, at hindi pakaka-
ingatang isagawa ang lahat niyang utos at tun-
tuning iniuutos ko sa iyo ngayon, darating sa iyo
at daratnan ka ng lahat ng sumpang ito:
16 Sumpain ka sa lunsod, sumpain ka sa
bukid. 17 Sumpain ang basket mo, at sumpain
ang masahan mo ng tinapay. 18 Sumpain ang
supling ng iyong sinapupunan, ang bunga ng
iyong lupa, ang anak ng iyong baka at ang
maliliit ng iyong tupa. 19 Sumpain ka sa iyong
pagsisimula at pagtatapos.
20 Padadalhan ka ni Yawe ng kasawian,
kapinsalaan at pangamba sa lahat ng gawa ng
iyong kamay, hanggang mapuksa ka o agad na
malipol dahil sa mga kasamaang ginawa mo sa
pagtataksil kay Yawe. 21 Pakakapitin sa iyo ni
Yawe ang salot hanggang maubos ka sa lupaing
pupuntahan mo para angkinin.
22 Parurusahan ka ni Yawe sa pamamagitan
ng tuberkulosis, lagnat, pamamaga, pagka-
tuyot, peste ng trigo at amag na hahabol sa iyo
hanggang ikaw ay mamatay.
23 Magiging tanso ang langit sa ulunan mo at
bakal ang lupang tinutuntungan mo. 24 Hindi
ulan kundi abo at alikabok ang papatak buhat sa
langit hanggang ikaw ay mapuksa.
25 Ipalulupig ka ni Yawe sa harap ng iyong
mga kaaway. Susugurin mo sila galing sa iisang
landas, ngunit tatakas ka mula sa kanila sa
pitong landas. Magiging katatakutan ka sa lahat
ng kaharian sa daigdig.
26 Magiging pagkain ng lahat ng ibon sa langit
at mababangis na hayop sa lupa ang iyong
bangkay, at walang bubugaw sa mga ito.
27 Tatadtarin ka ni Yawe ng mga pigsa ng Ehipto,
ng mga almoranas, ng galis at buni, na hindi na
gagaling.
28 Parurusahan kayo ni Yawe sa pamamagi-
tan ng pagkabaliw at pagkabulag at pagkalito.
29 Tulad sa bulag na nangangapa sa dilim, ma-
ngangapa ka sa katanghaliang-tapat, at hindi ka
magtatagumpay sa iyong daan. Lagi kang
aapihin at pagnanakawan, at walang magliligtas
sa inyo.
30 Itatakda kang ikasal sa iyong nobya, ngunit
iba ang sisiping sa kanya. Magtatayo ka ng
bahay pero hindi ikaw ang titira roon. Magta-
tanim ka ng ubasan pero hindi tatamasahin ang
bunga nito. 31 Kakatayin sa harap mo ang
inyong baka, ngunit hindi ikaw ang kakain ng
karne niyon. Nanakawin sa harap mo ang iyong
asno, at hindi na isasauli pa. Ibibigay naman ang
iyong tupa sa iyong mga kaaway, at walang
magliligtas sa iyo.
32 Ibibigay ang iyong mga anak na lalaki at
babae sa ibang bayan, at maghapon kang ma-
nanabik sa kanila pero walang kang ma-
gagawang anuman.
33 Isang bayang hindi mo kilala ang kakain ng
bunga ng iyong lupa at ng lahat mong pag-
papagal. Lagi kang aapihin at sisiilin sa lahat ng
araw. 34 Mababaliw ka sa iyong masasaksihan.
35 Tatadtarin ni Yawe ng masasakit na pigsa
ang iyong mga tuhod at binti, na hindi na ma-
pagagaling, mula ulo hanggang talampakan.
36 Papupuntahin ka ni Yawe pati ang haring
pinamuno mo sa iyo sa isang bansang hindi mo
alam ni ng iyong mga ninuno, at sasamba ka
roon sa ibang mga diyos na yari sa kahoy at
bato.
37 Ikaw ay magiging katatakutan, usap-usa-
pan at tampulan ng panlilibak ng lahat ng bansa
na pagtatabuyan sa iyo ni Yawe.
38 Maraming binhi ang ihahasik mo sa iyong
bukid pero kaunti ang aanihin sapagkat lala-
munin iyon ng mga balang.
39 Magtatanim ka at mag-aalaga ng mga
ubasan pero hindi makaiinom ng alak o maka-
pamimitas ng ubas sapagkat uubusin iyon ng
uod.
40 Magkakaroon ka ng mga puno ng olibo sa
buo mong lupain pero wala kang maipampa-
pahid gapatak mang langis sapagkat man-
lalaglag ang iyong mga olibo.
41 Magkakaanak ka pero hindi sila magiging

---

mga bagay ayon sa kanyang kalooban, dahil iyon lamang ang tanging paraan para matamo natin ang tanang kabutihang maaasahan sa mga ito.

*Itatampok ka ni Yawe... Pasasaganain ka ni Yawe... Bubuksan sa iyo ni Yawe...* Magkakatotoo siyempre ang lahat ng ito sa wastong paggamit natin sa mga bagay: hindi tayo naghihintay ng mga milagro. Pero alam nga natin na maaaring magmula ang mga kahanga-hangang bagay sa pinakamahina mang mga instrumento.

iyo sapagkat mabibihag sila. 42 At aangkinin ng
mga balang ang lahat mong punongkahoy at
lahat ng bunga ng iyong lupain.
43 Matataas ang dayuhang kapiling mo, pa-
taas nang pataas, habang ikaw nama'y maba-
baba, pababa nang pababa. 44 Siya ang magpa-
pahiram sa iyo pero wala kang maipahihiram sa
kanya. Siya ang magiging ulo at ikaw ang
magiging buntot.
45 Babagsak sa iyo ang lahat ng sumpang ito,
hahabulin ka at maaabutan hanggang ikaw ay
mapuksa sapagkat hindi mo pinakinggan ang
tinig ni Yaweng iyong Diyos at hindi mo tinupad
ang kanyang mga utos at mga tuntuning iniutos
ko sa iyo. 46 Lagi mong makakapiling ang mga
ito pati na ng iyong mga inapo, at magiging
kagila-gilalas na tanda para sa lahat.
47 Dahil hindi mo pinaglingkuran si Yaweng
iyong Diyos nang buong galak at tuwa sa pana-
hon ng kasaganaan, 48 kaya maninilbihan ka sa
iyong mga kaaway na ipadadala ni Yawe laban
sa iyo sa gitna ng gutom, uhaw, kahubaran at
paghihikahos sa lahat ng bagay. Lalagyan ka
niya ng pamatok na bakal hanggang ikaw ay
mapuksa.
49 Isang malayong bansa ang dadalhin ni
Yawe laban sa iyo mula sa dulo ng daigdig,
simbilis ng lawin sa paglipad, isang bansang
hindi mo maiintindihan ang wika, 50 isang ban-
sang mabalasik at walang pakundangan sa
matanda at walang patawad sa mga bata.
51 Kakainin nila ang bunga ng iyong hayupan at
lupain hanggang ikaw ay mapuksa. Wala silang
iiwang anumang trigo para sa iyo ni bagong alak
o langis o anak ng iyong bakahan o tupahan
hanggang mapuksa ka.
52 Kukubkubin ka sa lahat mong lunsod sa
buo mong lupain hanggang bumagsak ang pi-
nakamataas at pinakamatibay mong mga pader
na iyong sinasandigan. Oo, kukubkubin ka nga
nila sa lahat mong lunsod sa buo mong lupaing
bigay sa iyo ni Yaweng iyong Diyos.
53 Dahil sa pagkubkob at pagpapahirap sa iyo
ng iyong mga kaaway, kakainin mo ang laman
ng bunga ng iyong sinapupunan, ang laman ng
iyong mga anak na kaloob sa iyo ni Yaweng
Diyos mo.
54 Titingnan nang masama kahit na ng pina-
kapihikan at pinakamaselan sa inyo ang sarili
niyang kapatid at minamahal na asawa at ma-
lalabing mga anak. 55 Hindi niya pasasaluhin
ang sinuman sa kanila sa kinakain niyang laman
ng kanyang mga anak sapagkat iyon na lamang
ang natira sa kanya sa pagkubkob at pagpa-
pahirap sa iyo ng iyong mga kaaway sa lahat
mong lunsod.
56 Titingnan nang masama kahit na ng pina-
kamayumi at pinakamaselang babae sa inyo na
hindi nagyayapak kailanman ang kanyang
asawang minamahal at pati ang kanyang anak
na lalaki at babae. 57 Sa kakulangan ng maka-
kain dahil sa pagkubkob at pagpapahirap sa iyo
ng iyong mga kaaway sa iyong mga lunsod,
magtatago siya sa kanila para kainin ang inu-
nang galing sa kanyang sinapupunan at ang
mga anak na kanyang isisilang.
58 Kung hindi mo isasabuhay ang lahat ng
salita ng Batas na ito na nasusulat sa aklat na ito
at di magkakaroong-pitagan sa maluwalhati at
kagila-gilalas na Pangalang ito ni Yaweng iyong
Diyos, 59 parurusahan ka ni Yawe, ikaw at ang
iyong mga inapo, sa pamamagitan ng naka-
pangingilabot na mga salot, grabe at walang-
lagot na salot, malulubhang sakit na walang
lunas.
60 Ihahatid niya sa iyo ang lahat ng salot ng
Ehipto, na kinatatakutan mo, at ikakapit niya sa
iyo ang mga ito. 61 Ibubunton din sa iyo ni Yawe
ang lahat ng sakit at salot na hindi nakatala sa
aklat na ito ng Batas hanggang ikaw ay ma-
puksa. 62 Mangangaunti kayo bagamat dati
kayong tulad ng mga bituin sa langit sa dami,
sapagkat hindi mo pinakinggan ang tinig ni
Yaweng Diyos mo.
63 Kaya mangyayari na kung paanong iki-
nalugod ni Yawe na magmagandang-loob sa
inyo at pinarami kayo, ikalulugod din niya na
wasakin kayo at puksain. Bubunutin niya kayo
sa lupaing pupuntahan ninyo para angkinin.
64 Pangangalatin ka ni Yawe sa lahat ng bansa
sa magkabilang dulo ng daigdig at paglilling-
kuran mo roon ang ibang mga diyos na kahoy
at bato, na hindi mo kilala ni ng iyong mga
ninuno.
65 Sa mga bansang iyon, hindi ka makata-
tagpo ng katiwasayan o kapahingahan para sa
iyong talampakan. Pusong duwag, namumug-
tong mga mata at balisang isipan ang ibibigay sa
iyo roon ni Yawe. 66 Buhay mo'y mabibitin sa
balag ng pag-aalinlangan, nasa pangamba araw
at gabi, walang anumang katiyakan sa iyong
buhay.
67 Sasabihin mo sa umaga – Gabi na sana! –
ngunit sasabihin mo naman kinagabihan –
Umaga na sana! – dahil sa pangambang kinata-
takutan ng iyong puso at sa nakikita ng iyong
mga mata.
68 Ibabalik ka ni Yawe sa Ehipto dahil sa iyong
kasalanan sa kabila ng kanyang sinabi sa iyong
– Hindi mo na ito makikita pang muli. Ipabibili
mo roon ang iyong sarili bilang alipin sa iyong
mga kaaway pero walang bibili sa iyo.

69 Ito ang mga salita ng Pakikipagtipang ini-
utos ni Yawe kay Moises na pagtibayin sa mga
anak ng Israel sa lupain ng Moab, bukod pa sa
pakikipagtipang pinagtibay niya sa kanila sa
Horeb.

**Isa pang pagtatapos**

**29** • 1 Tinawag ni Moises ang buong Israel at
sinabi: "Nakita ng inyong mga mata ang
lahat ng ginawa ni Yawe sa lupain ng Ehipto, kay
Paraon at sa lahat niyang tauhan at sa buo
niyang lupain. 2 Nakita ng iyong mga mata ang
mabibigat na pagsubok, ang mga tanda at da-
kilang kababalaghang iyon.
3 Ngunit hanggang sa araw na ito, hindi pa
kayo binibigyan ni Yawe ng pusong nakauuna
wa at ng mga matang nakakakita at mga
taingang nakaririnig.
4 Apatnapung taon niya kayong pinagala sa
disyerto, at hindi namulmol ang inyong suot o
napudpod ang iyong mga sandalyas sa iyong
paa. 5 Hindi kayo kumain ng tinapay o uminom
ng alak at matapang na inumin upang malaman
ninyo na ako si Yaweng inyong Diyos. 6 At nang
dumating kayo sa lugar na ito, lumabas sina
Sihong hari ng Hesbon at Og na hari ng Basan
para harapin tayo sa labanan. Ngunit natalo
natin sila, 7 inagaw ang kanilang lupain at
ibinigay itong pamana kina Ruben at Gad at sa
kalahati ng tribu ni Manases.
8 Kaya tuparin ninyo ang mga hinihingi ng
Pakikipagtipang ito at isagawa ang mga ito
upang magtagumpay kayo sa lahat ninyong
gawain. 9 Nakatayo kayong lahat ngayon sa
harap ni Yaweng inyong Diyos: ang inyong mga
pinuno, ang inyong mga tribu, ang inyong ma-
tatanda, ang inyong mga opisyal, lahat ng lalaki
ng Israel, 10 ang inyong maliliit, ang inyong mga
maybahay, at ang dayuhang nasa iyong mga
kampo mula sa tagasibak ng iyong kahoy
hanggang sa taga-igib ng iyong tubig. 11 Narito
ka ngayon para pumasok sa pakikipagtipan kay
Yaweng Diyos mo at sa sumpaang pagtitibayin
sa iyo ngayon ni Yaweng iyong Diyos.
12 Gagawin ka niyang bayan niya at siya
naman ang magiging Diyos mo gaya ng kan-
yang sinabi sa iyo at sinumpaan sa iyong mga
ninuno, kina Abraham, Isaac at Jacob.
13 At hindi lamang sa inyo ko ginagawa ang
pakikipagtipan at sumpaang ito, 14 kundi sa
mga nakatayo ritong kasama ninyo ngayon sa
harap ni Yaweng ating Diyos at pati sa mga wala
rito ngayon.
15 Alam na alam ninyo kung paano tayo
namuhay sa lupain ng Ehipto at kung paano
tayo tumawid sa ibang mga bansang dinaanan
natin. 16 Nakita ninyo ang kanilang kasuklam-
suklam at maruming mga diyus-diyusang ka-
nilang iniingatan: yari sa kahoy at bato, pilak at
ginto.
17 Huwag sanang magkaroon sa inyo ngayon
ng lalaki o babae, angkan o tribu na ang puso'y
lumalayo kay Yaweng ating Diyos para pun-
tahan at paglingkuran ang mga diyos ng mga
bansang iyon. Wala sanang mag-ugat sa inyo na
magbubunga ng pait at lason.
18 Kung may makarinig sa mga salita ng
sumpaang ito, at sige pa rin at sinasabing –
Magkakaroon naman ako ng kapayapaan kaya
gagawin ko ang gusto ko. Mamamatay rin na-
man ang makasalanan kasama ng matuwid –
19 hindi loloobin ni Yaweng patawarin siya. Mag-
lalagablab ang kanyang poot at dangal sa taong
ito at babagsak sa kanya ang lahat ng sumpang
nasusulat sa aklat na ito. Buburahin ni Yawe ang
kanyang pangalan sa silong ng langit, 20 at ibu-
bukod siya ni Yawe mula sa lahat ng tribu para
sa kapahamakan ayon sa lahat ng sumpa ng
pakikipagtipang ito na nasusulat sa aklat na ito
ng Batas.
21 Makikita ng darating na salinlahi ng iyong
mga anak na isisilang na kasunod ninyo at ng
dayuhang galing sa malayong lupain ang mga
salot sa lupaing ito at ang mga sakit na ipada-
dala rito ni Yawe, at sasabihin nila – 22 Buong
lupaing sinunog ng asupre at asin, walang ta-
nim, walang tumutubong anuman kahit damo,
gaya ng pagkawasak ng Sodom at Gomorra,
Adma at Zeboim na winasak ni Yawe sa kanyang
poot at galit.
23 Itatanong nga ng lahat ng bansa – Bakit
ganito ang ginawa ni Yawe sa lupaing ito? Ano
ang ibig sabihin ng gayon katinding poot? – 24 at
sasagot naman sila – Dahil tinalikuran nila ang
Pakikipagtipan sa kanila ni Yaweng Diyos ng
kanilang mga ninuno, gayong inilabas niya sila
mula sa lupain ng Ehipto. 25 Sapagkat pinun-
tahan nila at pinaglingkuran ang ibang mga
diyos at sinamba ang mga iyon, mga diyos na
hindi nila kilala at hindi niya ibinigay sa kanila.
26 Kaya nag-apoy ang galit ni Yawe sa lupain
at ibinunton dito ang lahat ng sumpang nasusu-
lat sa aklat na ito. 27 Binunot sila ni Yawe mula sa

---

• **29.**1 Ang bagong diskursong ito ay sinulat pag-
kabalik mula sa Pagkatapon, nang simulan ng mga
Judio ang muling pagtatayo ng kanilang bansa taglay
ang determinasyong mula noo'y magiging tapat na sila
sa batas ni Yawe.

kanilang lupain sa kanyang galit at poot at
matinding ngitngit, at itinapon sa ibang lupain
tulad ngayon.
28 Kay Yaweng Diyos natin ang mga lihim na
bagay, ngunit magpakailanma'y nasa ating
mga kamay at ng ating mga anak ang mga
bagay na ipinabatid niya, kaya isabuhay natin
ang lahat ng hinihingi ng Batas na ito!

**30** 1 Kapag dumating na sa iyo ang lahat
ng bagay na ito, ang pagpapala at ang
sumpang iniharap ko sa iyo, magugunita mo
ang mga ito sa iyong puso sa lahat ng bansang
pinagtabuyan sa iyo ni Yaweng Diyos mo. 2 Mag-
babalik ka kay Yaweng iyong Diyos at makikinig
sa kanyang tinig ayon sa lahat ng iniuutos ko sa
iyo ngayon, ikaw at ang iyong mga anak, nang
buo mong puso at nang buo mong kaluluwa.
3 At pauuwiin ni Yaweng iyong Diyos ang mga
nabihag sa iyo, kaaawaan ka niya, at muli ka
niyang titipunin mula sa lahat ng bansang
pinagkalatan sa iyo ni Yaweng iyong Diyos.
4 Pinalayas ka man hanggang sa kabilang dulo
ng daigdig, titipunin ka't kukunin ni Yaweng
Diyos mo mula roon. 5 At dadalhin ka ni Yaweng
iyong Diyos sa lupaing inari ng iyong mga
ninuno upang maangkin mo rin ito. Magma-
magandang-loob siya sa iyo at pararamihin ka
nang higit pa sa iyong mga ninuno.

### Hindi humihingi ang Diyos ng mga bagay na imposible

• 6 Dadalisayin ni Yaweng iyong Diyos
ang iyong puso at ang puso ng iyong
inapo para mahalin mo si Yaweng iyong
Diyos nang buo mong puso at nang buo
mong kaluluwa, at nang mabuhay ka. 7 At
ipapataw ni Yaweng iyong Diyos ang lahat
ng sumpang ito sa iyong mga kaaway na
namumuhi at umuusig sa inyo.
8 Muli mong pakikinggan ang tinig ni
Yawe at isasabuhay ang lahat niyang utos
na iniuutos ko sa iyo ngayon. 9 Pasa-
saganain ka ni Yaweng iyong Diyos sa
lahat ng gawa ng iyong mga kamay, sa
supling ng iyong sinapupunan, at sa
bunga ng iyong hayupan at sa bunga ng
iyong lupa para sa iyong kabutihan, dahil
muling malulugod si Yawe na mag-
magandang-loob sa iyo tulad ng pagka-
lugod niya sa iyong mga ninuno. 10 Sa-
pagkat makikinig ka sa tinig ni Yaweng
iyong Diyos at tutuparin ang kanyang
mga utos at mga tuntuning nakasulat sa
aklat na ito ng Batas, sapagkat mag-
babalik ka kay Yaweng iyong Diyos nang
buo mong puso at nang buo mong kalu-
luwa.
11 Hindi napakahirap para sa iyo o na-
pakalayo sa iyo ang utos na ito na iniuutos
ko sa iyo ngayon. 12 Wala ito sa langit para
sabihin mong – Sino ang aakyat sa langit
upang kunin ito para sa amin at mag-
paparinig nito sa amin upang aming
maisabuhay? 13 Wala rin ito sa kabilang
ibayo ng dagat para sabihin mong – Sino
ang tatawid sa kabilang ibayo ng dagat
upang kunin ito para sa amin at magpa-
parinig nito sa amin upang aming maisa-
buhay?
14 Hindi! napakalapit ng salitang ito sa
iyo! Nasa iyong bibig na at nasa iyong
puso para maisabuhay ito.

### Piliin ang daan ng buhay

• 15 Tingnan mo, inihaharap ko sa iyo
ngayon ang buhay at kabutihan, ang ka-
matayan at kasamaan. 16 Iniuutos ko sa

---

• **30.**6 *Hindi napakahirap para sa iyo ang utos na ito* (11): ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ang pinakanatural na daan para sa taong tapat at walang pagkukunwari. *Napakalapit ng salitang ito sa iyo para maisabuhay mo* (30:14); subalit hindi pa rin ito maisasabuhay ng tao hangga't hindi niya natatanggap ang "pagtutuli ng puso". *Dadalisayin ni Yawe ang iyong puso* (6), o "tutuliin" sa wikang Hebreo na ibig sabihi'y gagawin niyang wagas at banal. Tingnan Ez 36:26-27.

Kakaunting pahina ng Biblia ang lubos na nagbi-bigay-diin at sa napakamapanghikayat na paraan sa pag-ibig ni Yawe, pag-ibig na seloso na bunga ng kanyang hangaring paligayahin ang tao. *Dadalisayin ni Yaweng iyong Diyos ang iyong puso para mahalin mo si Yawe at nang mabuhay ka. Muling malulugod si Yawe na magmagandang-loob sa iyo.*

• 15. Tanyag na tanyag ang talatang ito tungkol sa *dalawang landas.* Ipinaaalaala nito sa atin ang kahalagahan ng malaya nating mga pasya at ang pagrespeto ng Diyos sa kalayaan ng tao (tingnan din Sir 15:11).

Sa kabuuan ng Deuteronomio, katapatan sa Diyos ang siyang ipinahahayag kasama ang pag-alaala sa kanyang mga pangako at mga gantimpala dito sa

iyo ngayon na mahalin si Yaweng iyong Diyos at lumakad sa kanyang mga daan. Tuparin mo ang kanyang mga utos, mga tuntunin at mga batas, at mabubuhay ka at dadami at pagpapalain ka ni Yaweng iyong Diyos sa lupaing pupuntahan mo para angkinin. 17 Ngunit kung lalayo ang puso mo at hindi ka makikinig, kung maa-akit ka at yuyuko sa ibang mga diyos at maglilingkod sa kanila, 18 ipinahahayag ko sa inyo sa araw na ito na kayo'y tiyak na mapupuksa. Hindi kayo mabubuhay nang matagal sa lupaing inyong aangkinin pagkatawid sa Jordan.

19 Saksi ko ang langit at lupa laban sa inyo na iniharap ko na nga sa iyo ang buhay at kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa. Kaya piliin mo ang buhay upang ikaw at ang iyong lahi ay mabuhay 20 sa pagmamahal kay Yaweng iyong Diyos, sa pakikinig sa kanyang tinig at sa pagkapit sa kanya. Ito ang buhay mo at ang haba ng iyong mga araw sa pagtira sa lupaing ipinangako ni Yawe na ibibigay sa iyong mga ninuno, kina Abraham, Isaac at Jacob."

#### Humalili si Josue kay Moises

**31** • 1 At pagkasabi ni Moises sa mga salitang ito sa buong Israel, sinabi pa rin niya: 2 "Sandaa't dalawampung taon na ako ngayon. Wala na akong puwedeng simulan at tapusin, at sinabi sa akin ni Yawe na hindi ako makatatawid sa Ilog Jordan. 3 Si Yaweng iyong Diyos mismo ang tatawid at mangunguna sa iyo. Wawasakin niya ang mga bansang iyon sa harap mo at aagawan mo sila. Si Josue ang makatatawid at mangunguna sa iyo gaya ng sinabi ni Yawe.

4 Gagawin ni Yawe sa kanila ang ginawa niya kina Sihon at Og na mga haring Amorreo at sa kanilang lupain na kanyang winasak. 5 At ibibigay sa inyo ni Yawe ang mga ito at gawin ninyo sa kanila ang lahat ng iniutos ko sa inyo.

6 Lakasan ang loob at magpakatapang, huwag matakot o manginig dahil sa kanila sapagkat kasama mo si Yaweng iyong Diyos; hindi ka niya iiwan o pababayaan."

7 Pagkatapos nito, tinawag ni Moises si Josue at sinabi sa kanya sa harap ng buong Israel: "Lakasan mo ang iyong loob at magpakatapang sapagkat sasamahan mo ang bayang ito papunta sa lupaing ipinangako ni Yawe sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa kanila. Ibibigay mo ito sa kanila bilang pamana. 8 Si Yawe ang siyang mangunguna sa iyo. Siya mismo ang sasaiyo at hindi ka niya iiwan o pababayaan. Huwag kang matakot o madismaya."

9 Isinulat ni Moises ang Batas na ito at ibinigay iyon sa mga paring inapo ni Levi – sila ang bumubuhat sa Kaban ng Pakikipagtipan ni Yawe – at sa lahat ng matatanda ng Israel. 10 At iniutos sa kanila ni Moises: "Tuwing ikapitong taon, sa

---

lupa. Hindi tayo dapat magulat. Nang mga unang panahong iyon, hindi pa naiintindihan ng bayan ng Diyos ang kabilang-buhay ni ang tunay na gantimpalang para sa bawat isa sa atin na mabuhay at magkaroong-kasiyahan na makita ang Diyos sa kabila pa ng kamatayan. Sa buhay na ito at sa patutunguhan ng kanilang bansa lamang sila nakatuon. Mas mahalaga ito sa kanilang paningin kaysa buhay na patutunguhan ng bawat tao. Para sa kanila, sa lupa at sa panahong ito dapat mapatunayan ang katarungan ng Diyos.

At walang bukid o bahay namang ipangangako ang Ebanghelyo, liban sa patalinhagang paraan nito (Mc 10:28). Hindi na mababanggit ang kasaganaan liban sa pinakahuling araw kung kailan muling lilikhain ng Diyos ang mundo (Gawa 3:21 at Pag 21:3).

• **31.**1 Iba't ibang alaala tungkol kay Moises ang nilalaman ng mga huling kabanata.

Ang awit sa kabanata 32 ay awit ng walang maliw na pag-ibig ni Yawe na gumagabay sa buong kasaysayan ng Israel.

– Pinipili ni Yawe ang Israel (7-9).

– Pinapatnubayan niya ito sa disyerto tungo sa Lupang Pangako (10-14).

– Nasisiyahan nang lubos, itinatakwil ng Israel ang Diyos at ibinibigay ang sarili sa mga diyus-diyusan (15-18).

– Naging kalaban ng Israel si Yawe (22-30).

– Sa habag ni Yawe kailangang umasa ang bayang napahiya at itinapon, sapagkat sa bandang huli'y siya ang magpapalaya sa kanya at papagtatagumpayin sila sa masasama (31-43).

*Nilagyan niya ng mga hangganan ang mga bayan ayon sa bilang ng mga anak ng Diyos.* Ang mga anghel ang tinutukoy na mga anak ng Diyos dito. Sila ang namamahala sa mga bansa, pero tanging kay Yawe lamang ang Israel.

*Tulad ng agila,* larawan ng Diyos na tinitingnan ang kanyang bayan: walang makaaagaw sa kanila mula sa kanyang proteksyon.

Binubuod ng bersikulo 15 ang mapaghimagsik na saloobin ng Israel.

*Tumaba si Jeshurun at sumikad.* Matapos tanggapin ang lahat mula sa kanyang ama, iniisip ng waldas na anak na sa paghihimagsik siya mas magiging malaya.

takdang panahon para sa Taon ng Pagpa-
patawad-utang, sa Piyesta ng mga Tolda, 11 sa
pagtitipon ng buong Israel para humarap kay
Yaweng iyong Diyos sa lugar na pinili niya,
babasahin ninyo ang Batas na ito upang marinig
ng buong Israel.
12 Tipunin ang sambayanan – ang mga lalaki,
mga babae at mga bata, at ang dayuhang nasa
iyong mga lunsod – upang mapakinggan nila
ito at matuto silang magkaroong-pitagan kay
Yaweng Diyos ninyo at ingatang isabuhay ang
lahat ng salita ng Batas na ito. 13 Maririnig ito ng
kanilang mga anak na hindi pa nakaaalam
nito at matututong magkaroong-pitagan kay
Yaweng inyong Diyos sa lahat ng araw ng inyong
buhay sa lupaing aangkinin ninyo pagkatawid
sa Jordan."
14 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Palapit na
ang araw ng iyong kamatayan. Tawagin mo si
Josue at humarap kayo sa akin sa Toldang
Tagpuan upang maibigay ko sa kanya ang
aking mga utos."
Kaya nagpunta sina Moises at Josue at du-
mulog sa Toldang Tagpuan. 15 Napakita si Yawe
sa kanila sa Tolda sa isang haliging ulap; tu-
mayo ang haliging ulap sa pintuan ng Tolda.
16 At sinabi ni Yawe kay Moises:
"Mahihimlay ka ngayon sa piling ng iyong
mga ninuno. At maghihimagsik ang bayang ito
at magbibili ng kanilang sarili sa mga banya-
gang diyos ng lupaing pupuntahan nila. Iiwan
nila ako at sisirain ang aking Pakikipagtipan sa
kanila. 17 Mag-aapoy ang aking galit sa kanila sa
araw na iyon, iiwan ko sila at ikukubli sa kanila
ang aking mukha. Kaya mauubos sila, mara-
ming kasamaan at pangamba ang darating sa
kanila kaya sasabihin nila sa araw na iyon –
Hindi ba't dahil wala na sa aking piling ang Diyos
kaya dumating sa akin ang mga kasamaang ito?
18 Ngunit lubos ko ngang ikukubli sa kanila ang
aking mukha dahil sa lahat ng kasamaang
ginawa nila sa pagbaling sa ibang mga diyos.
19 Kaya isulat ninyo ngayon ang awit na ito
para sa inyo at ituro sa mga anak ng Israel at
ipasaulo sa kanila sapagkat ang awit na ito ang
magiging saksi ko laban sa mga anak ng Israel.
20 Sapagkat dadalhin ko sila sa lupaing ipina-
ngako ko sa kanilang mga ninuno, isang lupaing
dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan. Ngunit
pagkatapos nilang kumain at mabusog at
tumaba, babaling sila sa ibang mga diyos at
paglilingkuran ang mga iyon at babale-walain
ako at sisirain ang aking Pakikipagtipan.
21 At kapag dumating sa kanila ang mara-
ming kasamaan at kapahamakan, sasaksi
laban sa kanila ang awit na ito, sapagkat hindi ito
malilimutan ng kanilang mga inapo. Alam ko na
ang kanilang binabalak bago ko pa sila dalhin sa
lupaing ipinangako ko sa kanila."
22 Sa araw na iyon, isinulat ni Moises ang awit
na ito at itinuro sa mga anak ng Israel. 23 At sinabi
ni Moises kay Josueng anak ni Nun: "Lakasan
mo ang loob mo at magpakatapang sapagkat
dadalhin mo ang mga anak ng Israel sa lupaing
ipinangako ni Yawe sa kanila – sasaiyo siya."
24 Nang maisulat na ni Moises sa isang aklat
ang lahat ng salita ng Batas na ito, 25 iniutos ni
Moises sa mga Levitang bumubuhat sa Kaban
ng Pakikipagtipan ni Yawe: 26 "Kunin ninyo ang
Aklat na ito ng Batas, ilagay ito sa tabi ng Kaban
ng Pakikipagtipan ni Yaweng iyong Diyos. Doon
ito mananatili bilang saksi laban sa iyo, 27 sa-
pagkat alam ko ang iyong paghihimagsik at ang
katigasan ng iyong ulo. Tingnan mo, kung
ngayong kasama ninyo akong buhay ay naging
mapaghimagsik na kayo kay Yawe, gaano pa
kaya pagkamatay ko?
28 Tipunin ninyo sa akin ang lahat ng mata-
tanda at opisyal ng inyong mga tribu. Sasabihin
ko ang mga salitang ito nang naririnig nila, at
pasasaksihin ko ang langit at lupa laban sa
kanila.
29 Sapagkat alam kong pagkamatay ko,
lubha kayong magpapakabulok at lilihis sa
daang itinuro ko sa inyo. At babagsak sa inyo
ang kasamaan sa darating na panahon dahil
gagawa kayo ng masama sa mata ni Yawe at
gagalitin siya sa mga gawa ng inyong mga
kamay."
30 At binigkas ni Moises hanggang katapusan
ang mga salita ng awit na ito na naririnig ng
buong pagtitipon ng Israel:

**Ang awit ni Moises**

32 1 "Makinig, O mga langit, at ako'y mag-
sasalita;
dinggin, O lupa, mga salita ng aking bibig!
2 Pumatak nawang gaya ng ulan ang aking
aral,
mga salita ko'y kumalat gaya ng hamog,
gaya ng ambon sa sariwang damo,
gaya ng masaganang ulan sa luntiang hala-
man.
3 Sapagkat ipahahayag ko ang Ngalan ng
Panginoon
at luluwalhatiin ang ating Diyos.
4 Siya ang Bato,
buo at ganap ang kanyang mga gawa.
Matuwid ang lahat niyang mga daan,
Diyos ng katotohanan at hindi ng kasamaan
matuwid at makatarungan.
5 Gumawa sila ng masama laban sa kanya

– gawa ng mga di karapat-dapat na anak
– masama at balakyot na salinlahi.
6 Ganito ba ang igaganti mo kay Yawe,
bayang hangal at walang isip?
Hindi ba't siya ang iyong Amang lumikha sa iyo,
na humubog at nagtatag sa iyo?
7 Alalahanin ninyo ang mga nagdaang araw,
isipin ang mga taon sa sali't salinlahi;
tanungin mo ang iyong ama at sasabihin niya sa iyo,
ang iyong matatanda at ipaliliwanag nila sa iyo.
8 Nang hatiin ng Kataas-taasan ang sangkatauhan
at ipagkaloob sa mga bansa ang kanilang pamana,
nilagyan niya ng hangganan ang mga bayan
ayon sa bilang ng mga anak ng Diyos.
9 Ngunit ang kanyang bayan ang bahagi ni Yawe –
si Jacob ang sarili niyang ari-arian.
10 Natagpuan niya siya sa ilang na lupain,
sa disyertong tiwangwang at umaalulong;
ipinagsanggalang niya siya at inalagaan,
iningatang parang balintataw ng kanyang mata.
11 Tulad ng agilang nagbabantay sa kanyang pugad,
na aali-aligid sa kanyang mga inakay,
iniuunat ang kanyang mga bagwis para kunin sila
at kinakarga sa kanyang mga pakpak.
12 Si Yawe lamang ang umakay sa kanya,
wala siyang kasamang diyos na banyaga.
13 Pinasakay niya siya sa kaitaasan ng lupain
at pinakain ng bunga ng lupa.
Pinasuso niya siya ng pulot-pukyutan mula sa bato
at ng langis mula sa matigas na batuhan.
14 Pinakain niya siya ng kinortang gatas ng baka,
ng sariwang gatas ng tupa,
ng mga pinatabang kordero at batang kambing
at mga baka ng Basan,
at ng pinakamatabang butil ng trigo;
at uminom ka ng alak na katas ng ubas.
15 Tumaba si Jeshurun at sumikad,
lumaki siyang mataba, mabigat at sobra sa pagkain.
Ngunit tinalikuran niya ang Diyos na may gawa sa kanya,
itinakwil ang Batong Tagapagligtas niya.
16 Pinapagselos nila siya sa kanilang mga banyagang diyos,
ginalit sa kanilang mga kasuklam-suklam na diyus-diyusan.
17 Nag-alay sila ng handog sa mga anito, hindi sa Diyos,
kundi sa mga diyos na hindi nila kilala,
mga bagong-dating na diyos
na di kinatatakutan ng inyong mga ninuno.
18 Kinaligtaan mo ang Batong humubog sa iyo,
kinalimutan ang Diyos na nagsilang sa iyo.
19 Tumingin si Yawe at nasuklam
dahil ginalit siya ng kanyang mga anak,
20 sinabi niya –
Ikukubli ko sa kanila ang aking mukha
at tingnan ko lamang ang mangyayari sa kanila.
Balakyot na salinlahi, mga taksil na anak!
21 Pinagselos nila ako sa isang hindi diyos
at ginalit nila ako sa kanilang mga diyus-diyusan.
Kaya papagseselosin ko naman sila sa isang hindi bayan,
gagalitin ko sila sa isang hangal na bansa.
22 Sapagkat may sinindihan nang siga ang aking poot,
tinutupok hanggang kailalim-ilaliman ng daigdig ng mga patay,
nilalamon ang lupa at ang bunga nito,
sinusunog ang pinakaugat ng mga bundok.
23 Ibubunton ko sa kanila ang kapahamakan
at uubusin sa kanila ang aking mga palaso.
24 Inubos ng taggutom, inubos ng lagnat,
mga grabeng peste at malulubhang salot!
Ipadadala ko sa kanila ang pangil ng mga halimaw
at ang kamandag ng mga ahas.
25 Sa labas ay mamamatay sa tabak ang kanilang mga anak,
at sa loob ay maghahari ang sindak,
malilipol ang mga binata at dalaga,
ang mga pasusuhin at mga may-uban.
26 Sinabi ko nang ikakalat ko sila sa malayo
at buburahin ang kanilang alaala mula sa sangkatauhan
27 ngunit pinangangambahan ko ang pangungutya ng kaaway
sapagkat baka akalain ng mga kalaban
at sabihing – Nagtagumpay kami,
hindi si Yawe ang may gawa ng lahat ng ito.
28 Sila'y bansang walang isip at walang pang-unawa;
29 kung matalino sila, naunawaan na sana nila ito
at napag-isip ang kanilang kahihinatnan.
30 Paanong hahabulin ng isa ang isang libo
at ipagtatabuyan ng dalawa ang libu-libo

kung hindi sila ipinagbili ng kanilang Bato,
kung hindi sila pinabayaan ni Yawe?
31 Sapagkat di tulad ng ating Bato ang kanilang bato –
alam ito kahit ng ating mga kaaway.
32 Supling sila ng puno ng Sodom
at galing sa mga bukid ng Gomorra;
mga ubas nila'y ubas na apdo, mapapait na kumpol,
33 alak nila'y kamandag ng mga ahas,
mabagsik na lason ng mga ulupong.
34 Hindi ba't itinabi ko ito
at sinusian sa aking kayamanan?
35 Akin ang paghihiganti.
Madudulas din ang kanilang mga paa,
malapit na ang araw ng kanilang kapahamakan
at mabilis na darating ang kanilang wakas.
36 Bibigyang-katarungan ni Yawe ang kanyang bayan
at kahahabagan ang kanyang mga lingkod
pag nakita niyang wala na silang lakas
at wala nang natirang malaya man o alipin.
37 Sasabihin niya – Nasaan ngayon ang kanilang mga diyos,
ang batong kanilang kanlungan,
38 na kumain sa taba ng kanilang mga handog
at uminom sa alak ng kanilang mga inuming hain?
Tumindig sila ngayon at tulungan kayo,
at maging kanlungan ninyo!
39 Masdan, ako mismo siya ngayon!
Walang ibang diyos liban sa akin.
Ako ang nagbibigay ng buhay at ng kamatayan,
ako ang sumusugat at ako ang humihilom,
at walang makapagliligtas mula sa aking kamay.
40 Itinataas ko ang aking kamay sa langit at sinasabing –
Buhay ako magpakailanman
41 kaya kapag inihasa ko ang aking kumikislap na tabak
at hinawakan ng aking kamay ang paghatol,
paghihigantihan ko ang aking mga kaaway
at sisingilin ang mga namumuhi sa akin.
42 Lalasingin ko sa dugo ang aking mga palaso
at lalamon ng laman ang aking tabak:
dugo ng mga nasawi at mga bihag,
mga ulo ng mga pinuno ng mga kaaway.
43 Ipagbunyi mga bansa, ang kanyang bayan:
ipaghihiganti niya ang dugo ng kanyang mga lingkod,
paghihigantihan niya ang kanyang mga kalaban
at magbabayad-sala para sa kanyang lupain at bayan."

44 Binigkas ni Moises ang lahat ng salita ng
awit na ito nang naririnig ng sambayanan, at
kasama niya si Josueng anak ni Nun.
45 Pagkatapos bigkasin ni Moises ang lahat ng
katagang ito sa buong Israel, 46 sinabi niya sa
kanila: "Isapuso ninyo ang lahat ng salitang
pinasasaksi ko laban sa inyo sa araw na ito,
upang maiutos ninyo sa inyong mga anak na
buong ingat na isabuhay ang lahat ng salita ng
Batas na ito. 47 Ito'y salitang may katuturan para
sa inyo, dito nakasalalay ang inyong buhay, at
sa pamamagitan ng salitang ito, mabubuhay ka
nang matagal sa lupaing aangkinin ninyo
pagkatawid sa Jordan."
48 *Kinausap ni Yawe si Moises nang araw*
*ding iyon at sinabi:* 49 *"Umakyat ka sa kabun-*
*dukan ng Abarim sa lupain ng Moab, at uma-*
*hon sa Bundok Nebo sa tapat ng Jerico. At*
*tingnan mo ang lupain ng Kanaan na ibini-*
*bigay ko sa mga anak ng Israel bilang kanilang*
*ari-arian.* 50 *At doon ka mamamatay sa bundok*
*na pupuntahan mo at makakapiling ng iyong*
*ninuno tulad ng pagyao ng kapatid mong si*
*Aaron sa Bundok Hor at nakapiling ng kan-*
*yang ninuno.* 51 *Dahil hindi ka nagtiwala sa*
*akin sa piling ng mga anak ng Israel sa mga*
*tubig ng Meriba-Kades sa disyerto ng Zin, nang*
*hindi mo ako ipinahayag na banal sa piling ng*
*mga Israelita,* 52 *kaya matatanaw mo lamang*
*ang lupain mula sa malayo, at hindi makapa-*
*pasok sa lupaing ibinibigay ko sa mga anak ng*
*Israel."*

**Mga bendisyon ni Moises**

33 • 1 Ito ang pagpapalang binigkas ni
Moises, ang propeta ng Diyos, tungkol
sa mga anak ng Israel bago siya namatay.
2 Sinabi niya:
"Dumating si Yawe mula sa Sinai; sumikat sa
Seir para sa kanila. Sumikat siya mula sa
Bundok Paran; dumating siya sa Meriba ng
Kades para sa kanila; abot hanggang Asdod ang
kanyang katanghaliang-tapat.
3 Ikaw nga ang nagmamahal sa bayan, nasa
iyong kamay ang lahat ng banal. Yumuyuko

• **33.**1 Katulad ng mga pagbabasbas ni Jacob sa Gen 49 ang mga bendisyon ni Moises. Patulang pagpapahayag ito sa hinaharap na kapalaran ng labindalawang tribu, pero mas huli itong sinulat, maaaring sa maikling panahon bago ang nagkabihag.

silang lahat sa iyong paanan, hinihintay ang
iyong mga aral.

4 Siya ang Bato, buo at ganap ang kanyang
mga gawa. Matuwid ang lahat niyang mga daan.
Siya'y Diyos ng katotohanan at hindi ng ka-
walang-katarungan, siya'y matuwid at maka-
tarungan.

5 Dumating siya sa Jeshurun bilang hari, at
ginawa niya ang kanyang sarili na pamana sa
mga anak ng Israel nang magtipon ang mga
pinuno at mga tribu ng Israel.

6 Mabuhay si Ruben at huwag mamatay,
huwag nawang mangaunti ang kanyang mga
tauhan."

7 Ito naman ang pagpapala kay Juda: "Ding-
gin mo, O Yawe, ang tinig ni Juda, at ipiling
dalhin mo siya sa kanyang bayan. Ipaglalaban
siya ng sarili niyang kamay at tutulungan mo
siya laban sa kanyang mga kaaway."

8 Sinabi niya tungkol kay Levi: "Ibinigay mo,
O Yawe,ang iyong Tummim at Urim sa taong
nagmamahal sa iyo, at sinubok mo siya sa
Massa at sinisi sa mga tubig ng Meriba. 9 Sinabi
niya sa kanyang ama at ina – Hindi ko kayo
nakikilala – at hindi niya kinilala ang kanyang
mga kapatid na lalaki at hindi inako ang sarili
niyang anak. Tinupad niya ang iyong mga salita
at isinakatuparan ang iyong Pakikipagtipan;
10 itinuturo nila kay Jacob ang iyong mga
kautusan, sa Israel ang iyong Batas. Nag-aalay
sila sa iyo ng insenso at ng mga buong sinunog
na handog sa iyong altar. 11 Pagpalain mo, O
Yawe, ang kanyang lakas ng loob at tanggapin
ang kanyang paglilingkod. Hampasin mo sa
likod ang mga sumasalakay sa kanya upang
hindi na makabangon pa laban sa kanya ang
kanyang mga kalaban."

12 Sinabi naman niya kay Benjamin: "Ang
pinakamamahal ni Yawe, nagtiwala ka sa kanya
na nangangalaga sa iyo at ikaw ang nasa
kanyang kaburulan."

13 Sinabi niya kay Jose: "Tinanggap ng iyong
lupain ang pagpapala ni Yawe, ang hamog mula
sa langit at ang tubig na bumukal mula sa
kailaliman, 14 ang mga bungang hinog sa araw at
ang saganang sibol ng mga buwan, 15 ang pina-
kamainam sa matatandang bundok at ang ka-
saganaan ng mga burol mula pa noong una,
16 ang pinakamainam sa lupa at lahat ng narito,
at ang kagandahang-loob niya na nasa maliit na
punongkahoy. Dumating nawa ang mga ito sa
ulo ni Jose, ang hinirang mula sa kanyang mga
kapatid. 17 Si Jose ang kanyang panganay na
toro, luwalhati sa kanya! Mga sungay niya'y
sungay ng mabangis na toro at sinusuwag niya
niyon ang mga bansa pati na ang mga nasa dulo
ng daigdig. Tingnan ang laksa-laksa ni Efraim,
ang libu-libo ni Manases!"

18 At sinabi niya kay Zabulon: "Magalak ka,
Zabulon, sa iyong paglalakbay; at ikaw, Isacar,
sa iyong mga tolda. 19 Tinatawag nila ang mga
bayan sa banal na bundok, at doon nag-aalay ng
marapat na mga handog at tinatamasa ang pag-
apaw ng mga dagat at ang kayamanang nasa
buhanginan."

20 Sinabi niya tungkol kay Gad: "Pagpalain
ang nagpapalawak kay Gad. Nabubuhay siyang
parang babaeng leon, at sinasakmal ang bisig at
ulo. 21 Pinipili niya ang pinakamainam na ba-
hagi, ang bahaging nakalaan para sa pinuno.
Pinamunuan niya ang bayan, tinupad niya ang
katarungan ni Yawe at ang kanyang mga hatol
para sa Israel."

22 Sinabi niya tungkol kay Dan: "Si Dan ang
anak ng leon, lumulundag siya mula sa Basan."

23 Sinabi naman niya tungkol kay Neftali:
"Sagana sa kagandahang-loob at puspos ng
pagpapala ni Yawe si Neftali. Umabot nawa ang
iyong lupain hanggang timog at hanggang
dagat!"

24 Sinabi niya tungkol kay Aser: "Pagpalain si
Aser sa lahat ng anak na lalaki. Kalugdan siyang
lubos higit sa kanyang mga kapatid at maligo sa
langis ang kanyang mga paa. 25 Bakal at tanso
ang magiging pangharang mo. Manatili ka
nawang malakas habang buhay.

26 Walang katulad ang Diyos, O Jeshurun, na
naglalakad sa ibabaw ng mga langit, nakasakay
sa mga ulap at dumarating upang tulungan ka sa
kanyang kagitingan.

27 Kanlungan ang Diyos na walang hanggan;
mula kawalang-hanggan, pinalalaya ka ng kan-
yang bisig. Pinalalayas niya sa harap mo ang
iyong kaaway at sinasabi sa inyong – Puksain
siya.

28 Nabubuhay nang panatag ang Israel.
Umaagos ang bukal ni Jacob sa lupain ng trigo
at bagong alak, at pumapatak ang hamog buhat
sa langit.

29 Pinagpala ka, O Israel! Sino ang tulad mo,
bayang iniligtas ni Yawe? Siya ang kalasag na
nagsasanggalang sa iyo, ang tabak na nagbi-
bigay sa iyo ng tagumpay! Tatakas sa harap mo
ang iyong mga kaaway, ngunit lalakad ka sa
taas ng kabundukan."

**Ang pagkamatay ni Moises**

**34** • [1] *Mula sa tiwangwang na kapatagan ng Moab, umakyat si Moises sa Bundok Nebo, sa tuktok ng Pisga, sa tapat ng Jerico.* At ipinakita sa kanya ni Yawe ang buong lupain: mula sa Galaad hanggang Dan, [2] ang buong Neftali, ang lupain ng Efraim at Manases, ang buong lupain ng Juda hanggang sa Dagat Kanluran, [3] ang Negeb, ang Kapatagan, ang lambak ng Jericong, Lunsod ng mga Palmera, hanggang Soar. [4] At sinabi sa kanya ni Yawe: "Ito ang lupaing ipinangako ko kina Abraham, Isaac at Jacob nang sabihin kong – Ibibigay ko ito sa iyong lahi. Pinabayaan kong makita ito ng iyong mga mata, ngunit hindi ka makatatawid doon."

[5] Doon namatay si Moises, ang lingkod ng Diyos, sa lupain ng Moab, ayon sa talaga ni Yawe. [6] Inilibing siya sa lambak, sa lupain ng Moab, sa tapat ng Bet-Peor. Ngunit hanggang sa araw na ito, walang sinumang nakaaalam kung nasaan ang kanyang libingan.

[7] *Sandaa't dalawampung taong gulang si Moises nang mamatay. Hindi lumabo ang kanyang mga mata at hindi naglaho ang kanyang sigla.* [8] *Tatlumpung araw na nagluksa ang mga anak ng Israel sa kapatagan ng Moab hanggang matapos ang panahon ng pagluluksa at pagdadalamhati para kay Moises.* [9] *Ngunit puno ng espiritu ng karunungan si Josueng anak ni Nun sapagkat ipinatong ni Moises sa kanya ang kanyang mga kamay. Pinakinggan siya ng mga anak ng Israel gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.*

[10] Wala nang lumitaw pang propetang tulad ni Moises sa Israel. Nakipag-usap sa kanya si Yawe nang harap-harapan. [11] Anong mga tanda at mga kababalaghan ang ipinagawa sa kanya ni Yawe sa Ehipto laban kay Paraon, laban sa lahat niyang mga tauhan at sa buo niyang lupain! [12] Kay lakas na kamay na gumawa ng mga kagila-gilalas na bagay na ginawa ni Moises sa paningin ng buong Israel!

---

• **34.**1 Nagtatapos ang libro sa pagkamatay ni Moises. May magandang sinasabi ang wakas na ito ng pinuno at tagapagtatag ng Israel sa kanyang pag-iisa. Nang ipagkatiwala ng Diyos kay Moises ang kanyang mga lihim at nang ibigay niya rito ang mismong kapangyarihan niya, waring ibinukod na siya ng Diyos sa kanyang mga kapatid. Kailangang pasaning mag-isa ni Moises sa harap ng Diyos ang responsabilidad at pananagutan sa Israel hanggang sa siya mismo ang ituring na Israel.

*Wala nang lumitaw pang propetang tulad ni Moises* (10). Sa pagbubunyag ng kaisa-isahang Diyos kay Moises at sa paghirang sa Israel sa ilalim ng kanyang pangangalaga nakasalalay tanang pananampalataya natin. Pero hindi ito nangangahulugang tapos na ang pagbubunyag ng Diyos o tumigas nang parang semento ang relihiyon pagkatapos ng panahon ni Moises. *Wala* na ngang *lumitaw pa,* pero *isang propetang tulad* niya (18:18) ang patuloy na hinihintay. Nangangahulugan ito na ang pananampalataya ay hindi hanggang katapatan na lamang sa isang libro, kahit na ang Matandang Tipan pa ang librong ito. Nagpatuloy ang bayan ng Diyos sa pagdiskubre sa mga daan ng Diyos, at kinailangang makita kay Jesus ng kanyang mga kapanahon ang hinihintay na *Propeta.* Tayo naman, nakaugat din ang ating pananampalataya sa pananampalataya ng Iglesya at kaisa ng Iglesya'y lagi nating nadidiskubre ang aral ng Espiritu.